

PANSABADONG MGA ARALIN SA BIBLIA
Sangay ng Nakatatanda



MGA KAYAMANAN NG KATOTOHANAN (I)

*Pakikipagkatuwiran
kasama ng Ating Manlilikha*

Vol. 99, No. 1

Enero - Marso 2023

Mga Nilalaman

1. Ang Salita ng Dios sa Sangkatauhan Ngayon	5
2. Ang Makapangyarihang Salita ng Dios10	
3. Makamandag na mga Ahas.....	15
4. Bigyan mo Ako ng Langis sa Aking Ilawan.....	20
5. Ang Ebanghelyo sa Lumang Tipan ...	26
6. Ang Walang Hanggang Kautusan ng Dios	31
7. Ang Hiwaga ng Ebanghelio.....	36
8. Ipinako sa Kaniyang Krus.....	41
9. Kung Ipapahayag Natin	47
10. “Pakabanalin Mo Sila Sa Pamamagitan ng Iyong Katotohanan”	52
11. Ang Lumang Tipan	57
12. Magsiparito, Tayo’y Magkatuwiran .	62

Pansabadong Mga Aralin sa Biblia, isang programang pang-araw-araw na pag-aaral, na nakabatay lamang sa Bibliya at Espiritu ng Hula na walang karagdagang mga pagpapaliwanag. Ang mga sipi ay mas maikli hangga’t maaari upang makapagbigay ng buod, tiyak na mga kaisipan. Ang mga panaklong [] ay ginagamit sa ilang mga sitwasyon para sa pagbibigay-linaw, wastong pagkaka-ugnay ng kahulugan, at maalwang pagbabasa. Ang karagdagang pag-aaral sa mga siniping babasahin ay mariing iminumungkahi.

Illustrations: Adobe Stock on the front cover; Map Resources on pp. 4, 46, 68.

Copyright © 2023 by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019, USA. Telephone: 1-540-362-1800 * www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

Sabbath Bible Lessons (USPS 005-118), Vol. 99, No. 1, January–March 2023. Published quarterly by the Seventh Day Adventist Reform Movement General Conference, Sabbath School Department. Copyright © 2023, printed, and distributed by Reformation Herald Publishing Association, 5240 Hollins Road, Roanoke, Virginia 24019–5048, U.S.A. Periodical postage paid at Roanoke, Virginia 24022–9993.

• U.S.A. AND CANADA

Contact: Telephone 1-540-366-9400 * Fax 1-540-366-2814 * Website: www.sdarm.org * E-mail: info@sdarm.org

Annual subscriptions in U.S.A.: U.S. \$19.00. Large print \$27.00. International \$18.00 plus shipping. Large print international \$26.00 plus shipping. Single copies \$5.50. Large print \$8.50. Please send subscription requests and payments (in U.S. currency only) to the address below. Prices subject to change without notice.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 7240, Roanoke, VA 24019–0240.

• AUSTRALIA

Contact: Telephone 61-2-9627-7553 * Fax 61-2-9627-7554 * Website: www.sdarm.org.au * E-mail: info@sdarm.org.au

Annual subscriptions in Australia: AU \$34.00 (individual copies \$8.50). Other countries, AU \$34.00 plus shipping. Please send subscription requests and payments (in Australian currency) to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons, P. O. Box 132, Riverstone NSW 2765, Australia.

• SOUTH AFRICA

Contact: Telephone & Fax 27-011-336-7064 * Website: www.sdarm.sa.org.za * E-mail: admin@sdarm.sa.org.za

Annual subscriptions in South Africa: R120-00 (single copies R35-00). Please send subscription requests and payments to the address below.

POSTMASTER, please send address changes to: Sabbath Bible Lessons,

P. O. Box 7950, Johannesburg 2000, South Africa.

Paunang Salita

Talagang kamangha-mangha ang nilikha ng Makapangyarihan sa lahat na inanyuan at pinatibay dito sa lupa sa loob ng mahigit 6,000 taon. At ang nakararangal na tugatog ng Kaniyang dakilang nilikha ay ang sangkatauhan na ginawa ayon sa Kaniyang sariling wangis! Ito ang lahi ng mga nilikha na pinanukalang manirahan sa daigdig na ito at maghari dito. Dahil sa katalinuhan at kapangyarihang mangatuwiran na ipinagkaloob sa sangkatauhan, ang grupo ng mga may buhay na ito, homo sapiens ay pinagkatiwalaan ng pribilehiyong ito, ngunit higit sa lahat, ito lamang ang nagiisa sa lupa na binigyan ng oportunidad na mabuhay magpakailanman sa masayang presensiya ng dakilang Manlilikha sa buong walang hanggan. Tulad ng anumang pribilehiyo at responsibilidad, ito ay dumarating na may mga kondisyon. Ang makatarungan at maawain na Manlilikha ng sansinukob ay malinaw na naglalalag sa atin ng mga kundisyong ito at inaanyayahan tayo na makipagkatuwiran sa Kanya upang maunawaan natin ang mga probisyon ng Kanyang tipan.

Kaya sa loob ng susunod na tatlong buwan, ang mga magaaral ng paaralang Pangsabado sa buong mundo ay magaaral ng mahalagang paksa, “Pakikipagkatuwiranang Kasama ng Ating Manlilikha.” Ito ang unang bahagi ng pang-isang taon na mga serye na pinamagatang “Mga Kayamanan ng Katotohanan”, na nagbibigay ng mahalagang pagkaunawa sa kahanga-hangang mga hiyas ng katotohanan na nagtataglay ng kamangha-manghang halaga upang magbigay kasangkapan para sa walang hanggan. Ang lahat ng maliligtas ay dapat magkaroon ng malalim, tunay na pananampalataya sa Diyos at isang matagumpay na karanasang Kristiyano na dadaig kahit na sa mga matitinding pagsubok ng huling oras sa kasaysayan ng daigdig.

“Ang isang relihiyon na ipinaaabot sa mga intelihenteng nilalang ay magdudulot ng makatwirang mga ebidensya ng pagiging-totoo nito, sapagkat magkakaroon ng kapansin-pansing mga resulta sa puso at pag-uugali. Ang biyaya ni Cristo ay makikita sa kanilang pang-araw-araw na pag-uugali. Maaari nating ligtas na tanungin ang mga nagpapahayag na pinabanal, Nakikita ba sa inyong buhay ang mga bunga ng Espiritu? Ipinapakita ba ninyo ang kaamuan at kapakumbabaan ni Cristo, at ipinapahayag ang katotohanan na natututo ka araw-araw sa paaralan ni Cristo, na hinuhubog ang inyong buhay ayon sa huwaran ng Kanyang di-makasaring buhay?

“Ang pinakamahusay na katibayan na ang sinuman sa atin ay maaaring magkaroon ng ating kaugnayan sa Diyos ng langit ay ang sundin natin ang Kanyang mga utos. Ang pinakamagandang patunay ng pananampalataya kay Cristo ay ang hindi pagtitiwala sa sarili at pagtitiwala sa Diyos. Ang tanging maaasahang patunay ng ating pananatili kay Kristo ay ang ipakita ang Kanyang larawan. Kaya kapag ginagawa natin ito ay nagbibigay tayo ng katibayan na tayo ay pinabanal sa pamamagitan ng katotohanan, sapagkat ang katotohanan ay ipinapakita sa ating pang-araw-araw na buhay.” - Ye Shall Receive Power, p. 121.

“Marami na, bagaman nagsisikap na sundin ang mga utos ng Diyos, ay may kaunting kapayapaan o kagalakan. Ang kakulangang ito sa kanilang karanasan ay resulta ng kabiguang mag-ehersisyo ng pananampalataya. Naglalakad sila na parang nasa maasin na lupain, isang tigang na ilang. Sila ay humihingi nang kaunti, kahit maaari silang humingi ng marami; sapagkat walang limitasyon sa mga pangako ng Diyos.” - The Acts of the Apostles, p. 563.

Ito ay aming panalangin na tayong lahat ay mapalago ng Mga Araling Pangsabado Hango sa Biblia sa kwarter na ito, at ang ating pananampalataya ay mapatibay nang sagana sa pamamagitan ng talagang pakikipagkatuwiran sa Isang Nakakaalam ng lahat!

Ang Kagawaran ng Paaralang Pangsabado ng Sangguniang Pangkalahatan

Handog sa Unang Sabado para sa isang Tampukang Pang-edukasyon at Pangkalusugan sa Adygea, Hilagang Caucasus, Russia



Ang teritoryo ng Russia ay 17,125,191 kilometro kwadrado (6,612,073 milya kwadrado) na may populasyon na humigit-kumulang na 146,780,000 katao, kung saan 111 milyon ang mga Ruso. Kabilang sa natitirang 35 milyon ang mga kinatawan ng higit sa 180 nasyonalidad. Ang pangunahing relihiyon

Orthodox (42%), ang kasunod ay Islam (30%). Kasama sa iba pang mga relihiyon ang Katolisismo (3%), mga Lumang Mananamपालतaya (isang sangay ng mga silangang Orthodox na Kristiyano) at Protestantismo (2%), Budismo, Hudaismo at Griegong Katolisismo (1%).

Mula noong 1925, ang mensahe ng Reporma ay ipinahayag dito sa napakahirap na kalagayan. Maraming mga kapatid ang nabilanggo para sa Salita ng Diyos. Ang ilan ay nag-alay ng kanilang buhay para sa kapakanan ng katotohanan. Noong dekada ng 1990, ang aming simbahan ay nagkaroon ng pagkakataon na mangaral nang malaya at aktibong ginamit nila ang pagkakataong ito. Noong Hunyo 2018, ang Unyon ng Rusiya ay nabuo. Sa nakalipas na ilang taon, ang aming mga pagkakataon para sa bukas na pangangaral ay naging masyadong limitado, kaya naghahanap kami ng isang sukat ng lupaing sa kalikasan upang magdaos ng mga pagpupulong sa kampamento at para sa misyonerong gawaing pangkalusugan. Pinahintulutan tayo ng Panginoon na bumili ng 5 hektarya sa isang dalisdig ng bundok sa mga kabundukan ng Caucasus na may mga tanawin ng mga kamangha-manghang landscape ng bundok. Dahil napakahirap na makahanap ng tubig sa rehiyon ng bundok, ang presyo ng balangkas ng lupa ay mas mababa. Ngunit inalagaan ng Panginoon ito at tinulungan tayo na makahanap ng bukal ng tubig sa balangkas hindi lamang para sa pag-inom, kundi para sa isang lawa din. Nagpapasalamat kami sa Kanya para sa malaking pagpapala na ito ng Kanyang Kalooban! Noong tag-araw ng 2019, nagkaroon kami ng unang pulong ng kampo sa lupaing ito, bagaman maaari lamang kaming bumuo ng mga istraktura ng tag-init para sa mga pulong, isang dining hall, at isang maliit, dalawang silid na bahay. Isang doktor ay inanyayahan upang magdaos ng isang wellness seminar doon. Alinsunod sa liwanag mula sa Espiritu ng Hula at sa pagsaalang-alang ng aming mga pangyayari, nakikita namin ang malaking potensyal para sa misyonerong gawaing medikal kung ang naaangkop na mga gusali para sa layuning ito ay maitatayo.

Naniniwala kami na sa pamamagitan ng awa ng Diyos at sa tulong ng mga kapatid mula sa buong mundo, tutulungan kami ng Panginoon na magawa ang proyektong ito na imposible para sa aming mga lokal na kapatid na mabayaran nila mismo. Nawa'y pagpalain ng Panginoon ang lahat na gustong sumuporta sa proyektong ito sa mga panalangin at pananalapi.

Ang inyong mga kapatid mula sa Unyon ng Rusiya

Ang Salita ng Dios sa Sangkatauhan Ngayon

TALATANG SAULUHIN: “Ganito ang sabi ng Panginoon: Sumpain ang tao na tumitiwala sa tao, at ginagawang laman ang kaniyang bisig, at ang puso ay humihiwalay sa Panginoon.” (Jeremias 17:5).

“Sa Kanyang awa at katapatan ay madalas na pinahihintulutan ng Diyos ang mga taong pinagtitiwalaan natin na biguin tayo, upang matutuhan natin ang kamangmangan ng pagtitiwala sa tao at pagsandig sa laman bilang ating bisig.” - *The Ministry of Healing*, p. 486.

Iminungungkahing mga Babasahin: *Counsels to Parents, Teachers and Students*, pp. 460-463; *Fundamentals of Christian Education*, pp. 129-137.

Linggo

Enero 1

1. PAANO IBINIGAY ANG BIBLIA?

- a. Sa paanong paraan ibinigay ang Mga Kasulatan? (Magbigay ng mga detalye.) 2 Timoteo 3:16; 2 Pedro 1:21; Mga Bilang 12:6.

“Hindi ang mga salita ng Biblia ang kinasihan, kundi ang mga tao ang kinasihan. Ang inspirasyon ay hindi kumikilos sa mga salita ng tao o sa kanyang mga pananalita kundi sa tao mismo, na, sa ilalim ng impluwensya ng Banal na Espiritu, ay puspos ng mga kaisipan. Ngunit ang mga salita at mga kaisipan ay tumatanggap ng impresyon ng indibidwal na isip. Ang banal na pag-iisip ay pinalalaganap. Ang makalangit na pag-iisip at kalooban ay pinagsama sa pag-iisip at kalooban ng tao; kaya ang mga pananalita ng tao ay ang salita ng Diyos.” - *Selected Messages*, bk. 1, p. 21.

- b. Kapag humahanap ng gabay mula sa Dios, anong dapat nating maunawaan tungkol sa mga panaginip at mga pangitain? Deuteronomio 13:1-5; Jeremias 29:8.

- c. Ano ang ilang mga dahilan ng mga panaginip? Ecclesiastes 5:3, 7.

- d. Paano natin susubukin ang mga propeta? I Corinto 14:32; Isaias 8:19, 20.

2. HINDI BA NAGKAKAMALI ANG MGA KASULATAN?

a. Hanggang saan natin mapagkakatiwalaan ang kadalisan ng Salita ng Diyos? Awit 12:6, 7.

“Mayroon tayong Bibliyang puno ng pinakamahalagang katotohanan. Naglalaman ito ng alpha at ng omega ng kaalaman.” - *Gospel Workers*, p. 309.

“Sa Biblia ay mayroon tayong hindi nagkakamaling payo ng Diyos. Ang mga turo nito, kapag isinakabuhayan, ay magaaangkop sa mga tao para sa anumang posisyon ng tungkulin. Ito ang tinig ng Diyos na nagsasalita araw-araw sa kaluluwa. Gaano kaingat na dapat pag-aralan ng mga kabataan ang salita ng Diyos at pagyamanin ang mga sentimento nito sa puso, upang ang mga tuntunin nito ay maaaring gamitin upang pamahalaan ang buong pag-uugali.” - *Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 441.

“Sa Kanyang Salita, ay ipinagkatiwala ng Diyos sa mga tao ang kaalaman na kinakailangan para sa kaligtasan. Ang Banal na Kasulatan ay dapat tanggapin bilang isang makapangyarihan, hindi maaaring magkamali na kapahayagan ng Kanyang kalooban. Ang mga ito ay ang pamantayan ng paguugali, ang tagapaghayag ng mga doktrina, at ang subukan ng karanasan.” - *The Faith I Live By*, p. 13.

“[Ang mga kabataan] ay nangangailangan ng hindi nagkakamaling tagapayo, isang hindi mapag-aalinlanganang gabay. Ito ay masusumpungan nila sa Salita ng Dios. Malibang sila ay masigasig na mga maga-aral ng Salitang iyon, sila ay makagagawa ng napakalaking mga pagkakamali, na dudungis sa kanilang kasiyahan at sa kasiyahan ng iba, kapwa sa kasalukuyan at sa buhay na hinaharap.” - *Messages to Young People*, p. 443.

b. Gaano nagtatagal ang mga prinsipyo na masusumpungan sa Kasulatan? Mateo 24:35; Awit 119:160; Isaias 40:8.

Itinuro [ni Cristo] na ang salita ng Dios ay dapat maunawaan ng lahat. Itinuro niya ang Mga Kasulatan na may hindi mapag-aalinlanganang awtoridad, at dapat nating gawin ang gayon. Ang Biblia ay dapat iharap bilang salita ng walang-hanggang Diyos, bilang ang katapusan ng lahat ng kontrobersiya at ang pundasyon ng lahat ng pananampalataya.” - *Christ's Object Lessons*, pp. 39, 40.

“Ang Biblia, kapag lubos na tinanggap at pinagaralan bilang ang tinig ng Dios, ay nagsasabi sa sangkatauhan kung paano marating ang mga tahanan na may walang hanggang kasiyahan, at makamtan ang mga kayamanan ng langit.” - *Fundamentals of Christian Education*, p. 444.

“Hindi ba't ang edukasyon na dapat ibigay sa ating mga paaralan ay may katangian na magbibigay ng mas tiyak na kaalaman sa salita ng Dios, at kung saan ay magdadala ng kaluluwa sa isang mahalagang koneksyon sa Diyos, na palaging tinitingnan ang Diyos sa pamamagitan ng mata ng isip, at pinupukaw ang bawat mas mainam na pakiramdam ng kaluluwa? Ito ang uri ng edukasyon na kasing tagal ng magpakailanman.” - *General Conference Daily Bulletin*, March 6, 1899.

3. PAGTANGGAP SA MGA SINULAT NA KINASIHAN NG LANGIT

a. Anong dapat nating maunawaan kapag ang Dios ay nagsasalita sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta? Jeremias 1:4-9; 1 Tesalonica 2:13.

“Itinuro ni Kristo sa Kanyang mga disipulo na dapat nilang buksan ang kanilang mga isipan sa pagtuturo, at maging handa na maniwala. Binasbasan Niya sila dahil kanilang nakita at narinig ng mga mata at mga tainga na sumasampalataya. . . .

“Tanging siya na tumatanggap ng mga banal na kasulatan habang ang tinig ng Diyos na nagsasalita sa kanyang sarili ay isang tunay na mag-aaral. Siya ay nanginginig sa salita; para sa kanya ito ay isang buhay na katotohanan.” - *Christ's Object Lessons*, p. 59.

“Itinuturo ng Biblia ang Dios bilang ang may-akda nito; gayun man ay isinulat ito ng mga kamay ng tao; at sa iba't-ibang klase ng magkakaibang mga aklat nito ay ipinapakita nito ang mga katangian ng iba-ibang manunulat. Ang lahat ng mga katotohanang naihayag ay, ibinigay sa pamamagitan ng pag-udyok ng Dios” (2 Timoteo 3:16); ngunit ang mga ito ay ipinapahayag sa mga salita ng mga tao. Ang Isang Walang-Hangganan sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu ay nagbuhos ng liwanag sa mga isipan at mga puso ng Kanyang mga tagapaglingkod. Nagbigay Siya ng mga panaginip at mga pangitain, mga simbolo at mga talinghaga; at yaong mga pinagpahayagan ng katotohanan ito, ay sila mismong nagsalin ng kaisipan sa wika ng tao.” - *Selected Messages*, bk. 1, p. 25.

b. Ano ang kadalasang inihahayag ng Dios sa pamamagitan ng Kaniyang mga propeta upang tulungan tayong maunawaan ang nakakaalam ng lahat at walang-hanggang likas ng Dios? Amos 3:7; Isaias 46:9, 10.

“Ang kasaysayan at hula ay nagpapatotoo na ang Diyos ng buong lupa ay naghahayag ng mga lihim sa pamamagitan ng Kanyang mga piniling tagapagdala ng liwanag sa mundo. Ang mapag-alinlangan na mundo, na nagsasalita at nagsusulat tungkol sa mas mataas na edukasyon, ay nagsasalitang may kamangmangan tungkol sa mga bagay na hindi nito nauunawaan. Hindi nito nakikita na ang tunay na mas mataas na edukasyon ay nakakaunawa ng isang mas perpektong pagkakilala sa Diyos at kay Jesucristo, na Kaniyang isinugo. May mga ilan na nakakaunawa na ang lahat ng tunay na agham ng tao ay mula sa Diyos ng agham, at ipinapakita ng Diyos na iyan sa mundo na Siya ay Hari sa lahat.” - *Bible Training School*, December 1, 1912.

“Sa mga salaysay ng kasaysayan ng tao, ang paglago ng mga bansa, ang pagbangon at pagbagsak ng mga imperyo, ay lumilitaw na tila umaasa sa kalooban at lakas ng loob ng tao; ang paghubog ng mga pangyayari ay tila, sa isang malaking antas, ay dapat mapagpasyahan ng kanyang kapangyarihan, ambisyon, o sumpong. Ngunit sa salita ng Diyos ang kurtina ay hinahawi, at nakikita natin, sa itaas, sa likuran, at sa buong pagsulong at pagsalungat ng interes at kapangyarihan at mga silakbo ng damdamin ng tao, ang mga ahensya ng Isang Maawain sa lahat, na tahimik, matiyagang nagsasakaturapan ng mga payo ng Kanyang sariling kalooban.” - *Prophets and Kings*, pp. 499, 500.

4. ANO ANG KAILANGAN SA ATING BAHAGI?

- a. **Anong uri ng saloobin ang dapat nating taglayin kapag nagaaral ng Biblia? Isaias 66:1, 2; Juan 7:17; Mga Gawa 17:10, 11.**

“Kapag ang kaluluwa ay sumuko mismo kay Cristo, isang bagong kapangyarihan ang nagmamay-ari ng bagong puso. Ang pagbabago ay ginawa kung saan ay hindi maaaring magawa ng tao para sa kanyang sarili. Ito ay isang pambihirang gawain, na nagdadala ng isang pambihirang elemento sa likas ng tao. Ang kaluluwa na isinuko kay Kristo ay nagiging Kanyang sariling kuta, na Kanyang hinahawakan sa isang mapaghimagsik na sanglibutan, at ninanais Niya na walang ibang awtoridad ang dapat makilala dito kundi ang sa Kanyang sarili. Ang kaluluwa na iniingatan nang gayun bilang pag-aari sa pamamagitan ng mga ahensya ng langit ay hindi magagapi sa mga pag-atake ni Satanas. Ngunit malibang isuko natin ang ating mga sarili sa pamamahala ni Cristo, tayo ay matatalo ng diablo.” - *The Desire of Ages*, p. 324.

“Ang makipagtalo, magtanong, pumuna, manlibak, ay ang edukasyon na natanggap ng marami at ang bunga na kanilang ibinubunga. Tumatanggi silang tanggapin ang katibayan. Ang natural na puso ay nakikipagdigma laban sa liwanag, katotohanan, at kaalaman. Si Jesu-Kristo ay nasa bawat silid-tulugan kung saan ka pinapatuloy. Ilang panalangin ang umakyat sa langit mula sa mga silid na ito?” - *The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 140.

“Walang katiyakan na ang ating doktrina ay tama at ligtas mula sa lahat ng ipa at kamalian malibang araw-araw na ginagawa natin ang kalooban ng Diyos. Kung ginagawa natin ang Kanyang kalooban, malalaman natin ang doktrina. Makikita natin ang katotohanan sa sagradong kagandahan nito. Tatanggapin natin ito na may paggalang at makadiyos na takot, at pagkatapos ay maaari nating ipakita sa iba kung ano ang ating alam na katotohanan. Hindi dapat magkaroon ng pakiramdam ng paghari-harian o pagmamalaki sa sarili sa solemneng gawaing ito.” - *Ibid.*, p. 46.

- b. **b. Anong bahagi ng Biblia ang mas mahalaga kaysa lahat ng natitira? Roma 15:4; Lucas 24:27; Isaias 28:10.**

“Ang bawat bahagi ng Biblia ay ibinibigay sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos at kapaki-pakinabang. Ang Lumang Tipan, na kapantay ng Bago, ay dapat tumanggap ng pansin. Habang pinag-aaralan natin ang Lumang Tipan ay makikita natin ang mga buhay na batis na bumubukal kung saan ay isang disyerto lamang ang nakikita ng hindi maingat na nagbabasa.

“Ang Lumang Tipan ay nagbibigay ng liwanag sa Bago, at ang Bago sa Luma. Ang bawat isa ay isang paghahayag ng kaluwalhatian ng Diyos kay Cristo.” - *Counsels to Parents, Teachers, and Students*, p. 462.

5. HINDI SAPAT NA MAGBASA AT MAGARAL LAMANG

- a. **Ano ang gagawin natin sa mga bagay na natututunan natin habang pinag-aaralan ang Banal na Kasulatan? Mga Kawikaan 2:1-5; Awit 119:11, 16.**

“Gustung-gusto ng Banal na Espiritu na bigyang pansin ang mga kabataan, at upang ipatuklas sa kanila ang mga kayamanan at mga kagandahan ng salita ng Dios. Ang mga pangako na sinalita ng dakilang Guro ay bibihag sa mga pandama at bibigyang-buhay ang kaluluwa sa pamamagitan ng espirituwal na kapangyarihan na banal. Lalago sa mapagsaliksik na isipan ang pagiging bihasa sa mga banal na bagay na magsisilbing hadlang laban sa tukso.

“Ang mga salita ng katotohanan ay lalago ang halaga, at gagampanan ang lawak at kapuspusan ng kahulugan na hindi natin kailanman pinangarap. Ang kagandahan at kayamanan ng Salita ay mayroong nakapagpapabagong impluwensya sa isip at ugali. Ang liwanag ng makalangit na pagmamahal ay mahuhulog sa puso bilang isang inspirasyon.”

- *Christ's Object Lessons*, p. 132.

- b. **Kapag isinasa-puso natin ang mga bagay na ito, sa ano tayo inihalintulad? Lucas 6:46-49.**

“Ang puso na naiimbakan ng mahahalagang katotohanan ng Salita ng Diyos ay pinapatibay laban sa tukso ni Satanas, laban sa maruming mga kaisipan at mga di-banal na mga kilos.” - *My Life Today*, p. 28.

- c. **Ano ang dapat nating hilingin sa Panginoon na gawin para sa atin? at bakit? Awit 119:133.**

“Papatnubayan ng karunungan ng Diyos ang mga hakbang ng mga nagtitiwala sa Panginoon. Ang banal na pag-ibig ay papalibot sa kanila, at mapapagtanto nila ang presensiya ng Mang-aaliw, ang Banal na Espiritu.” - *Our High Calling*, p. 324.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano ibinigay ang banal na pagudyok sa sangkatauhan?
2. Hanggang saan natin maaring pagtiwalaan ang Biblia, at bakit?
3. Ano ang layunin ng pagbibigay ng mga isinulat na hula, at anong kapangyarihan ang taglay ng lahat ng kinasihang mga kasulatan?
4. Paano nakakaapekto ang saloobin sa pagaaral ng Biblia?
5. Paano natin itinatag ang ating buhay sa tiyak na pundasyon?

Ang Makapangyarihang Salita ng Dios

TALATANG SAULUHIN: “Likhaan mo ako ng isang malinis na puso, Oh Dios; at magbago ka ng isang matuwid na espiritu sa loob ko” (Awit 51:10).

“Ang mga tukso ay kadalasang lumilitaw na di kayang paglabanan dahil sa pagpapabaya sa panalangin at pag-aaral ng Biblia, hindi kaagad maalala ng natukso ang mga pangako ng Diyos at sagupain si Satanas sa pamamagitan ng mga sandata ng Kasulatan.” -*The Great Controversy*, p. 600.

Mungkahing Babasahin: *Fundamentals of Christian Education*, pp. 123-128.

Linggo

Enero 8

1. MGA SUNDALO NG KRUS

- a. **Ano ang dapat palaging batid natin sa ating paglalakbay sa mundo? 1 Pedro 5:8. Paano nga ba inihahambing ni Pablo ang buhay ng isang Kristiyano? 2 Timoteo 2:3.**

“Walang maaaring maging mas mahina, walang maaaring maging mas umaasa, kaysa sa kaluluwa na nakakadama ng kawalang-halaga nito at umaasa nang lubos sa mga merito ng dugo ng isang ipinako sa krus at nabuhay na Tagapagligtas. Ang buhay Kristiyano ay isang buhay ng pakikidigma, ng patuloy na pakikipaglaban. Ito ay isang labanan at isang martsa. Ngunit ang bawat pagkilos ng pagsunod kay Kristo, bawat gawa ng pagtangga sa sarili para sa Kanya, ang bawat pagsubok na mahusay na dinaig, ang bawat tagumpay na nakamit laban sa tukso, ay isang hakbang sa martsa sa kaluwalhatian ng pangwakas na tagumpay.” -*That I May Know Him*, p. 253.

- b. **Paano lamang tayo maaaring maging matagumpay sa wakas? Efeso 6:11-17.**

“Ang mga taong magsusuot ng buong baluti ng Diyos at magtatalaga ng ilang oras araw-araw sa pagmumuni-muni at panalangin at sa pag-aaral ng Kasulatan ay magiging konektado sa langit at magkakaroon ng nakapagliligtas, nakapagbabagong impluwensya sa mga nakapaligid sa kanila. Ang mga dakilang kaisipan, marangal na mga hangarin, malinaw na pagkaunawa sa katotohanan at tungkulin sa Diyos, ay magiging kanila. . . . Ang grupong ito ay magkakaroon ng pinabanal na katapangan upang lumapit sa presensiya ng Isang Walang Katapusan. Madarama nila na ang liwanag at mga kaluwalhatian ng langit ay para sa kanila, at sila ay magiging dalisay, dakila, marangal dahil sa malapit na pagkakilalang ito sa Diyos. Gayun ang pribilehiyo ng mga tunay na Kristiyano.” -*Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 112, 113.

2. KAPANGYARIHAN SA SALITA

a. Gaano tumatagos ang Salita kapag talagang tinanggap sa kaluluwa? Hebreo 4:12.

“Ang mga salita ng inspirasyon, na pinagbubulaybulayan sa puso, ay magiging kagaya ng mga batis na dumadaloy mula sa ilog ng tubig ng buhay. Nanalangin ang ating Tagapagligtas na mabuksan ang mga isipan ng mga alagad upang maunawaan ang mga Kasulatan. At tuwing pinag-aaralan natin ang Bibliya na may mapanalangining puso, ang Banal na Espiritu ay malapit upang buksan sa atin ang kahulugan ng mga salitang binabasa natin.” -*Our High Calling*, p. 205.

“Ang praktikal na katotohanan ay dapat dalhin sa buhay, at ang Salita, tulad ng isang matalim, dalawang talim na tabak, ay dapat tumapyas sa kalabisan ng sarili na nasa ating mga paguugali.

“Ginagawang mapagpakumbaba ng Salita ang mapagmataas, ang sutil ay nagiging maamo at nagsisisi, ang masuwayin ay nagiging masunurin. Ang masasamang gawi na natural sa tao ay bahagi na ng araw-araw na kasanayan. Ngunit pinuputol ng Salita ang mga makalamang pagnanasa. Ito ay tagapagtanto ng mga kaisipan at layunin ng isip. Hinahati nito ang mga kasukasan at utak, na pinuputol ang mga pita ng laman, na ginagawang bukal sa loob ng mga tao na magdusa para sa kanilang Panginoon.” -*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 7, p. 928.

b. Nang pasimula, gaano kabilis na nilikha ng Salita ang langit at lupa? Genesis 1:1; Awit 33:6, 9.

c. Mula sa anong bagay nilikha ng Dios ang mga daigdig gamit ang Kaniyang salita? Hebreo 11:3. Pagkatapos na likhain ang mga daigdig, iniwan ba ng Dios ang san-sinukob na magsustento sa sarili? Hebreo 1:3.

“Ang parehong malikhaing enerhiya na lumikha sa mundo ay ginagamit pa rin sa pagpapatatag ng uniberso at sa pagpapatuloy ng mga operasyon ng kalikasan. Ang kamay ng Diyos ay gumagabay sa mga planeta sa kanilang maayos na pagmartsa sa sangkalangitan. Ito ay hindi dahil sa likas na kapangyarihan na taon-taon ang mundo ay nagpapatuloy sa kanyang paggalaw paikot sa araw at nagbubunga ng kanyang mga kasaganaan.

Pinamamahalaan ng salita ng Dios ang mga elemento. Tinatakpan Niya ang sangkalangitan ng mga ulap at naghahanda ng ulan para sa lupa. Ginagawa Niyang mabunga ang mga lambak at ‘pinatutubo ang damo sa mga kabundukan;’ Awit 147:8. Ito ay sa pamamagitan ng Kaniyang kapangyarihan na yumayabong ang mga halaman, na ang mga dahon ay sumisibol at ang mga bulaklak ay namumukadkad.” -*Counsels to Parents, Teachers, and Students*, pp. 185, 186.

3. PAGKILALA SA KASALANAN

- a. **Ano ang nais ni David matapos siyang magkasala laban sa Dios at laban kay Bathsheba? Awit 51:1-4.**
- b. **Sa pagbabasa ng pagpapahayag ni David ng pagsisisi na iningatan sa banal na talá, alin ang kaniyang pinakamalalim na pagkabahala ang mga kaparusahan na kaniyang haharapin - o ang pagpapanumbalik ng kaniyang relasyon sa Dios? Awit 51:5-10.**

“Sa isang buong taon matapos ang kanyang pagkahulog si David ay namuhay sa kapansin-pansin na seguridad; walang panlabas na katibayan ng galit ng Dios. Ngunit ang banal na sentensiya ay nakabitin sa kanya. Mabilis at tiyak na ang isang araw ng paghatol at paghihiganti ay papalapit, na walang pagsisisi ang maaaring umaresto, ng matinding paghihirap at kahihyan na magpapadilim sa kanyang buong buhay sa lupa. Ang mga taong, sa pamamagitan ng pagturo sa halimbawa ni David, ay sinusubukang bawasan ang bigat ng kanilang sariling mga kasalanan, ay dapat matuto mula sa talá ng Bibliya na ang daan ng pagsalansang ay mahirap. Kahit na tulad ni David na dapat silang tumalikod mula sa kanilang masamang gawain, ang mga resulta ng kasalanan, kahit na sa buhay na ito, ay matatagpuang mapait at mahirap na pasanin” - *Patriarchs and Prophets*, pp. 723, 724.

“Ang pagsisisi ni Davids ay taos-puso at malalim. Walang pagsisikap na pagpaumanhinan ang kanyang krimen. Walang pagnanais na makatakas sa mga hatol na nagbabanta, ang nagudyok sa kanyang panalangin. Ngunit nakita niya ang laki ng kanyang pagsalansang laban sa Diyos; nakita niya ang dungis ng kanyang kaluluwa; kinamuhian niya ang kanyang kasalanan. Hindi para sa pagpapatawad lamang na siya ay nanalangin, kundi para sa kadalisayan ng puso. Hindi nawalan ng pagasa si David sa pakikibaka. Sa mga pangako ng Diyos sa mga nagsisisi na mga makasalanan ay nakita niya ang katibayan ng kapatawaran at pagtanggap sa kaniya.”—*Ibid.*, p. 725.

“Pinatawad si David sa kanyang pagsalansang dahil pinagpakumbaba niya ang kanyang puso sa harap ng Diyos sa pagsisisi at pagkalungkot ng kaluluwa sa kasalanan, at sumampalataya na ang pangako ng Diyos na magpatawad ay matutupad. Ipinahayag niya ang kanyang kasalanan, nagsisi, at muling nahikayat. Sa masidhing kagalakan sa katiyakan ng kapatawaran, siya’y sumigaw, ‘Mapalad siyang pinatawad ang pagsalansang, na tinakpan ang kasalanan. Mapalad ang tao na hindi paratangan ng kasamaan ng Panginoon, at walang pagdaraya ang diwa niya.’ Awit 32:1, 2. Ang pagpapala ay dumarating dahil sa kapatawaran; ang kapatawaran ay dumarating sa pamamagitan ng pananampalataya na ang kasalanan, na ipinahayag at pinagsisihan, ay pinapasan ng dakilang Tagapagpasan ng kasalanan. Kaya mula kay Cristo ay dumarating ang lahat ng ating mga pagpapala. Ang Kanyang kamatayan ay isang pangtubos na sakripisyo para sa ating mga kasalanan. Siya ang dakilang Kasangkapan na sa pamamagitan Niya ay tinatanggap natin ang awa at pabor ng Diyos.”—*Our High Calling*, p. 83.

4. KAPANGYARIHANG BABAGO SA PUSO NG TAO

- a. **Anong nagbibigay ng pagasa ng posibilidad na baguhin ang marumi, makasalang buhay tungo sa isang kadalisan? Job 14:4; Jeremias 13:23; Ezekiel 36:26, 27.**

“Totoo na maaaring may panlabas na kawastuhan ng paguugali na wala ang bumabagong kapangyarihan ni Cristo. Ang pag-ibig sa impluwensya at ang pagnanais para sa pagpapahalaga ng iba ay maaaring magbunga ng isang maayos na buhay. Ang paggalang sa sarili ay maaaring magakay sa atin upang iwasan ang anyo ng masama. Ang makasariling puso ay maaaring magsagawa ng mapagkaloob na mga pagkilos. Sa pamamagitan ng anong paraan, kung gayon, na makikilala natin kung nasa kaninong panig tayo naroroon?”—*Steps to Christ*, p. 58.

“Nagbibigay ang Diyos ng masaganang magagamit para sa matagumpay na pakikidigma laban sa kasamaan na nasa mundo. Ang Biblia ay ang imbakan ng sandata kung saan maari tayong magsakbat ng mga armas para sa pakikibaka.”—*The Acts of the Apostles*, p. 502.

- b. **Ano ang tanging paraan upang mabago ang isang masamang puso tungo sa isa na nalulugod sa katuwiran? Juan 3:3.**

“Ang mga bagay na dati nilang kinamumuhian ay iniibig nila ngayon, at ang mga bagay na dati nilang minamahal ay kanila nang kinamumuhian. Ang mapagmataas at mapaghariharian ay nagiging maamo at mapagpakumbabang puso. Ang hangal at palalo ay nagiging seryoso at banayad kumilos. Ang maglalasing ay nagiging matino, at ang napakabastos ay nagiging dalisay.”—*Steps to Christ*, p. 58.

- c. **Ano ang mga katibayan ng pagbabagong iyan? Galacia 5:22, 23.**

“Ang dating likas, na ipinanganak ng dugo at ng kalooban ng laman, ay hindi maaaring magmana ng kaharian ng Diyos. Ang mga dating lakad, ang mga minanang hilig, ang mga dating gawi, ay dapat isuko; sapagkat ang biyaya ay hindi minamana. Ang bagong kapanganakan ay binubuo sa pagkakaroon ng mga bagong motibo, bagong panlasa, mga bagong hilig. Ang mga ipinanganak sa isang bagong buhay ng Banal na Espiritu, ay nagiging mga kabahagi ng banal na likas, at sa lahat ng kanilang mga gawi at mga kasanayan ay magbibigay sila ng katibayan ng kanilang kaugnayan kay Cristo. Kapag ang mga tao na nag-aangkin na mga Kristiyano ay nagpapanatili ng lahat ng kanilang likas na mga depekto ng paguugali at disposisyon, ano pa ang ipinagkaiba ng kanilang posisyon mula sa taga-sanglibutan? Hindi nila pinahahalagahan ang katotohanan bilang isang tagapagpabanal, isang tagapag-ayos. Hindi sila ipinanganak na muli.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 6, p. 1101.

5. IPINANGANAK NG SALITA NG DIOS

- a. **Anong may kapangyarihang gumawa ng ganung malinaw na pagbabago sa puso ng tiwali, masamang tao? Roma 1:16; Juan 1:1; 15:3; 1 Pedro 1:23.**

“Ang Biblia ang pinaka-kahanga-hanga sa lahat ng mga kasaysayan, sapagkat ito ang produksyon ng Diyos, hindi ng may hangganang isipan. Nagdadala ito sa atin pabalik sa mga siglo sa simula ng lahat ng bagay, na nagpapakita ng kasaysayan ng mga panahon at mga eksena na kung saan ay hindi sana kailanman nalaman. Ipinapahayag nito ang kaluwalhatian ng Diyos sa pagsasagawa ng Kanyang kalooban upang iligtas ang isang nahulog na mundo. Itinatanghal nito sa pinakasimpleng wika ang makapangyarihang kapangyarihan ng ebanghelyo, na kapag tinanggap, ay puputol sa mga tanikala na nagbibigkis sa mga tao sa karuwahe ni Satanas.”—*Fundamentals of Christian Education*, p. 377.

- b. **Anong ginigising sa atin ng Salita, at bakit iyan ay napakahalaga para sa matagumpay na buhay? Roma 10:17; 1 Juan 5:4. Paano natin pinananatili ang gayun ding uri ng tagumpay para sa ating buong buhay? Colosas 2:6.**

“Kapag gayun tinanggap at iniintindi ng pananampalataya ang mga prinsipyo ng katotohanan, ang mga ito ay nagiging bahagi ng pagkatao at ng naguudyok na kapangyarihan ng buhay. Ang Salita ng Diyos, na natanggap sa kaluluwa, ay humuhubog ng mga kaisipan, at pumapasok sa pagbuo ng pag-uugali.

“Sa pamamagitan ng patuloy na pagtingin kay Jesus taglay ang mata ng pananampalataya, tayo ay mapapalakas. Gagawin ng Diyos ang pinakamahalagang mga kapahayagan sa Kanyang nagugutom, nauuhaw na bayan. Makikita nila na si Cristo ay isang personal na Tagapagligtas. Habang pinapakain sila ng Kanyang salita, nakikita nila na ito ay espiritu at buhay. Ang salita ay sumisira sa katutubong, makamundong likas, at nagbibigay ng bagong buhay kay Cristo Jesus. Ang Banal na Espiritu ay dumarating sa kaluluwa bilang isang Mang-aaliw. Sa pamamagitan ng bumabagong ahensiya ng Kanyang biyaya, ang imahe ng Diyos ay muling ginagawa sa alagad; siya ay nagiging isang bagong nilalang. Ang pag-ibig ay pumapalit sa pagkapoot, at ang puso ay tumatanggap ng banal na pagkakatulad.”—*The Desire of Ages*, p. 391.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Gaano kaseryoso ang Kristiyanong pakikipagbaka sa masama?
2. Ano ang mahalagang ginagampanan ng Salita sa pakikipagbakang ito?
3. Paano posibleng maunawaan ang lalim ng mapangwasak na likas ng kasalanan?
4. Paano nagaganap ang pagbabago ng kaluluwa?
5. Paano natin pinananatili ang ating relasyon kay Cristo?

Makamandag Na Mga Ahas

TALATANG SAULUHIN: “Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang aking pamatok, at magaral kayo sa akin; sapagka't ako'y maamo at mapagpakumbabang puso: at masumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa. Sapagka't malambot ang aking pamatok, at magaan ang aking pasan” (Mateo 11:28–30).

“Ang pagiging-tao ng Anak ng Diyos ay ang lahat sa atin. Ito ang ginintuang kadena na nagbubuklod sa ating mga kaluluwa kay Cristo, at sa pamamagitan ni Cristo sa Diyos. Ito ang dapat pinagaaralan natin.”—*Selected Messages, bk. 1, p. 244.*

Iminungkahing Babasahin: **The Desire of Ages, pp. 48, 49, 114–123.**

Linggo

Enero 15

1. ANG BINHI NI ABRAHAM

a. Ilarawan ang lubhang mapanganib na saloobin na nakakaapekto sa espirtual na buhay. Juan 8:33.

b. Ano ang umaalipin sa atin sa kasalanan? Juan 8:34, 39–44.

“Ipinahayag ng mga Pariseo ang kanilang mga sarili na mga anak ni Abraham. Sinabi sa kanila ni Jesus na ang pag-aangkin na ito ay mapapagtibay lamang sa pamamagitan ng paggawa ng mga gawa ni Abraham. Ang mga tunay na anak ni Abraham ay mamumuhay, tulad ng ginawa niya, isang buhay ng pagsunod sa Diyos. Hindi nila sinisikap na patayin ang Isa na nagsasalita ng katotohanan na ibinigay sa Kanya mula sa Diyos. Sa pagbabanta laban kay Cristo, hindi ginagawa ng mga rabbi ang mga gawa ni Abraham. Ang isang linya ng lahi lamang mula kay Abraham ay walang halaga. Kung walang espirituwal na koneksyon sa kanya, na kung saan ay ipinakikita sa pagkakaroon ng parehong espiritu, at paggawa ng parehong mga gawa, sila ay hindi niya mga anak.”—*The Desire of Ages, pp. 466, 467.*

c. Paano posibleng mailigtas mula sa pagmamalupit na ito ng malupit na panginoon? Juan 8:32, 36; Galacia 3:29.

2. ANONG IBIG SABIHIN NG “MALAMAN”?

- a. **Anong napakahalagang katanungan ang itinanong ni Pilato sa hukuman? Juan 18:38 (unang bahagi). Anong sagot ang natanggap sana niya kung siya'y huminto sandali upang makinig sa tugon ng Tagapagligtas? Juan 14:6.**

“Nais ni Pilato na malaman ang katotohanan. Ang kanyang isip ay nalito. Siya ay sabik na maunawaan ang mga salita ng Tagapagligtas, at ang kanyang puso ay napukaw ng matinding pananabik na malaman kung ano talaga ito, at kung paano niya ito makuha. ‘Ano ang katotohanan?’ tanong niya. Ngunit hindi siya naghintay ng sagot. Ipinaalala sa kaniya ng nagkakagulong mga tao sa labas ang kasalukuyang interes; dahil ang mga saserdote ay nagkakagulo para sa mabilis na sentensiya. Sa paglabas sa mga Judio, mariin niyang ipinahayag, ‘Wala akong makitang anomang kasalanan sa Kaniya.’” —*The Desire of Ages*, p. 727.

- b. **Ipaliwanag kung anong maaaring mangyari kapag ang isang tao ay nagaaral ng Salita ngunit hindi nakakakilala sa Dios. Marcos 12:24; 2 Timoteo 3:7.**

“Binobola ng mga Saduceo ang kanilang mga sarili na sila sa lahat ng mga tao ay sumusunod nang pinakamahigpit sa Mga Kasulatan. Ngunit ipinakita ni Jesus na hindi nila alam ang tunay na kahulugan ng mga ito.” —*The Desire of Ages*, p. 605.

- c. **Paano ito magiging posible na mailapit sa Isa na hindi nais ng ating nahulog na likas? Juan 12:32; 8:28; Mateo 11:28–30.**

“Sa tuwing ang kautusan ay iniharap sa mga tao, hayaang ituro ng guro ng katotohanan ang trono na may arko ng bahaghari ng pangako, ang katuwiran ni Cristo. Ang kaluwalhatian ng kautusan ay si Cristo; naparito Siya upang dakilain ang kautusan, at gawin itong marangal. Gawin itong malinaw na ang awa at katotohanan ay nagtagpo kay Cristo, at ang katuwiran at kapayapaan ay sumaklaw sa isa't isa. Ito ay kapag ikaw ay tumitingin sa Kanyang trono, na nag-aalay ng iyong pagsisisi at papuri at pasasalamat sa Diyos, upang maperpekto mo ang Kristiyanong paguugali, at ipakilala si Kristo sa mundo. Ikaw ay manatili kay Cristo, at si Kristo ay mananatili sa iyo; mayroon kang ganung kapayapaan na humihigit sa lahat ng pang-unawa. Kailangan nating patuloy na magnilay kay Kristo at sa Kanyang kaakit-akit na kagandahang-loob. Dapat nating ituro ang mga isipan kay Jesus, na ituon ang mga ito sa Kanya. Sa bawat paguusap ay tunguhan ang mga banal na katangian.” —*The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 730.

“Maingat na pagaralan ang pinaghalong ugali ng Dios at tao, at palaging itanong, ‘Ano kaya ang gagawin ni Jesus kung Siya ang nasa katayuan ko?’ ” —*The Ministry of Healing*, p. 491.

3. MGA AHAS SA ILANG

- a. **Anong lunas ang inilaan ng Dios para sa mga natuklaw ng makamandag na mga ahas sa disyerto? Ano ang ipinagutos upang magkaroon ng kagalingan? Mga Bilang 21:6–9.**

“Sapagkat sila ay ipinagsanggalang ng banal na kapangyarihan ay hindi natanto [ng mga anak ni Israel] ang hindi mabilang na mga panganib na patuloy na nakalibot sa kanila. Sa kanilang kawalan ng pagpapapasalamat at kawalan ng pananampalataya ay inasahan nila ang kamatayan, at ngayon ay pinahintulutan ng Panginoon ang kamatayan na dumating sa kanila. Ang makamandag na mga ahas na dumagsa sa ilang ay tinawag na magagalitin na mga ahas, dahil sa mga kahila-hilakbot na epekto na ginawa ng kanilang mga tibo, ito ay nagiging sanhi ng malubhang pamamaga at mabilis na kamatayan. Nang ang nagiging kamay ng Diyos ay inalis mula sa Israel, ang malaking bilang ng mga tao ay sinalakay ng mga makamandag na nilalang na ito. . . .

“Si Moises ay inutusan ng Diyos na gumawa ng isang ahas na tanso na kahawig ng mga buháy, at itaas ito sa mga tao. Dito, ang lahat ng nakagat ay dapat tumingin, at makakasumpung sila ng lunas. Ginawa niya ito, at ang masayang balita ay kumalat sa buong kampo na ang lahat ng nakagat ay maaaring tumingin sa ahas na tanso at mabuhay. Marami na ang namatay, at nang itinaas ni Moises ang ahas sa poste, ang ilan ay ayaw maniwala na sa pagtingin lamang sa larawang iyon ay gagaling sila; ang mga ito ay nalipol sa kanilang kawalan ng pananampalataya. Gayon pa man maraming nanampalataya sa probisyon na ginawa ng Diyos. . . . Kung ang mga ito, bagaman namumutla at naghihingalo, ay makakatingin man lamang ng sandaling, sila ay ganap na gagaling.

“Alam ng mga tao na walang kapangyarihan sa ahas na tanso upang maging sanhi ng ganitong pagbabago sa mga taong tumingin dito. Ang nagpapagaling na kapangyarihan ay mula sa Diyos lamang. Sa Kanyang karunungan ay pinili Niya ang ganitong paraan ng pagpapakita ng Kanyang kapangyarihan. Sa ganitong simpleng paraan ay ipinaunawa sa mga tao na ang kapighatian na ito ay dinala sa kanila ng kanilang mga kasalanan. Tiniyak din sa kanila na habang sinusunod ang Diyos ay walang dahilan upang sila ay matakot, sapagkat iingatan Niya sila.”—*Patriarchs and Prophets*, pp. 429, 430.

- b. **Paano nagiging katumbas ng karanasang ito ang karanasan ng mga nagdurusa mula sa tibo ng matandang ahas na iyon (Apocalipsis 12:9) at nagnanais ng kagalingan? Juan 3:14, 15; 1:29.**

“Hayaang ititig ng nagsisising makasalanan ang kanyang mga mata sa ‘Cordero ng Dios na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan’ (Juan 1:29); at sa pamamagitan ng pagtingin, siya ay nababago. Ang kaniyang takot ay napapalitan ng galak, ang kaniyang mga pag-aalinlangan ay napapalitan ng pagasa. Ang pasasalamat ay bumubukal. Ang matigas na puso ay nadudurog. Ang naguumapaw na pag-ibig ay humahampas sa kaluluwa. Si Kristo ay nasa kanya bilang isang bukal ng tubig na umaagos sa buhay na walang hanggan.”—*The Desire of Ages*, p. 439.

4. SINO SI JESUS?

- a. **Si Cristo ay namuhay nang sakdal na buhay sa lupa (1 Pedro 2:21, 22), ngunit sa halip na mailapit sa Kaniya at sa Kaniyang tapat na mga tagasunod, ano ang tugon ng karamihang tao? 2 Timoteo 3:12; Juan 3:19, 20.**

“Ang mga unang Kristiyano ay talagang bukod-tanging mga tao. Ang kanilang walang kapintasan na pag-uugali at di natitinag na pananampalataya ay isang patuloy na pagsaway na gumugulo sa kapayapaan ng mga makasalanan. Kahit na iilan ang bilang, walang kayamanan, posisyon, o mga titulo ng karangalan, sila ay isang malaking takot sa mga manggagawa ng kasamaan saanman malaman ang kanilang mga pag-uugali at doktrina. Kaya't sila ay kinasusuklaman ng masama, kung paanong si Abel ay kinasuklaman ng hindi maka-diyos na si Cain. Sa gayun ding dahilan na pinatay ni Cain si Abel na ang bayan ng Dios ay papatayin ng mga nagsikap na balewalain ang pagsupil ng Banal na Espiritu. Ito rin ang parehong dahilan na ang Tagapagligtas ay tinanggihan at ipinapako sa krus ng mga Hudyo—dahil ang kadalisan at kabanalan ng Kanyang pag-uugali ay isang patuloy na pagsaway sa kanilang pagkamakasariili at katiwalian. Mula sa mga araw ni Cristo hanggang sa ngayon ang kanyang tapat na mga alagad ay pumupukaw sa pagkapoot at pagsalungat ng mga nagmamahal at sumusunod sa mga lakad ng kasalanan.”—*The Great Controversy*, p. 46.

- b. **Anong pinakamataas na kapangyarihan ang nahayag sa Tagapagligtas ng sanglibutan na mayroong ganung kakayahan na palapitin ang sangkatauhan? 1 Timoteo 3:16; Juan 1:1–3; Hebreo 1:8.**

“Kung ginawa ni Kristo ang lahat ng bagay, umiral Siya bago ang lahat ng bagay. Ang mga salitang sinalita patungkol dito ay napaka-tiyak kaya walang sinomang kailangang maiwan sa pagdududa. Si Kristo ay talagang Diyos, at sa pinakamataas na kahulugan. Siya ay kasama ng Diyos mula sa buong walang-hanggan, Diyos sa lahat, maluwalhati magpakailanman.”—*Selected Messages*, bk. 1, p. 247.

“Sa makapal na kadiliman, tinalukbungan ng Diyos ang huling paghihirap ng Kanyang anak bilang tao. Ang lahat ng nakakita kay Cristo sa Kanyang pagdurusa ay nakakilala sa Kanyang pagka-diyos. Ang mukha na iyon, na minsang nakita ng sangkatauhan, ay hindi kailanman nakalimutan. Kung paanong ang mukha ni Cain ay nagpahayag ng kaniyang kasalanan bilang isang mamamatay-tao, gayun din naman ang mukha ni Cristo na nagpahayag ng pagiging walang-sala, katiwasayan, at kabaitan—ang wangis ng Dios. Ngunit ang kaniyang mga tagapag-akusa ay ayaw makinig sa selyo ng langit. Sa mahabang oras ng paghihirap ng kalooban si Cristo ay tiningnan ng nanunuyang karamihan. Ngayon Siya ay ikinubli nang buong awa sa pamamagitan ng tabing ng Dios.”—*The Desire of Ages*, p. 754.

“Isipin ang mga kapighatian ni Kristo. Kinuha Niya sa Kanyang sarili ang nahulog, naghihirap na likas ng tao, na pinahina at nadumhan ng kasalanan. Kinuha Niya ang ating mga kalungkutan, na pinasan ang ating pagdadalamhati at kahihiyang. Dinaig Niya ang lahat ng mga tukso na dumarating sa tao. Pinag-isa Niya ang pagiging-tao sa pagiging-Dios; ang isang makalangit na espiritu ay nanirahan sa isang templong laman.”—*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 4, p. 1147.

5. ANG DIOS AY NAGING LAMAN

- a. Naging ano ang Makalangit na May Buhay na ito upang mailigtas ang sangkatauhan mula sa kakila-kilabot nitong kaabahan at walang pagasang kalagayan? Juan 1:14; Hebreo 2:9.
- b. Ilarawan kung anong isinuot ni Jesus sa Kaniyang walang bahid na makalangit na likas. Hebreo 2:10, 11, 14, 17.
- c. Sa anong antas kinailangan ni Jesus na ibaba ang Kaniyang sarili upang magkaroon ng humihilang kapangyarihan doon sa krus ng Kalbaryo? Hebreo 2:14; Filipos 2:6–8; 2 Timoteo 2:8.

“Sa pagsasaalang-alang dito, ang mga tao ba ay maaring magkaroon ng katiting na ipagmamalaki? Habang sinusubaybayan nila ang buhay at mga pagdurusa at kahihiyang ni Cristo, maaari ba nilang iangat ang kanilang mapagmataas na ulo na parang hindi sila dadanas ng mga pagsubok, kahihiyang, paghamak? Sinasabi ko sa mga tagasunod ni Cristo, tumingin kayo sa Kalbaryo, at mamula ang inyong mga mukha sa kahihiyang sa inyong mga pangsariling ideya na pinahahalagahan. Ang lahat ng kahihiyang na ito ng Kamahalan ng langit ay para sa nagkasala, hinatulang tao. Siya ay lubos na nagpakababa sa Kanyang kahihiyang, hanggang sa wala nang mas mababang kahaliman na maaabot Niya, upang maitaas ang tao mula sa kanyang moral na karumihan.” —*The SDA Bible Commentary* [E. G. White Comments], vol. 5, pp. 1127, 1128.

“Ano ang isusuko natin, kapag ibinigay natin ang lahat? Isang pusong nadungisan ng kasalanan, upang linisin ni Jesus, upang linisin ng Kanyang sariling dugo, at upang ilitas sa pamamagitan ng Kanyang walang kapantay na pagmamahal. At gayun pa man ay iniisip ng mga tao na mahirap isuko ang lahat! Ikinalulungkot kong marinig na ito ay binabanggit, nahihiya ako na isulat ito.

“Hindi hinihingi ng Diyos sa atin na isuko ang anumang bagay na para sa ating pinakamainam na interes na panatilihin. Sa lahat ng ginagawa Niya, mayroon Siyang magandang hangarin para sa Kanyang mga anak. Sana ay mapagtanto ng lahat na hindi pumili kay Cristo na Siya ay may mas mainam na maiaalok sa kanila kaysa sa kanilang hinahanap.” —*Steps to Christ*, p. 46.

Biyernes

Enero 20

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Anong mga aral ang matututunan natin mula sa mga Judio bilang mga anak ni Abraham?
2. Gaano ito kaposible na ganap na hindi maunawaan ang punto ng Biblia habang pinag-aaralan ito?
3. Anong mga aral ang maaari kong matutunan mula sa nakamamatay na mga ahas sa ilang?
4. Ano ang nagiging dahilan upang maging posible na mailapit sa Tao ng Kalbaryo?
5. Bakit kinuha ni Jesus ang makasalanang likas ng tao?

Bigyan Mo Ako ng Langis sa Aking Ilawan

TALATANG SAULUHIN: “Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo.” (Zechariah 4:6).

“Ang ating pagpapakabanal ay gawain ng Ama, ng Anak, at ng Banal na Espiritu. Ito ang katuparan ng tipan na ginawa ng Diyos sa mga nakipagkaisa sa Kanya, upang tumayo kasama Niya, kasama ng Kanyang Anak, at ng Kanyang Espiritu sa banal na pakikisama. Ikaw ba ay ipinanganak muli? Ikaw ba ay naging isang bagong nilalang kay Cristo Jesus? Kung gayun ay makipagtulungan sa tatlong dakilang kapangyarihan ng langit na gumagawa para sa iyo. Sa paggawa nito ay ihahayag mo sa mundo ng mga prinsipyo ng katuwiran.”—

The Signs of the Times, June 19, 1901.

Iminungkahing Babasahin: The Acts of the Apostles, pp. 47–56.

Linggo

Enero 22

1. SINO ANG BANAL NA ESPIRITU?

- a. Gaano katagal na umiiral ang Banal na Espiritu? Genesis 1:2; Awit 51:11; Hebreo 9:14.

- b. Ilarawan at ipaliwanag ang malawak na likas ng Espiritu ng Dios. Awit 139:7–12; 1 Corinto 2:9–12; 2 Pedro 1:21.

“Sa panahon ng ekonomiya ng mga Judio ang impluwensiya ng espiritu ng Diyos ay nakita sa isang kapansin-pansing paraan, ngunit hindi nang buo. Sa maraming panahon ang mga panalangin ay iniaalay para sa katuparan ng pangako ng Dios na ibigay ang Kanyang espiritu, at walang isa sa mga maalab panalanging ito ang nakalimutan.”—*My Life Today*, p. 36.

“Bago ang pagpasok ng kasalanan, natamasa ni Adan ang pakikipagusap nang mukhaan sa kanyang Manlilikha; ngunit mula nang inihawalay ng tao ang kanyang sarili mula sa Diyos dahil sa pagsalansang, ang lahi ng tao ay nahiwalay mula sa mataas na pribilehiyo na ito. Gayun pa man, sa pamamagitan ng plano ng pagtubos, ang isang daan ay binuksan kung saan ang mga naninirahan sa mundo ay maaaring magkaroon pa rin ng koneksyon sa langit. Ang Diyos ay nakipag-usap sa mga tao sa pamamagitan ng Kanyang espiritu, at ang banal na liwanag ay ibinahagi sa mundo sa pamamagitan ng mga pahayag sa Kanyang mga piniling lingkod.”—*God’s Amazing Grace*, p. 190.

2. SIYA BA AY PERSONAL NA MAY BUHAY?

a. Bumanggit ng ilang mga katangian ng paguugali na nagpapakita ng personalidad ng Banal na Espiritu.

(1) Ang Espiritu ay nakakaalam. 1 Corinto 2:9–12.

(2) May kakayanang magmahal. Roma 15:30.

(3) May kakayanang makipagtalastasan. 2 Corinto 13:14.

(4) Dahil kaya Niyang makipagtalastasan, tiyak na Siya'y nagsasalita. 1 Timoteo 4:1.

(5) Kaya Siya ay may kakayanang magturo. 1 Corinto 2:13.

(6) Kaya Niyang maging saksi. Roma 8:16.

“Si Cristo ay nagbigay sa Kaniyang mga tagasunod ng isang positibong pangako na pagkatapos Niyang umakyat sa langit ay isusugo Niya sa kanila ang Kaniyang Espiritu. ‘Magsihayo nga kayo,’ Sabi Niya, ‘at turuan ninyo ang lahat ng mga bansa, na bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama [isang personal na Dios], at ng Anak [isang personal na Prinsipe at Tagapagligtas], at ng Banal na Espiritu [sinugo mula sa langit upang kumatawan kay Cristo]: na turuan ninyo sila na ganapin ang lahat ng mga bagay na itinuro ko sa inyo; at, narito, Ako ay sumasainyong palagi, maging hanggang sa wakas ng sanglibutan.’” —*The Review and Herald, October 26, 1897.*

“Dapat nating naunawaan na ang Banal na Espiritu, na talagang isang personang kagaya ng Dios ay isang persona, ay lumalakad sa mga lupaing ito.

“Ang Banal na Espiritu ay isang persona, sapagkat pinatotohanan Niya ang ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Diyos. Kapag taglay ang saksing ito, dinadala nito ang sarili nitong katibayan. Sa gayong mga panahon naniniwala tayo at sigurado na tayo ay mga anak ng Diyos. . . .

“Ang Banal na Espiritu ay may personalidad, sapagkat kung hindi ay hindi Siya makapagpapatotoo sa ating mga espiritu at sapamamagitan ng ating mga espiritu na tayo ay mga anak ng Dios. Tiyak na Siya ay isang makalangit na persona, dahil kung hindi ay hindi Niya masusuri ang mga lihim na natatago sa isip ng Dios. ‘Sapagka’t sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao, na nasa kaniya? gayon din naman ang mga bagay ng Dios ay hindi nakikilala ng sinoman, maliban na ng Espiritu ng Dios.’” —*Evangelism, pp. 616, 617.*

“Dahil nababalot ng pagiging-tao, si Cristo ay hindi maaaring maging nasa sa bawat lugar nang personal; kaya’t ito ay ganap para sa kanilang kalamangan na dapat Niya silang iwan, pumunta sa Kanyang ama, at ipadala ang Banal na Espiritu upang maging Kanyang kahalili sa lupa. Ang Banal na Espiritu ay ang Kaniyang sarili na hindi nababalot ng personalidad ng pagiging-tao at hindi umaasa dito. Maaari Niyang katawanan ang Kanyang sarili bilang naroroon sa lahat ng lugar sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu, bilang Ang Nasa Lahat ng Dako.” —*Manuscript Releases, vol. 14, p. 23.*

“Mayroong tatlong nabubuhay na mga persona ng makalangit na tatluhan: sa pangalan ng tatlong dakilang mga kapangyarihang ito—ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu—ang mga tumatanggap kay Cristo sa pamamagitan ng buhay na pananampalataya ay binabautismuhan, at ang mga kapangyarihang ito ay makikipagtulungan sa mga masunuring tagasunod ng langit sa kanilang mga pagsisikap na mamuhay ng bagong buhay kay Cristo.” —*Evangelism, p. 615.*

3. SIYA BA AY PERSONAL NA MAY BUHAY? (IPINAGPATULOY)

a. Ano ang ilang ibang mga katangian na nagpapakita ng personalidad ng Banal na Espiritu?

- (1) Namamagitan Siya para sa atin kapag tayo ay nananalangin. Roma 8:26, 27.
- (2) Siya ang tagapagbahagi ng bukod-tanging mga kaloob. 1 Corinto 12:7--11.
- (3) Nag-aanyaya rin Siya sa mga makasalanan na magsisi. Apocalipsis 22:17.
- (4) Hindi lamang Niya inaanyayahan ang makasalanan na magsisi, Kaniyang tinatatakan o pinagtitibay din siya sa pananampalataya . Efeso 1:13.
- (5) Dahil Kaniyang tinatatakan o pinagtitibay tayo, laban saan tayo binababalaan? Efeso 4:30.
- (6) Dahil Siya ay isang personang may buhay, ginamit ni Jesus ang personal na panghalip “Siya” at “Kaniya” sa Banal na Espiritu nang 24 na beses. Ang isang halimbawa nyan ay ang Juan 14:16, 17.

“Si Kristo, ang ating Tagapamagitan, at ang Banal na Espiritu ay patuloy na namamagitan sa kapakanan ng tao, ngunit ang Espiritu ay hindi nagsusumamo para sa atin gaya ng ginagawa ni Cristo na nagpapakita ng Kanyang dugo, na ibinuhos mula sa pundasyon ng mundo; ang Espiritu ay gumagawa sa ating mga puso, na sumasalok ng mga panalangin at pagsisisi, papuri at pasasalamat. Ang pasasalamat na dumadaloy mula sa ating mga labi ay ang resulta ng Espiritu na umaantig sa mga talim ng kaluluwa sa mga banal na alaala, na gumigising sa musika ng puso.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 6, pp. 1077, 1078.

“Ang kaligayahan ay binubuo ng maliliit na bagay at dakilang bagay. . . . Kung tayo ay magiging katulad ni Cristo at tatanggapin ang Kanyang hubog ng pag-uugali, dapat nating sanayin ang kaluluwa sa maliliit na bagay araw-araw sa progresibong pagpapakabanal. Wala tayong oras na dapat sayangin. Kung gusto mong itatak ang selyo upang makakuha ng isang malinaw na marka sa waks, hindi mo ito ilalapat sa pamamagitan ng isang marahas na pagkilos, kundi inilalagay mo ang selyo nang maingat at matatag at idinidiin ito hanggang sa magkaroon ng marka ang waks. Kaya’t ang Panginoon ay gayun din nakikitungo sa ating mga kaluluwa. . . . Hindi pasumpong-sumpong, kundi patuloy na ang bagong buhay ay itinatatag ng Banal na Espiritu ayon sa wangis ni Kristo.”—*In Heavenly Places*, p. 66.

“Ang Banal na Espiritu ay umaakda sa lahat ng tunay na panalangin. Natutuhan kong malaman na sa lahat ng aking mga pamamagitan ang Espiritu ay namamagitan para sa akin at para sa lahat ng mga banal; ngunit ang Kanyang mga pamamagitan ay ayon sa kalooban ng Diyos, hindi kailanman salungat sa Kanyang kalooban. ‘Ang Espiritu ay sumasaklolo rin sa ating mga kahinaan;’ at ang Espiritu, na Dios mismo, ay nakakaalam sa isipan ng Dios; kaya sa bawat panalangin natin para sa mga may sakit, o para sa ibang mga pangangailangan, ang kalooban ng Dios ay dapat pahalagahan.”—*The Signs of the Times*, October 3, 1892.

4. ANO ANG KANIYANG GAWAIN?

- a. Nang si Jesus ay umalis upang mamagitan para sa ating kapakanan sa kanan ng luklukan ng Dios, anong nagpapakita na ang Banal na Espiritu ay ang personal na kinatawan ng Tagapagligtas? Juan 15:26; 16:13, 14.
-
- b. Ano ang itinutustos ng Banal na Espiritu sa ating pusong nalulungkot habang wala ang ating minamahal na Kaibigan? Juan 16:7.
-
- c. Paano Niya tayo inakay sa pagkahikayat? Juan 16:8 (margin); Zacarias 4:6.

“Ang Espiritu ay dapat ibigay bilang isang nagpapasiglang kinatawan, at kung wala ito ang sakripisyo ni Cristo ay walang kabuluhan. Ang kapangyarihan ng kasamaan ay lumalakas sa loob ng maraming siglo, at ang pagpapasakop ng mga tao sa pagkaalipin kay Satanas ay kamangha-mangha. Ang kasalanan ay maaaring labanan at pagtagumpayan lamang sa pamamagitan ng makapangyarihang ahensiya ng ikatlong persona ng Kadiyusan, na darating na walang binagong enerhiya, ngunit sa kapuspusan ng banal na kapangyarihan. Ito ay ang Espiritu na nagbibigay bisa sa ginawa ng Manunubos ng mundo. Ito ay sa pamamagitan ng Espiritu na ang puso ay nagiging dalisay. Sa pamamagitan ng Espiritu ang mananampalataya ay nagiging isang kabahagi ng banal na likas. Ibinigay ni Kristo ang Kanyang Espiritu bilang isang banal na kapangyarihan upang madaig ang lahat ng namamana at nilinang na mga hilig sa kasamaan, at upang itatak ang Kanyang sariling ugali sa Kanyang iglesia.”—*The Desire of Ages*, p. 671.

“Ang wangis ni Cristo na inukit sa puso ay makikita sa pagkatao, sa praktikal na buhay, araw-araw, dahil kinakatawanan natin ang isang personal na Tagapagligtas. Ang Banal na Espiritu ay ipinangako sa lahat na hihingi nito. Kapag nagsaliksik ka sa mga Kasulatan, ang Banal na Espiritu ay nasa tabi mo, na kinakatawanan si Jesucristo.”—*General Conference Daily Bulletin*, February 15, 1895.

“Ang pangangaral ng salita ay walang kabuluhan nang walang presensiya at tulong ng Banal na Espiritu; dahil ang Espiritung ito ay ang tanging epektibong guro ng banal na katotohanan. Tanging kapag ang katotohanan ay sinamahan ng Espiritu sa puso, na gigisingin nito ang budhi o babaguhin ang buhay. Maaaring kayang ipangaral ng isang ministro ang sulat ng salita ng Diyos; maaaring pamilyar siya sa lahat ng mga utos at pangako nito; ngunit ang kanyang paghahasik ng binhi ng ebanghelyo ay hindi magiging matagumpay maliban kung ang binhi na ito ay binuhay sa buhay ng hamog ng langit. Kung wala ang pakikipagtulungan ng Espiritu ng Diyos, walang antas ng edukasyon, walang mga kalamangan, gaanoman kalaki, ang maaaring gumawa sa isang tao bilang daluyan ng liwanag.”—*Gospel Workers*, p. 284.

5. ANG RELASYON NG BANAL NA ESPIRITU SA IGLESIA

a. Paano nakakarating ang tao sa buong pagkaalam ng katotohanan? Juan 16:13.

b. Dahil ito ay gawain ng Banal na Espiritu, ano ang Kaniyang ginagampanan sa pagtulung sa atin na masumpungan ang tunay na iglesia? I Timoteo 3:15.

c. Dahil ang Banal na Espiritu ay napakahalaga na taglayin sa ating buhay, ano ang dapat nating ginagawa upang magkaroon ng lubos na kapangyarihan ng Banal na Espiritu? Lucas 11:9–13.

“Ang prinsipeng ng kapangyarihan ng kasamaan ay maaari lamang sagupain sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa ikatlong persona ng Kadiyusan, ang Banal na Espiritu.”—*Evangelism*, p. 617.

“Hangga't ang iglesia ay nasisiyahan sa maliliit na bagay, sila ay diskwalipikadong tumanggap ang mga dakilang bagay ng Diyos. Ngunit bakit hindi tayo nagugutom at nauuhaw sa kaloob ng Banal na Espiritu, dahil ito ay ang paraan kung saan ang puso ay maaaring mapanatili? Pinapanukala ng Panginoon na ang kapangyarihan ng Diyos ay makikipagtulungan sa pagsisikap ng tao. Mahalaga lahat para sa Kristiyano na maunawaan ang kahulugan ng pangako ng Banal na Espiritu bago lamang dumating ang ating Panginoong Jesus sa ikalawang pagkakataon. Pagusapan ito, ipanalangin ito, mangaral tungkol dito; sapagkat mas gusto ng Panginoon na ibigay ang Banal na Espiritu kaysa sa mga magulang na magbibigay ng mabubuting kaloob sa kanilang mga anak.”—*The Review and Herald*, November 15, 1892.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano natin nalalaman na ang Banal na Espiritu ay aktibong Kinatawan sa panahon ng Lumang Tipan?
2. Ano ang mga katibayan ng personalidad ng Banal na Espiritu?
3. Ano ang pagkakaiba ng gawaing pamamagitan ni Cristo at ng Banal na Espiritu?
4. Ano ang ilan sa pinakamahalagang mga ginagampanan ng Banal na Espiritu?
5. Ano ang ginagampanan ng Banal na Espiritu sa pagtulung sa mga tao na maunawaan ang tunay na iglesia?

Handog sa Unang Sabado para sa Pangbuong Mundong Tulong sa Sakuna

Ang mga sakuna sa kalikasan ay nagiging mas madalas at matindi sa buong mundo. Kabilang dito ang—ngunit hindi limitado—mga lindol, mga dambuhalang alon, mga bagyo, mga ipo-ipo, mga buhawi, mga baha, at mga pagsabog ng bulkan. “Mula sa timog nanggagaling ang bagyo: at ang ginaw ay mula sa hilagaan. Sa pamamagitan ng hinga ng Dios ay nayayari ang hielo. . . . Kaniyang pinangangalat ang alapaap ng kaniyang kidlat: At pumipihit sa palibot ng kaniyang patnubay, upang kanilang gawin ang anomang iutos niya sa kanila, sa ibabaw ng balat ng sanglibutang natatahanan: Maging sa saway, o maging sa kaniyang lupain, o maging sa kaawaan ay pinalilitaw niya.” (Job 37:9–13).



Palaging iniisip ng Makapangyarihan sa lahat ang pinaka mabuting interes ng magandang planetang ito at ang mga may buhay na Kaniyang nilikha—ngunit ngayon, maraming pagkakaroon ng kakaiba at hindi normal na panahon ang dumarating nang malinaw mula sa arsenal ng kaaway ng mga kaluluwa:

“Habang nagpapakita sa mga anak ng mga tao bilang isang dakilang manggagamot na maaaring magpagaling sa lahat ng kanilang karamdaman, [si Satanas] ay magdadala ng sakit at kalamidad, hanggang sa ang mga matao na lungsod ay paliitin ng kapahamakan at pagkawasak. Kahit na ngayon siya ay gumagawa. Sa mga aksidente at mga kalamidad sa dagat at sa lupa, sa malalaking sunog , sa mabangis na mga buhawi at napakalakas na mga pagulan ng yelo, sa mga unos, baha, mga bagyo, mga higanteng alon , at lindol, sa bawat lugar at sa isang libong anyo, ay ginagamit ni Satanas ang kanyang kapangyarihan. Winawalis niya ang aanihin at ang taggutom at pagkabalisa ay sumusunod. Ihinahagis niya sa hangin ang nakamamatay na amoy, at libo-libo ang napapahamak dahil sa salot. Ang mga pagbisitang ito ay magiging mas madalas at mapanganib. Ang pagkawasak ay darating sa tao at sa hayop. ‘Ang lupa ay tumataghoy at napaparam,’ ang mga taong hangal . . . ay tumataghoy. Ang lupa rin naman ay nadudungisan dahil sa mga naninirahan dito; dahil kanilang nilabag ang mga kautusan, binago ang mga palatuntunan, sinira ang walang hanggang tipan’ Isaia 24:4, 5.”—*The Great Controversy*, pp. 589, 590.

Anuman ang maaaring mangyari, paano tinawag ang mga anak ng Dios na tumugon sa napakalaking paghihirap ng tao na nagreresulta mula sa mga natural na kalamidad?

Ang Panginoon ay nag-uutos sa atin na sundin ang Kanyang sariling halimbawa sa lupa sa pamamagitan ng pag-abot upang mapawi ang paghihirap saan man matagpuan. Ang mga pangunahing pangangailangan ng buhay ay biglang nawawala kapag ang isang kalamidad ng kalikasan ay nangyayari, kaya ito ang ating Kristiyanong tungkulin na tumulong sa anomang paraan at saanman natin magagawa. Ang inyong mapagkaloob na donasyon para sa lunas sa kalamidad sa mundo ay tumutulong na gawin iyon. Ipinagpapauna na namin ang pagpapasalamat sa inyo!

Ang inyong mga kapatid mula sa Sangguniang Pangkalahatan

Ang Ebanghelyo sa Lumang Tipan

TALATANG SAULUHIN: “Sapagka’t ang anomang mga bagay na isinulat nang una ay nangasulat dahil sa ikatututo natin, upang sa pamamagitan ng pagtitiis at pagaliw ng mga kasulatan ay mangagkaroon tayo ng pagasa” (Roma 15:4).

“Naparito si Jesus sa mundong ito upang iligtas ang Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan. Hindi Niya ililigtas tayo sa ating mga kasalanan, sapagkat hindi Siya ang ministro ng kasalanan. Dapat tayong tumugon sa banal na paghimok ni Cristo, at pagsisihan ang ating mga kasalanan, at makipagkaisa ng ating mga sarili kay Cristo kagaya ng sanga na nakaugnay sa puno ng ubas.”—*The Signs of the Times, February 15, 1892.*

Iminungkahing Babasahin: Patriarchs and Prophets, pp. 63–70.

Linggo

Enero 29

1. MGA LEKSIYON MULA SA KASAYSAYAN

- a. **Ano ang pangunahing dahilan na kailangan nating pagaralan ang kasaysayan, lalong-lalo na ang banal na kasaysayan? Ecclesiastes 3:15.**

“Ang gawain ng Diyos sa lupa ay nagtatanghal, sa iba't-ibang kapanahunan, ng isang kapansin-pansin na pagkakatulad sa bawat dakilang repormasyon o kilusang pang-relihiyon. Ang mga prinsipyo ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao ay palaging ganun pa rin. Ang mahahalagang kilusan ng kasalukuyan ay katumbas ng sa mga nakalipas, at ang karanasan ng iglesia sa nakalipas na mga panahon ay may mga aral na may malaking halaga para sa ating panahon.”—*The Great Controversy, p. 343.*

- b. **Dahil ang pag-aaral ng kasaysayan ay nagpapaabot sa atin ng pagasa ng ebanghelyo (Roma 15:4), ano ang iniaalok ng pagasang ito sa kaluluwang mayroong sakit na kasalanan? Roma 1:16; Lucas 19:10.**

“Ang bawat bahagi ng Biblia ay ibinigay sa pamamagitan ng inspirasyon ng Diyos at kapaki-pakinabang. Ang Lumang Tipan na hindi mas mababa kaysa Bago ay dapat bigyang pansin. Habang pinag-aaralan natin ang Lumang Tipan ay makikita natin ang mga buhay na bukal na bumubulwak kung saan ay disyerto lamang ang nakikita ng hindi maingat na nagbabasa.”—*Education, p. 191.*

2. ANG KASAKDALAN NG PAGLIKHA

- a. **Anong klase ng paguugali ang taglay ng unang lalaki at babae nang sila ay bago pa lamang inanyuan ng mga kamay ng kanilang Manlilikha? Genesis 1:31; Ecclesiastes 7:29.**

“Dapat taglayin ng tao ang wangis ng Dios, sa panglabas na anyo at sa ugali. Si Cristo lamang ang ‘tunay na larawan’ (Hebreo 1:3) ng Ama; ngunit ang tao ay inanyuan ayon sa wangis ng Dios. Ang kanyang likas ay kaayon ng kalooban ng Diyos. Ang kanyang isip ay may kakayahang makaunawa ng mga bagay na banal. Ang kanyang mga pagmamahal ay dalisay; ang kanyang mga panlasa at mga hilig ay nasa ilalim ng pamamahala ng isipan. Siya ay banal at masaya sa pagtataglay ng wangis ng Diyos at sa perpektong pagsunod sa Kanyang kalooban.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 45.

- b. **Ano ang hiningi upang ang sangkatauhan ay manatili sa ganitong sakdal na kagayagan at mabuhay magpakailanman? Genesis 2:16, 17 (margin).**

“Hindi binabawasan ni Cristo ang mga kahilingan ng kautusan. Sa hindi nagkakamaling salita ay ipinapakita Niya ang pagsunod dito bilang ang kondisyon ng walang hanggang buhay—ang gayun ding kondisyon na hiningi kay Adan bago ang kaniyang pagkahulog. Ang Panginoon ay hindi umaasa nang mas kaunti sa kaluluwa ngayon kaysa inasahan Niya sa tao sa Paraiso, sakdal na pagsunod, walang dungis na katuwiran. Ang hinihingi sa ilalim ng tipan ng biyaya ay kasing lawak ng hinihingi na ginawa sa Eden—pakikiayon sa kautusan ng Dios, na banal, matuwid, at mabuti.”—*Christ’s Object Lessons*, p. 391.

- c. **Mula nang ang tao ay nagkulang/nagkasala (Genesis 3), ano ang naging mga bunga hindi lamang para sa ating unang mga magulang, kundi para sa buong lahi? Roma 5:12; 6:23.**

“Sa pagsunod sa kautusan ng Diyos, ang tao ay napapalibutan na tila mayroong bakod at iniingatan mula sa masama. Siya na sumisira sa isang punto sa bakod na ito na itinatag ng langit ay sumisira sa kapangyarihan nito na protektahan siya; sapagkat binuksan niya ang isang daan kung saan ang kaaway ay maaaring pumasok upang sumalanta at mangwasak.

“Sa pamamagitan ng pangangahas na balewalain ang kalooban ng Diyos sa isang punto, binuksan ng ating unang mga magulang ang mga tarangkahan ng baha ng kamangmangan sa mundo. At ang bawat indibidwal na sumusunod sa kanilang halimbawa ay mag-aani ng gayun ding resulta. Ang pag-ibig ng Diyos ay pundasyon ng bawat utos ng Kanyang kautusan, at ang humihiwalay sa utos ay gumagawa ng kanyang sariling kalungkutan at pagkawasak.”—*Thoughts From the Mount of Blessing*, p. 52.

3. IPINALIWANAG ANG KASALANAN

a. a. Paano natin nalalaman na sinaklaw ng paglabag ni Adan ang paglabag sa kautusan ng Dios? Roma 7:7; ihambing ang Exodo 20:17; 1 Juan 3:4.

“Marami na nagtuturo na ang kautusan ng Diyos ay hindi umiiral sa tao, ay nagpupumilit na imposible para sa kanya na sundin ang mga tuntunin nito. Ngunit kung totoo ito, bakit pinagdusahan ni Adan ang parusa ng pagsalansang? Ang kasalanan ng ating unang mga magulang ay nagdala ng pagkakasala at kalungkutan sa mundo, at kung hindi lamang dahil sa kabutihan at awa ng Diyos, ay naisadlak sana ang lahi sa walang pag-asang desperasyon. Huwag linlangin ng sinoman ang kanilang sarili. ‘Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan.’ Roma 6:23. Ang kautusan ng Dios ay hindi maaaring labagin nang hindi mapaparusahan ngayon kagaya nang ang kaparusahan ay sinalita sa ama ng sangkatauhan.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 61.

“Kung wala ang kautusan, ang mga tao ay walang makatarungang pagkaunawa sa kadalisayan at kabanalan ng Diyos o ng kanilang sariling pagkakasala at karumihan. Wala silang tunay na pagkakilala sa kasalanan at hindi nakakadama ng pangangailangan ng pagsisisi. Dahil hindi nakikita ang kanilang nawaglit na kalagayan bilang mga lumalabag sa kautusan ng Diyos, hindi nila napapagtanto ang kanilang pangangailangan sa tumutubos na dugo ni Cristo. Ang pag-asa ng kaligtasan ay tinatanggap nang walang malinaw na pagbabago ng puso o repormasyon ng buhay. Kaya ang mababaw na mga pagkahikayat ay dumarami, at ang karamihan ay sumasapi sa iglesia na hindi kailanman naging kaisa ni Cristo.”—*The Great Controversy*, p. 468.

b. Kapag binabasa natin ang mga talatang ito, paano ipinapakita ng Biblia na si Jesus ay talagang naparito upang iligtas tayo mula sa paglabag sa kautusan? Mateo 1:21.

“Si Jesus ay namatay upang iligtas ang Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan, at ang katubusan na na kay Cristo ay nangangahulugan na itigil ang pagsalansang sa kautusan ng Diyos at maging malaya mula sa bawat kasalanan; walang puso na napukaw ng pakikipag-alit laban sa kautusan ng Diyos ang kasuwato ni Cristo, na nagdusa sa Kalbaryo upang ipagtanggol at itaas ang kautusan sa harap ng sansinukob.”—*Faith and Works*, p. 95.

“Mayroon tayong isang kahanga-hangang kaibigan kay Jesus, na dumating upang iligtas ang Kanyang mga tao mula sa paglabag sa kautusan. Ano ang kasalanan? Ang tanging kahulugan ng kasalanan ay ito ay ang pagsalansang sa kautusan. Pagkatapos ay narito si Jesucristo, na pumapasok agad at ibinabahagi ang Kanyang katuwiran sa atin; hindi tayo maaaring magtagumpay sa ating sariling lakas, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya. Kung ikaw ay maniniwala kay Jesucristo, Siya ay tatanggapin mo ngayon. Dapat kang maniwala na Siya ang iyong Tagapagligtas ngayon, at kung saan Siya ay magbibigay sa iyo ng Kanyang katuwiran dahil namatay Siya, at dahil Siya ay naging masunurin sa bawat kahilingan ng nilabag na kautusan ng Diyos. Kung gagawin mo ito, magkakaroon ka ng isang nakapagligtas na pagkakilala kay Jesucristo. Nawala kina Adan at Eva ang Eden dahil nilabag nila ang kautusang iyon, ngunit mawawala sayo ang langit kung nilalabag mo ito.”—*The Ellen G. White 1888 Materials*, p. 128.

4. ANG AMA NG MGA MATUWID

a. Bakit ang patriarka ng Lumang Tipan na si Abraham ay kilala bilang ang ama ng mga tapat? Galacia 3:6–9.

“Ang pagsusulit kay Abraham ay ang pinaka matinding maaaring dumating sa isang tao. Kung nabigo siya sa ilalim nito, hindi sana siya naitala bilang ama ng mga tapat. Kung siya ay lumihis mula sa utos ng Diyos, ang mundo ay nawalan sana ng nakapagpapasiglang halimbawa ng walang pag-aalinlangan na pananampalataya at pagsunod. Ang aral ay ibinigay upang lumiwanag sa sunod na mga panahon, upang malaman natin na walang napakahalaga na dapat ibigay sa Diyos. Ito ay kapag tinitingnan natin ang bawat kaloob bilang pag-aari ng panginoon, upang magamit sa Kanyang gawain, na sinigurado natin ang makalangit na pagbasbas. Ibalik ninyo sa Diyos ang pag-aaring ipinagkatiwala sa inyo, at higit pa ang ipagkatiwala sa inyo. Panatilihin ang inyong mga ari-arian sa inyong sarili, at hindi ka makakatanggap ng gantimpala sa buhay na ito, at hindi makakamtan ang gantimpala ng buhay na darating.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 1, p. 1094.*

“Ang lugar kung saan ang templo ay itinayo ay matagal nang itinuturing bilang isang itinalagang lugar. Dito ipinakita ni Abraham, na ama ng mga tapat, ang kanyang pagpayag na isakripisyo ang kaniyang bugtong na anak bilang pagsunod sa utos ni Jehovah. Dito inulit ng Diyos kay Abraham ang tipan ng pagpapala, na sumaklaw sa maluwalhating pangakong Mesiyas sa lahi ng tao ng pagpapalaya sa pamamagitan ng sakripisyo ng Anak ng Kataas-taasan.”—*Prophets and Kings, p. 37.*

b. Paano ang pangako ng binhi nagpapakita ng pangangaral ng ebanghelyo maging sa panahon ni Abraham? Genesis 22:15–18; Galacia 3:16.

“Ang tipan ding ito ay inulit kay Abraham sa pangakong, ‘Sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng mga bansa sa lupa.’ Genesis 22:18. Ang pangakong ito ay nagturo tungo kay Cristo. Kaya ito ay naunawaan ni Abraham (tingnan ang Galacia 3:8, 16), at siya’y nagtiwala kay Cristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang pananampalatayang ito ang ibinilang sa kaniya na katuwiran. Ang tipan kay Abraham ay nagpanatili rin ng kapangyarihan ng kautusan ng Dios.”—*Patriarchs and Prophets, p. 370.*

c. Bakit si Abraham ay pinili na tumanggap ng ebanghelyo, at maraming ibang tao sa kaniyang kapanahunan ay hindi pinili? Genesis 26:5; Santiago 2:19–24.

“Nanampalataya si Abraham sa Diyos. Paano natin nalalaman na nanampalataya siya? Ang kanyang mga gawa ay nagpatotoo sa katangian ng kanyang pananampalataya, at ang kanyang pananampalataya ay ibinilang sa kanya para sa katuwiran.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 7, p. 936.*

5. ANG KAUTUSAN SA BUONG LUMANG TIPAN

- a. Anong ibang mga halimbawa ang mayroon tayo na ang kautusan ay umiral na bago pa ito literal na sinalita ng Dios sa Bundok ng Sinai (Deuteronomieo 5:22–26)? Exodo 15:26; 16:28.

“Bawat linggo sa panahon ng kanilang mahabang paglalakbay sa ilang ay nasaksihan ng mga Israelita ang tatlong himala, na idinisenyo upang itatak sa kanilang mga isipan ang kabanalan ng Sabbath: isang dobleng dami ng manna ay nahuhulog sa ikaanim na araw, wala sa ikapito, at ang bahagi na kailangan para sa Sabbath ay napapanatili na matamis at di sira, na kapag ang alinman ay itinatabi sa anumang ibang panahon ay nasisira na.

“Sa mga pangyayari na konektado sa pagbibigay ng manna, mayroon tayong matibay na katibayan na ang Sabbath ay hindi itinatag, kagaya ng inaangkin ng marami, nang ang kautusan ay ibinigay sa Sinai. Bago dumating ang mga Israelita sa Sinai, naunawaan nila na ang Sabbath ay dapat nilang sundin. Sa pagiging obligado na magtipon sa bawat Biyernes ng isang dobleng bahagi ng manna bilang paghahanda para sa Sabbath, kung kailan walang mahuhulog, ang sagradong likas ng araw ng pamamahinga ay patuloy na itinatatak sa kanila. At nang ang ilan sa mga tao ay lumabas ng Sabbath upang magtipon ng manna, ang Panginoon ay nagtanong, ‘Gaano ninyo katagal na susuwayin ang Aking mga utos at ang Aking mga kautusan?’” —*Patriarchs and Prophets*, pp. 296, 297.

- b. Anong nilayon ng Dios na dapat gawin ng Israel sa sinalita at isinulat na kautusang moral ng Sampung Utos? Deuteronomieo 6:1–9.

-
- c. Paano natin nalalaman na pinanatili ng Dios ang paninindigang ito hanggang sa huli ng Lumang Tipan? Malakias 4:4; 3:6.

Biyernes

Pebrero 3

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano naaangkop sa ating kapanahunan ang mga prinsipyo ng kasaysayan ng Biblia?
2. Anong kahilingan mula pa sa Eden ang nagpapakita na ang Dios ay hindi nagbabago?
3. Ano ang layunin ng pagparito ni Jesus sa sanglibutan kaugnay sa problemang kasalanan?
4. Paano ang pananampalataya ni Abraham naipakita sa kaniyang mga gawa?
5. Ano ang dapat nating maging relasyon sa kautusan ng Dios?

Ang Walang Hanggang Kautusan ng Dios

TALATANG SAULUHIN: “Sapagka’t ito ang pagibig sa Dios, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.” (1 Juan 5:3).

“Inutusan tayo [ni Kristo] na mag-ibigan sa isa’t isa kung paanong inibig Niya tayo. Ang relihiyon ay itinatag sa pag-ibig sa Diyos, na naghahatid sa atin na mahalín ang isa’t isa. Ito ay puno ng pasasalamat, kapakumbabaan, mahabang pagtitiis. Ito ay mapagsakripisyo, mapagpahinuhod, maawain, at mapagpatawad. Pinapabanal nito ang buong buhay at nagpapalawak ng impluwensya nito sa iba.”—*Testimonies for the Church*, vol. 4, p. 223.

Iminungkahing Babasahin: Patriarchs and Prophets, pp. 303–314.

Linggo

Pebrero 5

1. ANG HINDI NAGBABAGONG MANLILIKHA

- a. **Ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa ugnayan ni Cristo sa kautusang moral samantalang Siya ay namumuhay sa lupang ito bilang ang Anak ng tao? Mateo 5:17, 18.**

- b. **Gaano kapartikular ang mga pinunong Hudyo patungkol sa panglabas na pagganap ng kautusan? Mateo 23:23; Filipos 3:4.**

“[Ang mga lider na Judio] ay masigasig na mapanatili ang isang anyo ng kabanalan, ngunit pinabayaán nila ang kabanalan ng puso. Bagaman sila ay mga masugid para sa detalye ng kautusan, sila ay patuloy na lumalabag sa espiritu nito. Ang kanilang malaking pangangailangan ay ang mismong pagbabagong iyon na ipinaliliwanag ni Kristo kay Nicodemo—isang bagong moral na kapanganakan, paglilinis mula sa kasalanan, at pagpapanumbalik ng kaalaman at kabanalan.”—*The Desire of Ages*, p. 174.

- c. **Ano ang mapapansin natin tungkol sa pagsubok kay Jesus na naghahayag na Siya ay hindi mananalangang? Mateo 26:59, 60.**

“Hindi sinira ng Tagapagligtas ni ng Kaniyang mga alagad ang kautusan ng Sabbath. Si Cristo ay isang buhay na kinatawan ng kautusan. Walang paglabag sa banal na mga tuntunin nito ang nasumpungan sa Kaniyang buhay. Sa pagtingin sa bansa ng mga saksi na naghahanap ng pagkakataon na parusahan Siya, kaya Niyang sabihin nang hindi natitingag, ‘Sino sa inyo ang makasusumbat sa akin tungkol sa kasalanan? Kung sinasabi ko ang katotohanan, bakit hindi ninyo ako sinasampalatayanan?’ Juan 8:46, R.V.”—*Ibid.*, p. 287.

2. ANG KAUTUSAN SA PUSO NI JESUS

a. Ano ang inihanda para kay Jesus nang Siya ay naparito sa lupa? Hebreo 10:5–10.

“Ito ay hindi isang pagkakataon, kundi isang disenyo na dapat ibaba ng Manunubos ng sanglibutan ang Kaniyang korona, hubarin ang Kanyang damit hari, at pumunta sa ating mundo bilang isang tao. Dinamitan Niya ang Kanyang pagka-diyos ng kasuotan ng pagiging-tao, upang Siya ay makatayo sa ulo ng pamilya ng tao, ang Kanyang pagiging-tao na hinaluan ng pagiging-tao ng lahi na nahulog dahil sa pagsuway ni Adan.”—*The Southern Work*, p. 85.

b. Kapag binasa natin ang gayun ding talata sa Lumang Tipan tungkol kay Cristo, ano ang inihula na dapat nasa Kaniyang puso? Awit 40:6–8.

“Ito ay ang pagsalansang sa kautusan na nagresulta sa kasalanan, kalungkutan, at kamatayan. Ipinahayag ni Satanas na nais niyang patunayan sa mga mundo na nilikha ng Diyos, at sa mga makalangit na kinatawan, na ito ay isang imposible na tuparin ang kautusan ng Diyos. Nang sumuko si Adan sa tukso ng kaaway, at nahulog mula sa kanyang mataas at banal na kalagayan, si Satanas at ang kanyang mga anghel ay nagalak. Ngunit mula sa trono ng Diyos ang isang tinig ay narinig na nagsasalita ng mga salita na may mahiwagang kahulugan. [Awit 40:6-8 sinipi.] Nang nahulog ang tao, ipinahayag ni Cristo ang Kanyang layunin na maging kapalit at kasigurohan ng tao.”—*The Review and Herald*, September 3, 1901.

c. Kapag tinatanggap natin si Cristo sa ating puso, ano ang tinatanggap natin na hindi maaaring maihiwalay sa Kanya? Awit 119:70, 72, 77, 174.

“Ang pamatok na nagbubuklod sa paglilingkod ay ang kautusan ng Diyos. Ang dakilang kautusan ng pag-ibig na ipinahayag sa Eden, na sinalita sa Sinai, at sa bagong tipan ay nakasulat sa puso, ay yaong nagbibigkis sa taong manggagawa sa kalooban ng Diyos. Kung tayo ay hinayaan upang sundin ang ating sariling mga hilig, upang pumunta lamang kung saan tayo maaring ihatid ng ating kalooban, tiyak na mahuhulog tayo sa mga panig ni Satanas at magiging mga tagapagmay-ari ng Kanyang mga katangian. Kaya't ikinukulong tayo ng Dios sa Kanyang kalooban, na mataas, at marangal, at nagpapataas. Ninanais Niya na matiyaga at matalino nating gagampanan ang mga tungkulin ng paglilingkod. Ang pamatok ng paglilingkod ay pinasan mismo ni Cristo sa pagiging-tao.”—*The Desire of Ages*, p. 329.

“Ang katuwiran ay kabanalan, pagiging katulad ng Dios, at ang ‘Dios ay pagibig.’ 1 Juan 4:16. Ito ay ang pakikiayon sa kautusan ng Dios, sapagkat ‘lahat ng Iyong mga utos ay katuwiran’ (Awit 119:172), at ‘ang pagibig ay siyang katuparan ng kautusan’ (Roma 13:10). Ang katuwiran ay pag-ibig, at ang pag-ibig ay ang liwanag at ang buhay ng Diyos. Ang katuwiran ng Diyos ay nahahayag kay Cristo. Tumatanggap tayo ng katuwiran sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanya.”—*Thoughts From the Mount of Blessing*, p. 18.

3. AYON SA KAUTUSAN AT MGA PROPETA

- a. **Nang ipinapaliwanag ni Jesus sa mga alagad na ang Kaniyang búhay ay buháy na patunay na Siya ang Mesias, anong mga talata ang ginamit Niya? Luke 24:27, 44.**

“Layunin Niya na paliwanagin ang kanilang pang-unawa at itali ang kanilang pananampalataya sa ‘tiyak na salita ng hula.’ Ninais niyang ang katotohanan ay magkaroon ng makapit na ugat sa kanilang mga isipan, hindi lamang dahil ito ay sinusupportahan ng kanyang personal na patotoo, kundi dahil sa hindi matututulang katibayan na iniharap ng mga simbolo at mga anino ng kautusang palatuntunan, at sa pamamagitan ng mga propesiya ng Lumang Tipan. Ito ay kailangan para sa mga tagasunod ni Cristo na magkaroon ng isang matalinong pananampalataya, hindi lamang sa kanilang sariling kapakanan, kundi upang madala nila ang pagkakilala kay Cristo sa sanglibutan. At bilang pangunahing hakbang sa pagbabahagi ng kaalamang ito, itinuro ni Jesus ang mga alagad kay ‘Moses at sa lahat ng mga propeta.’ Iyan ang patotoo na ibinigay ng nabuhay na Tagapagligtas sa halaga at kahalagahan ng Kasulatan ng Lumang Tipan.”—*The Great Controversy*, p. 349.

- b. **Paano pinatunayan ng mga alagad, habang sila’y nangangaral ng mensahe ng ebanghelyo, na si Jesus ang Isang ipinangako, ? Mga Gawa 28:23.**

“Sinamahan ng Espiritu ng Diyos ang mga salitang sinalita, at ang mga puso ay naantig. Ang panawagan ng apostol sa mga hula ng Lumang Tipan, at ang kanyang deklarasyon na natupad ang mga ito sa ministerio ni Jesus ng Nazareth, ay nagdala ng paniniwala sa maraming kaluluwa na nagnanais para sa pagdating ng ipinangakong Mesiyas. At ang mga salita ng katiyakan ng tagapagsalita na ang ‘mabuting balita’ ng kaligtasan ay para sa Hudyo at Gentil, ay nagdala ng pagasa at kagalakan sa mga hindi naibilang sa mga anak ni Abraham ayon sa laman.”—*The Acts of the Apostles*, pp. 172, 173.

“Sa pangangaral sa mga taga-Tesalonica, si Pablo ay umapela sa mga hula ng Lumang Tipan tungkol sa Mesias. Si Cristo sa Kaniyang ministerio ay nagbukas ng mga isipan ng Kaniyang mga alagad sa mga hulang ito; ‘magmula kay Moises at sa mga propeta, ay ipinaaninaw niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa kaniya sa lahat ng mga kasulatan.’ Lucas 24:27. Nang ipinangaral ni Pedro si Cristo ay kumuha siya ng kanyang katibayan mula sa Lumang Tipan. Sinundan ni Esteban ang parehong gawain. At si Pablo din sa kanyang ministeryo ay nag-apela sa mga banal na kasulatan na nagbigay ng hula sa kapanganakan, pagdurusa, kamatayan, muling pagkabuhay, at pag-akyat ni Cristo sa langit. Sa pamamagitan ng inspiradong patotoo ni Moises at ng mga propeta ay malinaw na pinatunayan niya ang pagkakakilanlan ni Jesus ng Nazareth sa Mesiyas at ipinakita na mula sa mga araw ni Adan ito ang tinig ni Cristo na nagsasalita sa pamamagitan ng mga patriyarka at mga propeta.”—*Ibid.*, pp. 221, 222.

4. KAUTUSAN AT PANANAMPALATAYA

a. **Ang atin bang pagsampalataya kay Jesus bilang ating personal na Tagapagligtas ay nag-aalis ng kautusan? Bakit o bakit hindi? Roma 3:31.**

b. **Anong pagpapala ang ipinapahayag sa mga sumusunod sa utos? Apocalipsis 22:14.**

“Dahil sa pagsalangsang sa mga utos ng Diyos, isang sumpa ay nahulog kay Adan at Eva, at sila ay nawalan ng lahat ng karapatan sa puno ng buhay. Si Cristo ay namatay upang iligtas ang tao, at gayun man ay pinanatili ang karangalan ng kautusan ng Diyos. Sabi Niya ‘Mapalad sila na gumagawa ng Kaniyang mga utos upang sila ay magkaroon ng karapatan na makapasok sa mga pintuan ng Lungsod.’ Ang Anak ng Diyos dito ay nagpapakita ng pagganap ng mga utos ng Diyos bilang kondisyon ng karapatan sa puno ng buhay. Ang pagsalangsang sa mga utos ng Diyos ay nag-alis sa tao ng lahat ng karapatan sa puno ng buhay. Si Cristo ay namatay, upang sa pamamagitan ng bisa ng Kanyang dugo, ang pagsunod sa kautusan ng Diyos ay maaaring gawing karapat-dapat ang tao sa makalangit na basbas, at bigyan siya ng karapatan muli sa puno ng buhay.”—*Spiritual Gifts, vol. 3, p. 88.*

“Ang mga anghel ay nakapalibot sa atin habang tayo ay naglalakad sa dagat na bubog tungo sa tarangkahan ng lungsod. Itinaas ni Jesus ang Kaniyang makapangyarihan, maluwalhating bisig, hinawakan ang perlas na pintuan, isinara ito sa nagniningning nitong mga bisagra, at nagsabi sa atin, ‘Naglabang kayo ng inyong mga damit sa Aking dugo, tumayong matatag para sa Aking katotohanan, magsipasok kayo.’ Tayong lahat ay naglakad papasok at nadama na mayroon tayong sakdal na karapatan sa lungsod.”—*Early Writings, p. 17.*

c. **c. Paano nito ipinapakita na ang Dios ay hindi nagbabago kailanman? Hebreo 13:8.**

“Gagawin ni Jesus ang mga dakilang bagay para sa atin, kung matapat nating gagawin ang ating tungkulin. Dapat nating ibigay ang ating kalooban sa kalooban ng Diyos. Dapat nating igalang ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang mga utos, kahit na sa tinatawag nating maliliit na bagay. Ang katotohanan, tulad ng banal na May-akda nito, ay hindi mababago sa mga ipinaguutos nito, kagaya pa rin ng kahapon, ngayon, at magpakailanman. Hindi ito kasang-ayon ng mga tradisyon ng mga tao, hindi ito sumusunod sa kanilang mga opinyon. Ang katotohanan ay palaging nagdadala ng paghihiwalay sa pagitan ng bayan ng Diyos at ng mundo. Ngunit kung ang ating posisyon sa mga nakalipas na taon, bilang isang bukod-tanging bayan, ay inaprubahan ng Diyos, paano Niya itinuturing ang ating kasalukuyang posisyon? Nakinabang ba tayo sa espirituwalidad mula nang umalis tayo mula sa ating unang pagiging simple?”—*The Signs of the Times, May 25, 1882.*

5. NAKASULAT SA PUSO

- a. Paano posibleng maisakabuhayan natin ang kautusan ng Dios sa gayun ding paraan na isinakabuhayan ito ni Jesus? Hebreo 10:16; 8:10.

“Ibinigay sa atin ng Diyos ang Kanyang mga banal na tuntunin, sapagkat nagmamahal Siya sa sangkatauhan. Upang protektahan tayo mula sa mga resulta ng pagsalansang, ipinahahayag Niya ang mga prinsipyo ng katuwiran. Ang kautusan ay isang kapahayagan ng pag-iisip ng Diyos; kapag tinanggap kay Cristo, ito ay nagiging ating pag-iisip. Itinataas tayo nito nang higit sa kapangyarihan ng mga likas na mga kagustuhan at mga hilig, nang higit sa mga tukso na naghahatid sa kasalanan.”—*The Desire of Ages*, p. 308.

- b. Ano ang ipinapakita sa atin ng Dios bago natin maaaring simulan ang biyahing ito patungo sa langit? 1 Juan 4:19, 8.

“Ang lupa ay madilim dahil sa maling pagkakilala sa Diyos. Upang ang madidilim na anino ay maaaring maliwanagan, upang ang mundo ay maaaring maibalik sa Diyos, ang mapandayang kapangyarihan ni Satanas ay dapat masira. Hindi ito maaaring gawin sa pamamagitan ng pamimilit. Ang pamimilit ay salungat sa mga prinsipyo ng pamahalaan ng Dios; ang nais lamang Niya ay ang paglilingkod na may pag-ibig; at ang pag-ibig ay hindi maaaring utusan; hindi ito maaaring matamo sa pamamagitan ng puwersa o kapangyarihan. Sa pamamagitan lamang ng pag-ibig na ang pag-ibig ay nagiging. Upang makilala ang Diyos ay dapat mahal in Siya; ang kanyang ugali ay dapat na maipakita na kasalungat sa ugali ni Satanas. Ang gawaing ito ay magagawa lamang ng isang May Buhay sa buong sangsinukob. Tanging Siya na nakakaalam ng taas at lalim ng pag-ibig ng Diyos ang maaaring magpahayag ito.”—*Ibid.*, p. 22.

- c. . Ano lamang ang posible pagkatapos na ang pagibig na ito ng Dios ay nasa ating mga puso? Juan 14:15–17.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano pinanatili ni Jesus ang ugali ng Dios samantalang nabubuhay sa pagiging-tao?
2. Paano nakikita sa mga tunay na mananampalataya ang ugali ni Cristo?
3. Upang tunay na manampalataya na si Jesus ang Mesias, anong mga hula ang dapat ganap na alam na alam natin?
4. Paano ito magiging posible na ang makasalanang sangkatauhan ay magkakaroon ng karapatan sa punong-kahoy ng buhay kung saan sila ay nahadlangan ng kasalanan?
5. Ano ang tanging paraan na maaari nating maranasan ang tunay na pagsunod?

Ang Hiwaga ng Ebanghelyo

TALATANG SAULUHIN: “Na sa kanila'y minagaling ng Dios na ipakilala kung ano ang mga kayamanan ng kaluwalhatian ng hiwagang ito sa gitna ng mga Gentil, na ito'y si Cristo na nasa inyo, na pagasa ninyo sa kaluwalhatian” (Colosas 1:27).

“Maaari nating mas maunawaan ang Kanyang pakikitungo sa atin, at ang mga motibo na kumilos sa Kaniya, upang maunawaan natin ang walang hanggang pagmamahal at awa na kaisa sa walang hanggang kapangyarihan. Maaari nating maunawaan ang maraming layunin Niya hanggat ito ay para sa ating ikabubuti na malaman; at kung hihigit dito ay dapat pa rin nating pagtiwalaan ang kapangyarihan ng Makapangyarihan sa lahat, ang pagmamahal at karunungan ng Ama at Hari ng lahat.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 699.

Iminungkahing Babasahin: Education, pp. 169–172.

Linggo

Pebrero 12

1. MGA KASULATANG MAHIRAP UNAWAIN

- a. Anong napansin ni Pedro tungkol sa ilang mga sulat ni Pablo? 2 Pedro 3:14–17. Anong dapat nating maunawaan tungkol sa ilang mga bagay sa Kasulatan? Deuteronomio 29:29.

“Ang mga taong may kakayahan ay nagtalaga ng buong-buhay ng pag-aaral at panalangin sa pagsasaliksik ng mga Kasulatan, at gayon pa man maraming mga bahagi ng Biblia na hindi pa ganap na natuklasan. Ang ilang mga talata ng Kasulatan ay hindi kailanman ganap na maunawaan hanggang sa buhay sa hinaharap ay ipapaliwanag ni Kristo ang mga ito. May mga misteryo na mahahayag, mga pahayag na hindi maaaring pagkasunduin ng mga isipan ng tao. At sisikapin ng kaaway na pumukaw ng argumento sa mga puntong ito, na maaaring mas mainam na manatiling hindi talakayin.”—*Gospel Workers*, p. 312.

- b. Anong dapat nating maging saloobin sa paglapit sa Mga Kasulatan? Juan 7:17.

“Ang diwa ng iyong paglapit sa pagsisiyasat ng Mga Kasulatan ay magpapasya ng katangian ng katulong sa iyong panig. Ang mga anghel mula sa mundo ng liwanag ay makakasama ng mga taong may kapakumbabaan ng puso na humihingi ng banal na patnubay. Ngunit kung ang Bibliya ay binuksan nang walang paggalang, na may pakiramdam ng kawalan ng pangangailan ng tulong, kung ang puso ay napuno ng hindi matuwid na palagay, si Satanas ay nasa tabi mo, at ilalagay niya ang mga malinaw na pahayag ng mga Salita ng Dios sa isang masamang liwanag.”—*Testimonies to Ministers*, p. 108.

2. PAGKILALA SA MGA LIHIM

a. Anong partikular na mga bagay ang inihayag ng Dios kay Pablo para sa layunin ng pagbabahagi sa buong sanglibutan? Roma 16:25, 26; Colosas 1:27.

“Kay Pablo ang krus ay ang isang mithiin na may pinakamataas na interes. Mula pa nang siya ay pinigilan sa kanyang gawain

ng pag-uusig laban sa mga tagasunod ng ipinako sa krus na Nazareno ay hindi pa siya tumigil na magmalaki sa krus. Sa panahong iyon ay ibinigay sa kaniya ang isang kapahayagan ng walang hanggang pag-ibig ng Diyos, kung paanong nahayag sa kamatayan ni Cristo; at isang kamangha-manghang pagbabagong-anyo ay ginawa sa kanyang buhay, na dinadala ang lahat ng kanyang mga plano at layunin sa pagkakaisa sa langit. Mula sa oras na iyon siya ay isang bagong tao kay Cristo. Alam niya sa pamamagitan ng personal na karanasan na kapag ang pagibig ng Ama ay minsang namasdan ng makasalanan, tulad ng nakikita sa sakripisyo ng kanyang Anak, at nagpapasakop sa impluwensya ng Diyos, ang pagbabago ng puso ay nagaganap, dahil dyan si Cristo ang lahat at nasa lahat.”—*The Acts of the Apostles*, p. 245.

b. Kung mayroong mahirap unawain sa Kasulatan, bakit kailangan din nating subukan na saliksikin ang bagay na iyon? 2 Timoteo 3:16, 17.

“Ang krus ni Cristo ay nababalot lahat ng kadustaan at mantsa, ngunit ito ay ang pag-asa ng buhay at kadakilaan sa tao. Walang sinumang maaaring makaunawa ng misteryo ng kabanalan hangga't siya ay nahihiya na dalhin ang krus ni Cristo. Walang makakaalam at makapagpapahalaga sa mga pagpapala na binili ni Kristo para sa tao sa hindi masukat na halaga para Kanyang sarili, maliban na bukal sa loob nila na masayang isakripisyo ang mga kayamanan sa lupa upang sila'y maging kanyang mga tagasunod. Ang bawat pagtanggap sa sarili at sakripisyo na ginawa para kay Cristo ay nagpapalakas sa nagbibigay, at ang bawat paghihirap at kakutyaan na dinanas para sa Kanyang mahal na pangalan ay nagdaragdag ng huling kagalakan at walang kamatayan na gantimpala sa kaharian ng kaluwalhatian.”—*Confrontation*, p. 93.

c. Ipaliwanag kung anong kailangan natin upang makarating sa tamang mga konklusyon. Juan 16:13.

“Kung wala ang patnubay ng Banal na Espiritu ay patuloy tayong makagagawa ng pagpiliipit sa mga Banal na Kasulatan o hindi maunawaan nang tama ang mga ito. Mayroong maraming pagbabasa ng Biblia na walang pakinabang at sa maraming mga kaso ay isang positibong pinsala. Kapag ang Salita ng Diyos ay binuksan nang walang paggalang at walang panalangin; kapag ang mga kaisipan at pagmamahal ay hindi nakatuon sa Diyos o kaayon ng Kanyang kalooban, ang isip ay natatabunan ng pag-aalinlangan; at sa mismong pag-aaral ng Biblia, ang pag-aalinlangan ay lumalakas. Ang kaaway ay kumukuha ng kontrol sa mga kaisipan, at nagmumungkahi siya ng mga interpretasyon na hindi tama.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 704, 705.

3. ANG MAHARLIKANG KAUTUSANG MORAL

a. Salungat sa karaniwang paniniwala, paano natin nalalaman na ang kautusan ng Sampung Utos ay hindi kasamang inalis doon sa krus? Santiago 2:8, 9.

“Maraming mga tagapagturong pang-relihiyon ang nagpapahayag na inalis ni Kristo ang kautusan sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan, at ang mga tao mula ngayon ay malaya mula sa mga ipinaguutos nito. May ilan na ipinapakilala ito bilang isang mabigat na pamatok, at kabaliktaran ng pagkaalipin sa kautusan ay kanilang ipinakikita ang kalayaan upang tangkilikin sa ilalim ng ebanghelyo.

“Ngunit hindi ganun itinuring ng mga propeta at mga apostol ang banal na utos ng Dios. Sabi ni David: ‘Lalakad ako sa kalayaan; sapagka’t aking hinanap ang iyong mga tuntunin.’ Awit 119:45. Ang apostol na si Santiago, na sumulat pagkamatay ni Cristo, ay tumutukoy sa Sampung Utos bilang ‘ang makaharing kautusan’ at ‘ang sakdal na kautusan ng kalayaan.’ Santiago 2:8; 1:25. At ang revelador, kalahating siglo pagkatapos ng pagkapako sa krus, ay nagpahayag ng pagpapala sa kanila ‘na gumaganap ng Kaniyang mga utos, upang sila ay magkaroon ng karapatan sa punong-kahoy ng buhay, at makapasok sa mga pintuan patungo sa lungsod.’ Apocalipsis 22:14.”—*The Great Controversy*, p. 466.

“Kapag ang isa ay sumuko kay Cristo, ang isip ay dinadala sa ilalim ng kontrol ng kautusan; ngunit ito ay ang makaharing kautusan, na nagpapahayag ng kalayaan sa bawat bihag. Sa pamamagitan ng pagiging kaisa ni Cristo, ang tao ay nagiging malaya. Ang pagpapasakop sa kalooban ni Kristo ay nangangahulugan ng pagpapanumbalik sa perpektong pagkatao.”—*The Ministry of Healing*, p. 131.

b. Aling kautusan ang nagpapaliwanag tungkol sa pagibig sa ating kapwa gaya ng ating mga sarili? Roma 13:9; ihambing sa Exodo 20:1–17.

“Ang unang apat ba utos ng Sampung Utos ay binuod sa isang dakilang utos, ‘Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo.’ Ang huling anim na utos ay kabilang sa isa pa, ‘Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng sa iyong sarili.’ Ang mga utos na ito ay isang kapahayagan ng prinsipyo ng pagmamahal. Ang una ay hindi maaaring sundin at ang ikalawa ay sirain, ni ang ikalawa ay maaaring sundin habang ang una ay sinisira. Kapag ang Diyos ay may nararapat na lugar sa luklukan ng puso, ang tamang lugar ay ibibigay sa ating kapwa. Ating mamahalin siya bilang ating mga sarili. At kapag minamahal lamang natin ang Diyos nang higit sa lahat na posibleng mahalín ang ating kapwa nang walang kinikilingan. . . .

“Itinuro ni Kristo sa Kanyang mga tagapakinig na ang kautusan ng Diyos ay hindi napakaraming magkakahiwalay na mga tuntunin, ang ilan sa mga ito ay napakahalaga, samantalang ang iba ay may maliit na kahalagahan at maaaring buong laya na balewalaen. Ipinapakita ng ating Panginoon ang unang apat at ang huling anim na utos bilang isang banal na buo, at itinuturo na ang pag-ibig sa Diyos ay maipapakita sa pamamagitan ng pagsunod sa lahat ng Kanyang mga utos.”—*The Desire of Ages*, p. 607.

4. HINATULAN SA PAMAMAGITAN NG KAUTUSAN

- a. **Ipaliwanag ang malayong naaabot ng lawak ng paghuhukom sa sangkatauhan. Ecclesiastes 11:9; Roma 14:10; 2 Corinto 5:10; Hebreo 9:27.**

“Ang lahat ay hahatulan ayon sa liwanag na ibinigay. Ipinapadala ng Panginoon ang Kanyang mga kinatawan na may mensahe ng kaligtasan, at ang mga nakikinig ay pananagutin Niya sa paraan ng kanilang pakikitungo sa mga salita ng Kanyang mga tagapaglingkod. Ang mga taong tapat na naghahanap ng katotohanan ay gagawa ng masusing pagsisiyasat, sa liwanag ng mga salita ng Dios, ng mga doktrina na iniharap sa kanila.”—*The Acts of the Apostles*, p. 232.

- b. **Anong pamantayan ang gagamitin sa paghuhukom? Santiago 2:12.**

- c. **Aling kautusan ito? Santiago 2:11; ihambing sa Exodo 20.**

“Sa Kaniyang mga katuruan, ipinakita ni Cristo kung gaano kalawak ang mga prinsipyo ng kautusang sinalita mula sa Sinai. Gumawa Siya ng buhay na aplikasyon ng kautusang iyan na ang mga alituntunin ay nananatili magpakailanman bilang dakilang pamantayan ng katuwiran—ang pamantayan na kung saan ang lahat ay hahatulan sa dakilang araw kapag ang paghuhukom ay mailalagda, at ang mga aklat ay mangabubuksan.”—*Selected Messages*, bk. 1, p. 211.

“Ang kautusan ng Dios ay ang pamantayan na sa pamamagitan nito'y susubukin sa paghuhukom ang mga ugali at mga buhay ng mga tao. Sabi ng taong pantas: ‘Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang Kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao. Sapagka't dadalhin ng Dios ang baw't gawa sa kahatulan.’ Ecclesiastes 12:13, 14. Tinatagubilinan ni apostol Santiago ang kaniyang mga kapatid: ‘Gayon ang inyong salitain, at gayon ang inyong gawin, na gaya ng mga taong huhukuman sa pamamagitan ng kautusan ng kalayaan.’ Santiago 2:12.”—*The Great Controversy*, p. 482.

“Kapag ang paghuhukom ay mailalagda, at ang mga aklat ay mabubuksan, at ang bawat tao ay hahatulan ayon sa mga bagay na nakasulat sa mga aklat, kung gayon ang mga tapyas ng bato, na itinago ng Diyos hanggang sa araw na iyon, ay ihaharap sa harap ng sanlibutan bilang pamantayan ng katuwiran. Pagkatapos ay makikita ng mga kalalakihan at kababaihan na ang pangunang kailangan ng kanilang kaligtasan ay pagsunod sa perpektong kautusan ng Diyos. Walang makakahanap ng dahilan para sa kasalanan. Sa pamamagitan ng matuwid na mga prinsipyo ng kautusang iyon, tatanggapin ng mga tao ang kanilang sentensiya ng buhay o ng kamatayan.”—*Selected Messages*, bk. 1, p. 225.

5. ANG KAUTUSAN BILANG ANG TAGAPAGTURO

- a. **Ano ang layunin ng pagunawa sa kautusan o pagkilala sa katotohanan? Juan 3:18–21; Roma 7:7.**

“Ang unang hakbang sa pakikipagkasundo sa Dios ay ang pagkakilala sa kasalanan. ‘Ang kasalanan ay ang pagsalansang sa kautusan.’ ‘Sa pamamagitan ng kautusan ay ang pagkakilala sa kasalanan.’ 1 Juan 3:4; Roma 3:20. Upang makita ang kanyang pagkakasala, dapat na subukin ng makasalanan ang kanyang ugali sa pamamagitan ng dakilang pamantayan ng katuwiran ng Dios. Ito ay isang salamin na nagpapakita ng pagiging perpekto ng isang matuwid na ugali at nagbibigay-daan sa kanya upang makilala ang mga depekto sa kanyang sarili.”—*The Great Controversy*, p. 467.

- b. **Sa pamamagitan ng paghahayag ng ating tunay na kalagayan, ano ang ginagawa ng kautusan sa kapahayagang iyon? Galacia 3:24.**

“Tinanong ako tungkol sa kautusan sa mga taga-Galacia. Anong kautusan ang tagapangasiwa upang magdala sa atin kay Cristo? Sumagot ako: Parehong ang seremonyal at ang moral na palahudyatan ng sampung utos.

“Si Cristo ang pundasyon ng buong ekonomiya ng Hudyo. Ang pagkamatay ni Abel ay bunga ng pagtanggì ni Cain na tanggapin ang plano ng Diyos sa paaralan ng pagsunod, upang maligtas sapamamagitan ng dugo ni Jesucristo, na inaninuhan ng mga handog na sakripisyo na tumuturo kay Cristo. Tinanggihan ni Cain ang pagpapadanak ng dugo, na sumasagisag sa dugo ni Cristo na dapat ibuhos para sa mundo. Ang buong seremonyang ito ay inihanda ng Diyos, at si Cristo ang naging pundasyon ng buong sistema. Ito ang simula ng gawain nito bilang tagapagturo upang magdala ng makasalananang mga taong kasangkapan sa pagsasaalang-alang kay Cristo.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 6, p. 1109.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Gaano kahalaga ang personal na paghahanda ng puso sa pagaaral ng Biblia?
2. Paano ito posible na maunawaan nang maayos ang isang bagay na kasing hiwaga ng ebanghelyo ng kaligtasan?
3. Ano ang mga dahilan para sa pagkaunawa na pagkatapos ng krus, ang kautusan ng Dios ay ipinatutupad pa rin?
4. Ano ang dakilang pamantayan ng ugali bilang isang pangunahing kailangan para sa buhay na walang hanggan?
5. Bakit kailangan ng kautusan, na ating lagalag na opisyal, na dalhin tayo kay Cristo?

Ipinako sa Kaniyang Krus

TALATANG SAULUHIN: “Na pinawi ang usapang nasusulat sa mga palatuntunan laban sa atin, na hindi naayon sa atin: at ito’y kaniyang inalis, na ipinako sa krus” (Colossas 2:14).

“Ang batas ng Sampung Utos ay nabubuhay at mabubuhay sa walang hanggang kapanahunan. Ang pangangailangan para sa serbisyo ng mga sakripisyo at mga handog ay tumigil nang naabot ng anino ang inaaninuhan sa kamatayan ni Cristo. Sa Kanya ay naabot ng anino ang diwa. Ang Kordero ng Diyos ay ang kumpleto at perpektong alay.”—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1116.

Iminungkahing Babasahin: Selected Messages, bk. 1, pp. 229–235.

Linggo

Pebrero 19

1. IBANG KAUTUSAN

a. Paano inilalarawan ng Biblia ang kautusan na laban sa atin at ipinako sa krus? Colosas 2:14; Efeso 2:15. Dahil ang mga prinsipyo ng sampung utos ay umiral sa kasakdalan ng Eden, paano natin nalalaman na ang paglalarawan na ito at hindi maaaring tumukoy sa kautusang iyan? Genesis 1:31.

b. Ano ang ilan sa partikular na mga bagay ang nilalaman sa kautusang ito ng mga palatuntunan? Colosas 2:16, 21. Ang mga sabbath bang ito at ang iba pang mga utos ay kaugnay sa orihinal na kautusang moral na ibinigay sa paglikha—o ang mga ito ba ay isang anino ng kaganapan na darating sa hinaharao pagkatapos na ibigay ang mga ito? Colosas 2:17.

“Sa Eden, itinayo ng Diyos ang alaala ng Kanyang gawain ng paglikha, sa paglalagay ng Kanyang pagpapala sa ikapitong araw. Ang Sabbath ay itinalaga kay Adan, ang ama at kinatawan ng buong pamilya ng tao. Ang pagsunod dito ay dapat maging isang gawa ng pagpapasalamat sa pagkilala, sa bahagi ng lahat na dapat manirahan sa lupa, na ang Diyos ang kanilang Manlilikha at ang kanilang nararapat na Hari; na sila ay mga gawa ng Kanyang mga kamay at mga nasasakupan ng Kanyang awtoridad. Kaya ang institusyon ay ganap na madaling alalahanin, at ibinigay sa buong sangkatauhan. Walang anumang malabo dito o may pinaghihigpitang aplikasyon sa sinumang tao.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 48.

2. ANG KAUTUSAN NG MGA PALATUNTUNAN

- a. **Ang mga bagay ba na ito na anino ng mas huling kaganapan ay talagang tinutukoy bilang isang kautusan—at kung ganun, anong klaseng kautusan? Hebreo 10:1.**

“Ang bayan ng Diyos, na tinatawag Niyang Kanyang bukod-tanging kayamanan, ay binigyan ng pribilehiyo sa dobleng sistema ng kautusan; ang moral at ang seremonyal. Ang isa, na tumuturo sa paglikha upang palaging ipaalaala ang buhay na Diyos na gumawa ng mundo, na ang mga ipinag-uutos ay umiiral sa lahat ng tao sa bawat dispensasyon, at kung saan ay iiral sa lahat ng oras at sa walang-hanggan. Ang isa, ay ibinigay dahil sa mga paglabag ng tao sa kautusang moral, ang pagsunod na kung saan ay binubuo sa mga sakripisyo at mga handog na tumuturo sa darating na pagtubos. Ang bawat isa ay malinaw at naiiba mula sa iba.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1094.*

- b. **Samantalang ang pagsasakripisyo ng mga hayop ay itinuro sa sinaunang mga Hebreo upang ilarawan (aninuhan) ang sakripisyo ng Cordero ng Dios na darating, anong punto ang kailangang maunawaan? Hebreo 10:2–4, 6.**

“Si Cristo Mismo ang gumawa ng sistema ng pagsamba ng Hudyo, na kung saan, sa pamamagitan ng mga anino at mga simbolo, ay inaninuhan ng spiritual at makalangit na mga bagay. Nakalimutan ng marami ang tunay na kahulugan ng mga handog na ito; at ang dakilang katotohanan na sa pamamagitan lamang ni Cristo na mayroong kapatawaran ng mga kasalanan, ay nawala sa kanila. Ang pagpaparami ng mga sakripisyong handog, ang dugo ng mga toro at mga kambing, ay hindi makapag-aalis ng kasalanan.”—*Ibid., vol. 7, p. 933.*

- c. **Ano lamang ang may kapangyarihan na maglinis mula sa bigat ng kasalanan? 1 Juan 1:7.**

“Ang isang aralin ay nilalaman sa bawat sakripisyo, na nakatatak sa bawat seremonya. . . . Sa pamamagitan lamang ng dugo ni Kristo na may kapatawaran ng mga kasalanan.”—*Ibid.*

“Ang kamatayan ni Jesucristo para sa pagtubos ng tao ay nagtataas ng tabing at sumasalamin sa isang baha ng liwanag ng daan-daang taong lumipas, sa buong institusyon ng sistema ng relihiyon ng mga Judio. Kung wala ang kamatayan ni Cristo ang lahat ng sistemang ito ay walang kabuluhan. Tinanggihan ng mga Judio si Cristo, at samakatuwid ang kanilang buong sistema ng relihiyon ay walang katiyakan, hindi maipaliwanag, at hindi sigurado sa kanila. Mas binibigyang halaga nila ang mga malabo na seremonya ng mga simbolo na naabot ang kanilang sinisimbolohan tulad ng ginagawa nila sa batas ng Sampung Utos, na hindi isang anino, kundi isang katotohanan na nananatili kagaya ng trono ni Jehova.”—*Ibid., vol. 6, p. 1097.*

3. ANG SISTEMANG PALATUNTUNAN

- a. **Sino ang kabilang sa mga unang gagawa ng mga sakripisyo ng mga hayop sa gani-tong paraan? Genesis 3:21, 24; 4:2–4; Hebreo 11:4.**

“Ang mga handog na sakripisyo ay inordenahan ng Diyos upang sa tao ay maging isang walang hanggang paalala at isang penitensyang pagkilala sa kanyang kasalanan at isang pag-amin ng kanyang pananampalataya sa ipinangakong Manunubos. Ang mga ito ay nilayon upang itatak sa nahulog na lahi ang solemneng katotohanan na ito ay kasalanan na sanhi ng kamatayan. Kay Adan, ang pag-aalay ng unang sakripisyo ay isang pinakamasakit na seremonya. Ang kanyang kamay ay dapat na itataas upang kumitil ng buhay, na tanging ang Diyos ay maaaring magbigay. Ito ang unang pagkakataon na siya ay nakasaksi ng kamatayan, at alam niya na kung siya ay naging masunurin sa Diyos, hindi sana magkakaroon ng kamatayan ng tao o hayop. Nang pinatay niya ang walang-sala na biktima, siya ay nanginig sa pag-iisip na ang kanyang kasalanan ay dapat magbuhos ng dugo ng walang bahid na Cordero ng Diyos. Ang eksena na ito ay nagbigay sa kanya ng mas malalim at mas malinaw na kahulugan ng laki ng kanyang pagsalangsang, na walang iba kundi ang kamatayan ng mahal na anak ng Dios ang maaaring mag-alis. At siya ay nagtaka sa hindi masukat na kabutihan na magbibigay ng gayong pantubos upang iligtas ang nagkasala. Ang bituin ng pag-asa ay lumiwanag sa madilim at kahila-hilakbot na hinaharap at sinaklolohan ito sa lubos nitong pagkawasak.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 68.

- b. **Anong sistema ang binuo bandang huli pagkatapos na hindi naunawaan ng mga tao ang plano ng kaligtasan sa Bundok ng Sinai? Exodo 25:8.**

- c. **Bakit kailangan ang pagbuhos ng dugo? Hebreo 9:22. Anong sinimbolohan ng sakripisyong handog? 1 Corinto 5:7; 1 Pedro 1:19; Juan 1:29.**

“Dinala niya ang kaniyang mga tagapakinig sa mga simbolo at mga anino ng kautusang palatuntunan tungo kay Cristo—sa Kaniyang pagkapako, Kaniyang pagkasaserdote, at sa santuaryo ng Kaniyang ministerio—ang dakilang layunin na nagbigay anino sa kapanahunang Hudyo. Siya, bilang ang Mesias, ang Katuparan ng lahag ng mga sakripisyong handog. Ipinakita ng apostol na ayon sa mga hula at pangkalahatang inaasahan ng mga Hudyo, ang Mesias ay dapat mula sa lahi ni Abraham at ni David. Pagkatapos ay sinubaybayan Niya ang Kanyang angkan mula sa dakilang patriyarka na si Abraham, sa lahi ng haring mang-aawit. Pinatunayan Niya mula sa Kasulatan kung ano dapat ang maging ugali at mga gawa ng ipinangakong Mesiyas, at gayon din ang pagtanggap at pagtrato sa Kaniya sa lupa, gaya ng pinatotohanan ng mga banal na propeta. Pagkatapos ay ipinakita niya na ang mga hula na ito ay natupad din sa buhay, ministeryo, at kamatayan ni Jesus, at samakatuwid nga Siya ay talagang ang Manunubos ng sanglibutan.”—*Sketches From the Life of Paul*, pp. 103, 104.

4. BAKIT KASAMA ITONG INALIS

- a. **Habang ang mga seremonya ay patuloy na nagaganap sa templo, ano ang sinam-palatayanan ng Israel bilang kanilang pagasa ng kaligtasan? Isaias 1:10–15.**

“Ang Anak ng Diyos ay ang sentro ng dakilang plano ng pagtubos na sumasaklaw sa lahat ng mga dispensasyon. Siya ang ‘Cordero na pinatay mula sa pundasyon ng sanglibutan.’ Siya ang Manunubos ng mga nahulog na anak na lalaki at babae ni Adan sa lahat ng palugit na panahon ng tao. . . . Si Kristo ang sangkap o katawan na naghahatid ng anino nito pabalik sa dating dispensasyon. Nang namatay si Cristo, tumigil ang anino. Sa kamatayan ni Cristo ang tipikal na sistema ay tapos na, ngunit ang kautusan ng Diyos, na ang paglabag ay naging dahilan upang ang plano ng kaligtasan ay kailanganin, ay pinalaki at ginawang marangal. Ang ebanghelyo ay mabubuting balita ng sa dakilang kagalakan kay Adan, kay Noe, kay Abraham, at kay Moises; sapagkat ito ay nagpakita sa kanila ng isang darating na Tagapagligtas.” — *The Signs of the Times, February 20, 1893.*

“Ang Jerusalem ay ang metropolis ng mga Judio, at matatagpuan doon ang pinakamalaking pagiging eksklusibo at pagkapanatiko. Ang mga Judio na Kristiyano na naninirahan sa templo ay natural na nagpapahintulot sa kanilang mga isip na bumalik sa mga kakaibang pribilehiyo ng mga Judio bilang isang bansa. Nang nakita nila ang Kristiyanismo na umaalis sa mga seremonya at tradisyon ng Hudaismo, at nakita na ang kakaibang kabanalan kung saan ang mga kaugalian ng mga Judio ay iniukol ay malapit nang mawala sa liwanag ng bagong pananampalataya, maraming nagalit laban kay Pablo, bilang isa na, sa isang malaking sukat, ay nagdulot ng pagbabagong ito. . . . Ang ilan ay masigasig para sa seremonyal na kautusan.” — *Sketches From the Life of Paul, p. 71.*

- b. **Sa halip na lahat ng mga sakripisyo, ano ang hinahanap ng Dios? Isaias 1:16–18; Awit 51:17–19.**

-
- c. **Ano ang dinadala ng plano ng kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ni Jesucristo na hindi kayang gawin ng sistema ng paghahandog? Mga Gawa 4:12; Hebreo 7:28, 19.**

“Ang isang mas malinaw at maluwalhating liwanag ngayon ay sumisinag sa Kristiyano. Ang mga nabuhay bago ang pagdating ni Cristo ay umasa sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang pagdating, ngunit kung ano ang dapat na panghawakan nila sa pamamagitan ng pananampalataya ay katiyakan sa atin; sapagkat alam natin na dumating si Cristo, gaya ng inihula ng mga propeta. Ito ay mahalaga rin para sa atin na magkaroon ng pananampalataya sa ating Manunubos, na naparito sa lupa at namatay bilang ating sakripisyo, kung paanong ang mga tao noom ay dapat na manampalataya sa Manunubos na darating, na kinakatawan ng kanilang mga handog at mga sakripisyo.” — *The Signs of the Times, February 20, 1893.*

5. KAILANGAN BA NATIN ANG KAUTUSANG PALATUNTUNAN NGAYON?

- a. Bakit mayroon tayong kautusang palatuntunan na nakatala sa Biblia? 2 Timoteo 3:16.

- b. Ano ang ginagawa ni Jesus sa langit ngayon? Hebreo 8:1–5; 3:1.

- c. Ano ang dapat nating ginagawa mula nang ang bagong sistemang ito ay aktibong ipinatutupad sa langit? Hebreo 4:14–16.

“Ito ay hangarin ni Cristo na iwan sa Kaniyang mga disipulo ang isang palatuntunan na makagagawa para sa kanila ng mismong bagay na kailangan nila—iyan ay magsisilbi upang pakawalan sila mula sa mga ritwal at mga seremonya na mula rito’y kanilang kinasangkutan bilang mahalaga, at kung saan ang pagtanggap ng ebanghelyo ay wala nang anomang puwersa. Ang ipagpatuloy ang mga seremonyang ito ay magiging insulto kay Jehovah.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 5, pp. 1139, 1140.

“Dapat sakbatan ng mga mensahero ng krus ang kanilang mga sarili ng pagmamatyag at panalangin, at sumulong na may pananampalataya at lakas ng loob, na laging nagtatrabaho sa pangalan ni Jesus. Dapat nilang itaas si Cristo bilang tagapamagitan ng tao sa makalangit na santuwaryo, ang Isa na sa Kaniya ang lahat ng mga sakripisyo ng dispensasyon ng Lumang Tipan ay nakasentro, at kung saan sa pamamagitan ng Kanyang tumutubos na sakripisyo ang mga mananalangang ng Kautusan ng Diyos ay maaaring makatagpo ng kapayapaan at kapatawaran.”—*The Acts of the Apostles*, p. 230.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano natin nalalaman na ang ika-pitong araw na Sabbath ay hindi kasali sa mga anino ng Lumang Tipan?
2. Ano ang pagkakakilanlan na mga katangian ng dalawang kautusan—moral at palatuntunan?
3. Dahil sa napakaraming kamatayan, anong saloobin ang nawawala sa atin kapag ang isang hayop ay namamatay?
4. Anong nagpahirap para sa mga Hudiyong nabubuhay malapit sa templo na maunawaang ang sistemang palatuntunan ay tapos na?
5. Anong pakinabang ang tinatanggap natin ngayon mula sa pag-aaral ng serbisyo sa santuario.?

Handog sa Unang Sabado para sa Kapilya sa Unyon ng Pathankot, Hilagang India

Ang Pathankot ay isang lungsod sa Punjab na estado ng India. Ito ay may hangganan sa Pakistan sa Kanluran at isang sentro sa paglalakbay para sa mga estado ng Punjab, Himachal Pradesh, at Jammu at Kashmir.

Ang mensahe ng Pagreperma ay dumating dito noong 2015, at ang aming pagiging miyembro ay lumago sa paglipas ng mga taon. Sa pamamagitan ng sirkulasyon ng ating mga Araling Pangsabado Hango Bibliya, maraming mahalagang mga kaluluwa ang sabik naghahanap ng kasalukuyang katotohanan. Sa taong 2011, ang lungsod na lugar ng Pathankot ay may populasyon na 159,909 na may sukat ng karunungan bumasa't sumulat na 88.71%. Napapalibutan ito ng parehong pastulan ng Shivali (bahagi ng mga paanan ng Himalayas) at ang ilog Chakki. Ang mga sikat na lugar na malapit sa Pathankot ay kasama ang Shahpur Kandi na may nakabitin na bahay pahingahan para sa mga turista at Ranjit Sagar dam, na siyang pinakamataas na gravity dam sa Asya. Ang mga industriya sa nakapalibot na lugar ay kinabibilangan ng produksyon ng gatas, trigo, bigas, tela, mga makina ng makinang panahi, mga kalakal sa palakasan, asukal, almirol, mga pataba, bisikleta, mga instrumento sa siyensiya, mga gamit sa elektrikal, mga tool sa makina, at pine oil.

Ang mga relihiyon sa Pathankot ay Hinduismo na may 88.89%, Sikhismo na 8.01%, at Christianismo na 1.73%, na sinundan ng Islam at iba pang mga relihiyon.


Nakatayo sa mga magagandang tanawin na paanan ng burol ng Kangra at Dalhousie, na may ilog na Chukki na dumadaloy nang malapit, ang lungsod na ito ay kadalasang ginagamit bilang isang pahingahang-tigilan bago pumasok sa mga bundok ng Jammu at Kashmir, Dalhousie, Chamba, Kangra, Dharamshala, Mcleodganj, Jwalaji, Chintpurni at patungo pa sa Himalayas. Maraming mga mag-aaral sa kanayunan ng mga kalapit na estado ang dumarating sa Pathankot para sa edukasyon.

Ang Pathankot ay maayos na konektado sa natitirang bahagi ng India sa pamamagitan ng tren at kalsada, at nakakonekta sa pamamagitan ng isang malawak na network ng mga pribado at pampublikong sektor ng mga pang-serbisyong bus sa ibang mga lungsod sa Punjab, Himachal Pradesh, Delhi, Haryana, Jammu at Kashmir. Kasama sa mga mahalagang destinasyon ang Delhi, Manali Chandigarh, Jammu, Dharamshala, Dalhousie at Amritsar.

Samakatuwid, tulad ng Capernaum sa panahon ni Jesus, ang Pathankot ay nagsisilbing isang sangang daan para sa mga biyahero—at kaya, potensyal para sa evangelismo! Wala kaming sariling mga mapagkukunan upang bumili ng lupain at magtayo ng isang simbahan, kaya kailangan namin ang suporta ng ating mga kapatid sa buong mundo upang may kabaitan na ipadala ang inyong mga masaganang handog upang magtayo ng isang monumento sa Panginoon sa Pathankot, India.

“Mahal ng Dios ang masayang nagbibigay” (2 Corinto 9:7), kaya taglay ang pagasang ito ay nananalangin kami sa ating Panginoong Jesus na pagpalain nang sagana ang bawat isa.

Ang inyong mga kapatid mula sa Iglesia ng Pathankot



Kung Ipahahayag Natin

TALATANG SAULUHIN: “Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo’y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo’y lilinisin sa lahat ng kalikuan.” (1 Juan 1:9).

“Ipahayag ninyo sa Dios ang inyong mga kasalanan, na Siyang tanging makakapagpatawad sa mga ito, at ang inyong mga pagkakasala sa isa’t-isa.” — *Steps to Christ*, p. 37.

Iminungkahing mga babasahin: *Steps to Christ*, pp. 23–35, 37–41; *Testimonies for the Church*, vol. 5, pp. 635–650.

Linggo

Pebrero 26

1. MAGKAPAREHONG PAMAMARAAN SA BAGO AT SA LUMA

- a. Dahil ang Dios ay hindi nagbabago (Malakias 3:6, Hebreo 13:8), anong dapat nating maunawaan tungkol sa Kaniyang hangarin patungkol sa kaligtasan ng bawat kaluluwa na Kaniyang nilikha? Awit 78:38; Ezekiel 18:32; 2 Pedro 3:9.

“Hindi nais ng [Dios] na mapahamak ang sinoman, kundi nananabik na makita ang lahat na nagsisisi. . . . Ang tabak ng hustisya ay tumama [kay Cristo] upang sila’y makalaya. Siya’y namatay upang sila’y mabuhay.” — *God’s Amazing Grace*, p. 326.

- b. Sa pagtatalaga ng templo na itinayo ni Solomon, anong dakilang tala-ta ng Lumang Tipan ang nagpapahayag ng kagustuhan ng Dios na magpatawad? 2 Cronica 7:12–14. Paano ito inuulit sa Bagong Tipan? 1 Juan 1:9; 2:1.

“Ang kasalanan na likas na pampribado ay dapat na ipahayag kay Cristo, ang tanging tagapamagitan sa Dios at sa tao. . . . Bawat kasalanan ay nagbibigay ng sama ng loob sa Dios, at dapat ipahayag sa Kaniya sa pamamagitan ni Cristo. Bawat hayag na kasalanan ay dapat pagsisihan nang hayag. Ang maling ginawa sa kapwa-tao ay dapat lutasin sa taong nagawan ng masama. Kung ang sinomang nagnanais na maging malusog ay may kasalanan na pagsasalita ng masama, kung sila ay naghasik ng sigalot sa tahanan, sa kapit-bahay, o sa iglesia, at pumukaw ng pagpapalayo ng damdamin at pagtatalo, kung sa pamamagitan ng anomang maling gawi ay kanilang inaakay ang iba na magkasala, ang mga bagay na ito ay dapat na ipahayag sa Dios at sa harap ng mga nagawan ng masama.” — *Gospel Workers*, pp. 216, 217.

2. ANG UNANG HAKBANG SA PAGTAMO NG KAPATAWARAN

- a. **Habang ang gawain ng Banal na Espiritu ay nagdadala ng pagkakilala sa kasalanan sa puso (Juan 16:8), ano ang dapat nating maging unang tugon? Awit 86:5.**

“Ang pagkakilala sa kasalanan ay dumarating sa isip at puso. Ang makasalanan ay nagkakaroon pagkadama ng katuwiran ni Jehovah at nakakadama ng takot ng pagharap, sa kaniyang sariling kasalanan at karumihan, sa harap ng Tagapagsuri ng mga puso. Nakikita niya ang pagibig ng Dios, ang kagandahan ng kabanalan, ang kaligayahan ng kadalisan; nananabik siyang maging malinis at maibalik sa pakikipag-isa sa Langit.”—*Steps to Christ*, p. 24.

“Ang pagsisisi na naging bunga ng impluwensya ng banal na biyaya sa puso ay maghahatid sa pagpapahayag at pag-iwan ng kasalanan. Ganyan ang mga bunga na ipinahayag ng apostol na nakita sa buhay ng mga mananampalatayang taga-Corinto.”—*The Acts of the Apostles*, p. 324.

- b. **Sa pagtingin sa halimbawa sa araw ng Pentecostes, anong nangyari bilang bunga ng budhing nagising sa pagkakilala sa kasalanan? Mga Gawa 2:36, 37.**

“Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag at pagiwan ng kasalanan, sa pamamagitan ng maningas na panalangin at pagtatalaga ng kanilang mga sarili sa Dios, na ang unang mga alagad ay naghanda para sa pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Araw ng Pentecostes. Ang gayun ding gawain, na mas nakakahigit lamang, ay dapat na gawin ngayon.”—*Testimonies to Ministers*, p. 507.

- c. **Paano natin mailalarawan ang resulta ng pagkakilala sa kasalanan na naghahatid sa pagbabago sa buhay? Mga Gawa 2:38.**

“Bago maaaring makasumpong ng tunay na kapayapaan [ang mga Israelita] ay dapat silang maakay na makita at magpahayag ng mismong kasalanan na kanilang ginawa.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 614.

“Ang tunay na pagpapahayag ng kasalanan ay palaging may tiyak na katangian, at kinikilala ang partikular na mga kasalanan. Maaaring ang mga ito ay likas na kailangang sa Dios lamang dalhin, ang mga ito ay maaaring mga pagkakamali na dapat ipahayag para sa bawat isa na nasaktan dahil sa mga ito, o ang mga ito ay maaaring likas na pangkalahatan na dapat ipaalam sa kapisanan ng mga tao. Ngunit ang lahat ng pagpapahayag ng kasalanan ay dapat na malinaw at tumpak, na kinikilala ang mismong mga kasalanan na iyong ginawa.”—*Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 639.

3. ISANG HALIMBAWA NG MALING PAGSISISI

- a. **Pinagsisihan ba ni Judas ang pagkakanulo kay Cristo sa punong mga saserdote (Mateo 26:14–16, 47–49)? Bakit o bakit hindi? Mateo 27:3, 4.**

“Si Judas ngayon ay nangayupapa sa paanan ni Jesus, na kinikilala Siya bilang ang Anak ng Diyos, at nagsumamo sa Kanya na iligtas ang Kanyang Sarili. Hindi kintutya ng Tagapagligtas ang nagkanulo sa Kaniya. Alam Niya na hindi nagsisi si Judas; ang kanyang pag-amin ay napilitan mula sa kanyang nagkasala na kaluluwa sa pamamagitan ng isang kakila-kilabot na pagkadama sa kaparusahan at ng isang pagtingin sa paghuhukom, ngunit hindi niya nadama ang malalim, malubhang kalungkutan na ipinagkanulo niya ang walang bahid na Anak ng Diyos, at tinanggihan ang Banal ng Israel. Ngunit si Jesus ay hindi nagsalita ng paghatol. Siya ay tumingin na may pagkahabag kay Judas, at sinabi, Para sa oras na ito kaya naparito ako sa mundo.” — *The Desire of Ages*, p. 722.

“Kapag pinamanhid ng kasalanan ang moral na pananaw, hindi napapansin ng nagkasala ang mga depekto ng kanyang pag-uugali o napapagtanto ang laki ng kasamaan na kanyang ginawa; at maliban na siya ay sumuko sa nagpapakilala ng kasalanan na kapangyarihan ng Banal na Espiritu, nananatili siya sa bahagyang pagkabulag sa kanyang kasalanan. Ang kanyang mga pagpapahayag ng kasalanan ay hindi taos-puso at hindi taimtim. Sa bawat pagkilala sa kanyang pagkakasala ay nagdaragdag siya ng isang pangangatuwiran bilang paumanhin sa kanyang ginawa, na nagpapahayag na kung hindi lang dahil sa ilang mga pangyayari ay hindi sana niya nagawa ito o iyon kung saan siya ay sinaway.” — *Steps to Christ*, p. 40.

“Sa pamamagitan ng pananampalataya at panalangin ay maaaring matugunan ng lahat ang mga hinihingi ng ebanghelyo. Walang taong maaaring piliting lumabag. Ang kanyang sariling pahintulot ay dapat na unang makuha; dapat nilayon ng kaluluwa ang masamang gawa bago maaaring maghari ang masamang pita sa kaisipan o manaig ang kasamaan sa budhi. Ang tukso, gaanoman kalakas, ay hindi kailanman isang dahilan para sa kasalanan.” — *Testimonies for the Church*, vol. 5, p. 177.

- b. **Ipaliwanag kung totoo o hindi na ito ay isang uri ng pagsisisi na naghahatid sa buhay na walang hanggan. Mateo 27:5; 2 Corinto 7:8–11.**

“Marami ang nasa panlilinlang sa sarili, at pumapasok sa mga plano kung saan ang Panginoon ay walang kinalaman. Ngunit ang tanging ligtas na hakbang na dapat gawin ay sundin ang salita ng Panginoon. Sa halip na gawin ito, marami ang nagmumungkahi na gumawa ng mga kahanga-hangang bagay. Mas madali pa sa kanila na magplano ng ilang magagandang bagay para sa hinaharap kaysa sa tanggihan ang sarili, isuko sa Dios ang puso, isip, at kalooban, at magpasakop upang mahubog sa pamamagitan ng kapangyarihang iyon na maaaring lumikha at pumuksa. Hayaang suriin ng mga kabataan ang kanilang mga motibo, sa pamamagitan ng panalangin at pananaliksik ng mga Kasulatan, at tingnan kung ang kanilang sariling kalooban at mga hilig ay hindi naglalayo mula sa mga kahilingan ng Diyos.” — *The Youth's Instructor*, March 23, 1893.

4. ISANG HALIMBAWA NG TUNAY NA PAGSISISI (AWIT 51)

- a. Anong nangyayari kapag hindi natin kinikilala ang ating mga kasalanan sa harap ng Diyos at sa halip ay nananatiling tahimik tungkol dito? Awit 32:3, 4.
- b. Matapos na si Nathan na propeta ay deretsahan sa paghahayag ng kasalanan ni David (2 Samuel 12:1–12), paano tumugon ang hari? 2 Samuel 12:13.

“Ang saway ng propeta ay umantig sa puso ni David; ang budhi ay napukaw; ang kanyang pagkakasala ay lumitaw sa buong kakila-kilabot na kasamaan nito. Ang kanyang kaluluwa ay yumukod sa pagsisisi sa harap ng Diyos.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 722.

“Ang pagsisisi ng David ay taos-puso at malalim. Walang pagsisikap na pagpaumanhinan ang kanyang krimen. Walang pagnanais na makatakas sa mga hatol na nagbabanta, ang nagudyok sa kanyang panalangin. Ngunit nakita niya ang kakila-kilabot na kasamaan ng kanyang pagsalansang laban sa Diyos; nakita niya ang dungis ng kanyang kaluluwa; kinamuhian niya ang kanyang kasalanan. Hindi lamang para sa kapatawaran na siya ay nanalangin, kundi para sa kadalisan ng puso. Si David ay hindi sumuko sa pakikibaka sa panahon ng kawalan ng pag-asa. Sa mga pangako ng Diyos sa mga nagsisisi na mga makasalanan ay nakita niya ang katibayan ng kanyang kapatawaran at pagtanggap.”—*Ibid.*, p. 725.

- c. Paano rin ito lumitaw sa puso ni Simon ng Betania? Lucas 7:40–48. Ano ang tang-ing paraan upang makamtan ang kapayapaan at pakikipagkasundo? Awit 32:5; Jeremias 3:13; 1 Juan 1:9.

“Tulad ng ginawa ni Nathan kay ni David, ikinubli rin ni Cristo ang Kanyang nais mismong ipabatid sa ilalim ng tabing ng isang talinghaga. Ibinato Niya sa nagpatuloy sa Kaniya ang pasanin ng pagbigkas ng hatol laban sa kanyang sarili. Si Simon ang naghatid sa pagkakasala sa babae na hinahamak niya ngayon. Siya ay lubha niyang pinaratangan ng mali. Sa pamamagitan ng dalawang may utang sa talinghaga, si Simon at ang babae ay kinakatawanan. Hindi pinanukala ni Jesus na ituro na ang iba’t ibang antas ng obligasyon ay dapat na madama ng dalawang tao, sapagkat ang bawat isa ay nagkautang ng utang na pagpapasalamat na hindi maaaring bayaran. Ngunit nadama ni Simon ang kanyang sarili na mas matuwid kaysa kay Maria, at ninais ni Jesus na makita niya kung gaano kalaki ang kanyang pagkakasala. Ninais Niyang ipakita sa kanya na ang kanyang kasalanan ay mas malaki kaysa sa kanyang kasalanan, na kagaya ng isang mas malaking utang na limang daang denario ay higit pa sa isang utang na limampung denario.

“Si Simon ay nagpasimula na ngayon na tingnan ang kaniyang sarili sa bagong liwanag. . . . Ang kahihyan ay lumupig sa kaniya, at naunawaan niya na siya ay nasa harap ng Isang mas mataas kaysa sa kaniyang sarili. . . .

“Si Simon ay naantig dahil sa kabaitan ni Jesus sa hindi hayagang pagsaway sa kaniya sa harap ng mga bisita. . . . Ang mapagtiis na tagubilin ang humikayat sa kaniya tungkol sa kaniyang pagkakamali. Nakita niya ang bigat ng kaniyang naging pagkautang sa kaniyang Panginoon. Ang kaniyang pagmamataas ay pinagpakumbaba, siya’y nagsisi, at ang mapagmataas na Fariseo ay naging alagad na mapagpakumbaba, mapagtanggi sa sarili.”—*The Desire of Ages*, pp. 566–568.

5. ANG KALOOB NA KAPATAWARAN

- a. **Kung tayo ay lubhang nasangkot sa paglabag, paano tayo maaaring maakay tungo sa malalim, tunay na pagkalungkot para sa ating mga kasalanan? Mga Gawa 5:30, 31; Isaias 55:6, 7; Hebreo 4:16.**

“Ang pagsisisi tulad nito, ay lampas sa abot ng ating sariling kapangyarihan upang magawa; ito ay nakakamtan lamang mula kay Cristo, na umakyat sa kaitaasan at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.”—Steps to Christ, p. 25.

“Kung nakikita mo ang iyong kasalanan, huwag mong hintaying gawing mas mabuti ang iyong sarili. Gaano karami ang mga nag-iisip na sila ay hindi pa ganap na mabuti para lumapit kay Cristo. Inaasahan mo bang maging mas mabuti sa pamamagitan ng iyong sariling mga pagsisikap? ‘Makapagbabago baga ang Etiope ng kaniyang balat, o ang leopardo ng kaniyang batik? kung magkagayo’y mangakagagawa naman kayo ng mabuti, na mga bihasang gumawa ng masama.’ Jeremias 13:23. Mayroong tulong para sa atin na nasa Diyos lamang. Hindi tayo dapat maghintay para sa mas malakas na mga panghihikayat, para sa mas mainam na mga pagkakataon, o para sa mas banal na mga pakiramdam. Wala tayong magagawa sa ating sarili. Dapat tayong lumapit kay Kristo anoman ang ating kalagayan.”—Ibid., p. 31.

- b. **Gaano natin lubos na maaasahang magagawa para sa atin at sa kalooban natin ang gawaing ito ng Dios? Hebreo 12:12; Filipos 1:6.**

“Ang pagsisisi, gayundin ang kapatawaran, ay ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo. Ito ay sa pamamagitan ng impluwensya ng Banal na Espiritu na nakikilala natin ang kasalanan, at nararamdaman ang ating pangangailangan ng kapatawaran. Walang pinapatawad kundi ang nagsisisi; ngunit ito ay ang biyaya ng Diyos na umaantig sa puso upang magsisi. Alam Niya ang lahat ng ating mga kahinaan at mga karupokan, at tutulungan Niya tayo.”—Selected Messages, bk. 1, p. 353.

- c. **Ano ang magiging resulta ng ganitong uri ng tunay na pagpapahayag ng kasalanan? Roma 8:1.**

Biyernes

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. **Ano ang maaari nating personal na matutunan mula sa panalangin ni Solomon sa pagtatalaga ng templo?**
2. **Anong mga hakbang ang kailangan nating gawin nang seryoso kung nais nating makibahagi sa pagtatapos ng gawain ng Dios sa ilalim ng kapangyarihan ng Hul-ing Ulan?**
3. **Bakit may ganung pangangailangan na dapat ipahayag natin sa Dios ang ating mga kasalanan? Gaano ba talaga tayo karesponsible sa paggawa ng kasalanan?**
4. **Gaano tayo dapat maging maingat sa pagpapakita sa iba na sila ay nagkasala?**
5. **Gaano ito kaposible para sa makasalanan na magsisi?**

“Pakabanalin Mo Sila Sapamamagitan ng Iyong Katotohanan”

TALATANG SAULUHIN: “Nguni’t ang landas ng matuwid ay parang maliyab na liwanag, na sumisilang ng higit at higit sa sakdal na araw.” (Kawikaan 4:18).

“Kapag isinusuko natin ang ating sarili nang lubos sa Diyos, at lubos na naniniwala, ang dugo ni Cristo ay naglilinis mula sa lahat ng kasalanan. Ang budhi ay maaaring mapalaya mula sa paghatol. Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanyang dugo, ang lahat ay maaaring maging perpekto kay Cristo Jesus. Salamat sa Diyos na hindi tayo nakikitungo sa mga imposibilidad. Maaari nating hingiin ang pagpapakabanal. Maaari nating tangkilikin ang pabor ng Diyos. Hindi tayo dapat mabalisa tungkol sa kung ano ang iniisip ni Cristo at ng Diyos sa atin, kundi tungkol sa kung ano ang iniisip ng Diyos kay Cristo, ang ating Kapital.” — *Selected Messages, bk. 2, pp. 32, 33.*

Iminungkahing Babasahin: The Acts of the Apostles, pp. 557–567.

Linggo

Marso 5

1. PAG-AARING GANAP

- a. **Kapag tunay na ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan at isinusuko ang ating buhay kay Jesus—sa pasimula man ng ating karanasang Cristiano o sa bawat hakbang sa daan—ano ang natatanggap natin mula sa Dios? Roma 3:24–26.**

“Posible para kay Adan, bago ang pagkahulog, na bumuo ng isang matuwid na ugali sa pamamagitan ng pagsunod sa Kautusan ng Diyos. Ngunit nabigo siyang gawin ito, at dahil sa kanyang kasalanan ang ating mga likas ay nahulog at hindi natin maaaring gawing matuwid ang ating sarili. Dahil tayo ay makasalanan, hindi banal, hindi natin lubos na masusunod ang banal na kautusan. Wala tayong sariling katuwiran na makaaabot sa mga hinihingi ng kautusan ng Diyos. Ngunit si Kristo ay gumawa ng isang paraan ng pagtakas para sa atin. Siya ay nanirahan sa lupa sa gitna ng mga pagsubok at tukso tulad ng kailangan nating harapin. Siya ay namuhay ng walang kasalanan. Namatay Siya para sa atin, at ngayon ay nag-aalok Siya na kunin ang ating mga kasalanan at bigyan tayo ng Kanyang katuwiran. Kung ibibigay mo sa Kanya ang iyong sarili, at tatanggapin Siya bilang iyong Tagapagligtas, kung gayon, gaano man kasama ang iyong buhay, dahil sa Kanya ay ibinibilang kang matuwid. Ang ugali ni Cristo ay tumatayong kapalit ng iyong ugali, at tinatanggap ka sa harap ng Diyos na parang hindi ka nagkasala.” — *Steps to Christ, p. 62.*

- b. **Gaano katagal ang paglalakbay na ito? Kawikaan 4:18; Marcos 13:13.**

2. PAGPAPALAGO NG MGA BIYAYANG CRISTIANO

- a. **Bukod sa kapatawaran/pagaaring-ganap, ano pa ang ibang nais ibigay sa atin ng Dios? 2 Corinto 7:1; Hebreo 6:1; Filipos 3:12–14.**

“Ang ganitong pagbabagong-anyo ng pagkatao na nakikita sa buhay ni Juan ay palaging resulta ng pakikipag-isa kay Cristo. Maaaring may kapansinpansing mga depekto sa ugali ng isang indibidwal, ngunit kapag siya ay naging isang tunay na disipulo ni Cristo, ang kapangyarihan ng banal na biyaya ay nagbabago at nagpapabanal sa kanya. Habang minamasdan sa isang salamin ang kaluwalhatian ng Panginoon, siya ay nabago mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, hanggang sa siya ay nagiging katulad Niya na sinasamba niya.”—*The Acts of the Apostles*, p. 559.

“Kung wala ang biyaya ni Cristo, ang makasalanan ay nasa isang walang kabuluhan na kondisyon; walang magagawa para sa kanya; ngunit sa pamamagitan ng banal na biyaya, ang pambihirang kapangyarihan ay ibinibigay sa tao, at gumagawa sa isip at puso at ugali. Ito ay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng biyaya ni Cristo na ang kasalanan ay nauunawaan sa nakakamuhing likas nito, at sa wakas ay pinapalayas mula sa templo ng kaluluwa.”—*Selected Messages*, bk. 1, p. 366.

“Walang iba kundi ang kapangyarihan ng Diyos ang maaaring bumago sa puso ng tao at pumuspos ng pagibig ni Cristo sa kaluluwa, na palaging magpapakita ng sarili nito na may pagibig para sa mga taong pinagbuwisan Niya ng buhay. Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, mahabang pagtitiis, kabutihang, pananampalataya, kaamuan, pagpipigil. Kapag ang isang tao ay nakumberte sa Diyos, ang isang bagong moral na kagustuhan ang tinutustusan, isang bagong kapangyarihan ng motibo ang ibinibigay, at iniibig niya ang mga bagay na minamahal ng Diyos; sapagkat ang kanyang buhay ay nakagapos sa ginintuang kadena ng mga hindi nababagong pangako sa buhay ni Jesus. Pagibig, kagalakan, kapayapaan, at hindi maipaliwanag na pagpapasalamat ang maghahari sa kaluluwa, at ang magiging bukabang-bibig niya na pinagpala ay, ‘Pinadakila ako ng Iyong kahinahunan’ (Awit 18:35).”—*Ibid.*, p. 336.

- b. **Ano ang ilan sa mga hakbang sa pagpapalago ng mga biyayang Cristiano na kailangan natin sa daan patungo sa kaharian ng langit? 2 Pedro 1:5--11.**

“Si Cristo, na naguugnay ng lupa sa langit, ay ang hagdan. Ang puno ng hagdan ay nakatukod nang matatag sa lupa sa Kanyang pagiging tao; ang pinakamataas na dulo ay umaabot sa trono ng Diyos sa kanyang pagka-diyos. Ang pagiging tao ni Cristo ay sumasaklaw sa nahulog na sangkatauhan, habang ang kanyang pagka-diyos ay nakahawak sa trono ng Diyos. Tayo ay naliligtas sa pamamagitan ng pag-akyat ng paunti-unti sa hagdan, na tumitingin kay Cristo, na kumakapit kay Cristo, na inaakyat sa bawat hakbang ang taas ni Cristo, upang siya sa atin ay maging ang karunungan at katuwiran at pagpapakabanal at katubusan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 6, p. 147.

3. KAPANGYARIHAN SA PAMAMAGITAN NG SALITA NG DIOS

- a. **Paano nililiwanagan ng Dios ang ating mga isipan upang ang Cristianong paglago ay magpatuloy na sumulong? 2 Corinto 4:4–6; Awit 119:105; Levitico 20:7, 8.**

“Kapag ang kalooban ng tao ay nakikipagtulungan sa kalooban ng Diyos, ito ay magiging makapangyarihan. Ang anumang gagawin sa Kanyang utos ay maaaring maganap sa Kanyang lakas. Ang lahat ng kanyang mga ipinaguutos ay nagbibigay ng kakayahan.”—*Christ's Object Lessons*, p. 333.

“Ang pagiging perpekto ng ugali ay batay sa kung paano si Cristo sa atin. Kung tayo ay mayroong patuloy na pagtitiwala sa mga merito ng ating Tagapagligtas, at lumalakad sa Kanyang mga yapak, tayo ay magiging katulad Niya, dalisay at walang dungis.

“Ang ating Tagapagligtas ay hindi naguutos ng mga imposibilidad sa sinumang kaluluwa. Hindi Niya inaasahan sa Kaniyang mga alagad ang hindi Niya nais tustusan sa kanila ng biyaya at lakas upang ipagawa. Hindi sana Siya mananawagan sa kanila na maging perpekto kung wala Siya sa Kaniyang utos ng bawat kasakdalan ng biyaya upang ipagkaloob sa mga tao na sa kanila'y nais Niyang maggawad ng mataas at banal na pribilehiyo. Tinitiyak Niya sa atin na mas handa Siyang ibigay ang Banal na Espiritu sa kanila na humingi sa Kanya kaysa sa mga magulang na magbibigay ng mabubuting kaloob sa kanilang mga anak.”—*That I May Know Him*, p. 130.

- b. **Ano ang tawag natin sa prosesong ito ng Cristianong paglago sa katotohanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Salita? Juan 1:14; 17:17.**

“Kapag ang katotohanan ay nagiging nananatiling prinsipyo sa buhay, ang kaluluwa ay ipinanganak na muli, hindi ng binhing may kasiraan, kundi ng walang kasiraan, sa pamamagitan ng salita ng Dios, na nabubuhay at nananatili magpakailanman.’ Ang bagong kapanganakan na ito ay resulta ng pagtanggap kay Cristo bilang ang Verbo ng Diyos. Kapag sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ang banal na mga katotohanan ay naitatatak sa puso, ang mga bagong pagkaunawa ay nagigising, at ang mga enerhiyang natutulog ngayon ay napupukaw upang makipagtulungan sa Diyos.”—*The Acts of the Apostles*, p. 520.

“Ang pagpapakabanal ng iglesia ay layunin ng Diyos sa lahat ng Kanyang pakikitungo sa Kanyang mga tao. Pinili Niya sila mula sa walang-hanggan, upang sila ay maging banal. Ibinigay Niya ang Kanyang anak upang mamatay para sa kanila, upang sila ay mapabanal sa pamamagitan ng pagsunod sa katotohanan, na naalisan ng lahat ng katiting na sarili. Mula sa kanila ay hinihingi Niya ang isang personal na paggawa, isang personal na pagsuko. Ang Diyos ay maaaring parangalan ng mga nagtatanghal na naniniwala sa Kanya, tanging kung sila ay nagiging kaayon ng Kanyang imahe at kinokontrol ng Kanyang Espiritu. Pagkatapos, bilang mga saksi para sa Tagapagligtas, maaari nilang ipaalam kung ano ang ginawa ng banal na biyaya para sa kanila.”—*Ibid.*, p. 559.

4. MGA MALING PAGAANGKIN

- a. **Sa pagsasaalang-alang sa mga banal na tao ng Dios sa buong kapanahunan ng Biblia, ano ang dapat nating maunawaan tungkol sa pagaangkin ng huling tagumpay? 1 Juan 1:8, 10; Roma 7:18; Galacia 6:14.**

“Ang mga karangalang iginawad kay Daniel ay pumukaw ng paninibugho ng mga pinuno ng kaharian. Ang mga pangulo at mga prinsipe ay nagsikap na makasumpong ng pagkakataon na makapagreklamo laban sa kaniya. ‘Nguni’t hindi sila nangakasumpong ng anomang kadahilanan, ni kakulangan man, palibhasa’y tapat siya, walang anomang kamalian ni kakulangan na nasumpungan sa kaniya’ (Daniel 6:4).

“Anong isang aralin ang inihaharap dito para sa lahat ng mga Kristiyano. Ang malinaw na mga mata ng paninibugho ay nakatuon kay Daniel araw-araw; ang kanilang mga pagmamatyag ay pinasidhi ng galit; ngunit walang isang salita o gawa ng kanyang buhay ang maaari nilang palitawin na mali. At hindi pa rin siya nag-angkin ng pagpapalabanan, kundi ginawa niya kung ano ang mas mainam—namuhay siya na may katapatan at pagtatalaga.” —*The Sanctified Life*, p. 42.

“Ang huwad na pagpapakabanal ay direktang naglalayo mula sa Biblia. Ang relihiyon ay pinapaliit sa isang kathang-isip. Ang mga damdamin at mga impresyon ay ginagawang batayan. Bagaman nagpapahayag sila na walang kasalanan at ipinagmamalaki ang kanilang katuwiran, itinuturo ng mga nag-aangkin ng pagpapakabanal na ang mga tao ay malayang lumabag sa kautusan ng Diyos at ang mga sumusunod daw sa mga tuntunin nito ay nahulog mula sa biyaya. Ang isang pagtatanghal ng mga ipinag-uutos nito ay gumigising sa kanilang pagsalungat at pumupukaw ng galit at pag-aalipusta. Gayun naipapakita ang kanilang ugali, dahil ‘ang kaisipan ng laman ay pakikipagalit laban sa Dios; sapagka’t hindi napasasaklaw sa kautusan ng Dios, ni hindi nga maaari’ (Roma 8:7).” —*Faith and Works*, p. 53.

- b. **Ang paniniwala ba sa pangangailangan ng pagpapakabanal ay nangangahulugan na dapat nating paghirapang tamuhin ang ating kaligtasan? Juan 14:15; 1 Juan 3:5, 6.**

“Ang katuwiran ay nag-ugat sa kabanalan. Walang tao ang matuwid maliban na lamang kung siya ay mayroong pananampalataya sa Diyos at nagpapanatili ng isang mahalagang koneksyon sa Kanya. Katulad ng isang bulaklak sa parang na may ugat sa lupa; kung paanong dapat itong makatanggap ng hangin, hamog, ulan, at sikat ng araw, gayun din dapat nating matanggap mula sa Diyos ang mga tumutustos sa buhay ng kaluluwa. Ito ay sa pamamagitan lamang ng pagiging kabahagi ng Kanyang likas na natatanggap natin ang kapangyarihan upang sundin ang Kanyang mga utos. Walang tao, mataas o mababa, nakaranas o walang karanasan, ang maaaring patuloy na magpanatili sa harap ng kanyang kapwa ng isang dalisay, malakas na buhay maliban na ang kanyang buhay ay itinago kasama ni Cristo sa Diyos. Kung mas malaki ang aktibidad sa mga tao, gayun din dapat maging mas malapit ang komunyong ng puso sa Diyos.” —*Testimonies for the Church*, vol. 7, p. 194.

5. ANO ANG TUNGKOL SA PAGPAPAKABANAL?

- a. a. **Ang pagpapakabanal ba—paglago sa ugaling Kristiyano—ay tipikal na kapansin-pansin sa bawat isa na nagkakaroon nito? Marcos 4:26–29. Ano naman sa iba?**

“Ang hindi pinagalaran, hindi namamalayang impluwensiya ng isang banal na buhay ay ang pinaka-nakakumbinsi na sermon na maaaring ibigay sa pabor ng Kristiyanismo. Ang argumento, kahit na kapag hindi matutulan, ay maaaring pumukaw lamang ng pagsalungat; ngunit ang isang makadiyos na halimbawa ay may kapangyarihan na imposible na ganap na labanan.”—*The Acts of the Apostles*, p. 511.

- b. b. **Ano ang nagpapakita na ang paglagong ito ay patuloy at hindi tayo dapat mag-ing kampante sa ating pagsulong at mga tagumpay? 1 Corinto 15:31; Mateo 10:22; Filipos 3:12–16.**

“Nais ng Panginoon na ang lahat ng Kanyang mga anak na lalaki at babae, ay maging masaya, mapayapa, at masunurin. . . . Sa pamamagitan ng pananampalataya, ang bawat kakulangan ng karakter ay maaaring tugunan, ang bawat dungis ay maaaring linisin, ang bawat kasalanan ay maitatama, ang bawat kahusayan ay malilintang.”—*The Acts of the Apostles*, p. 564.

“Ang pagpapakabanal ay hindi ang gawain ng isang sandali, isang oras, isang araw, kundi panghabang-buhay. Hindi ito nakukuha sa pamamagitan ng isang masayang silakbo ng damdamin, kundi ang resulta ng patuloy na pagkamatay sa kasalanan, at patuloy na namumuhay para kay Cristo. Ang mga kamalian ay hindi maaaring ituring na tama ni ang mga pagbabago na ginagawa sa ugali sa pamamagitan ng mahina, pahinto-hinto na pagsisikap. Ito ay sa pamamagitan lamang ng mahaba, matiyagang pagsisikap, matinding disiplina, at mahigpit na pakikipagbaka, na tayo ay magtatagumpay. Hindi natin alam isang araw kung gaano kalakas ang ating pakikipagbaka sa susunod. Hangga't naghahari si Satanas, mayroon tayong sarili na dapat supilin, gumagambalang mga kasalanan upang pagtagumpayan; hangga't ang buhay ay nagpapatuloy, walang magiging lugar na hintuan, walang punto na maaari nating maabot at sabihin, ganap ko nang naabot. Ang pagpapakabanal ay ang resulta ng panghabang buhay na pagsunod.”—*Ibid.*, pp. 560, 561.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano tayo pinakikitunguhan ng Dios patungkol sa bawat sandali ng pagaaring-ganap?
2. Paano ipinapakita ng Dios na ang Kaniyang hangarin para sa atin ay higit pa kaysa kapatawaran lamang?
3. Ano ang sekreto ng pagbabagong?
4. Mula saan tayo inilalayo ng maling pagpapakabanal?
5. Paano natin nalalaman na inilalakip ng pagpapakabanal ang buong buhay na patuloy na paglago?

Ang Lumang Tipan

TALATANG SAULUHIN: “Narito, dumarating ang mga araw, sinasabi ng Panginoon, Na ako’y gagawa ng isang bagong pakikipagtipan; sa sangbahayan ni Israel at sa sangbahayan ni Juda.” (Hebreo 8:8).

“Nakita ng Diyos kung ano ang nangyayari sa kampo. Nakita niya na ang mga tao, kahit na habang ang banal na kaluwalhatian ay naroon pa rin sa Sinai, ay sumuko sa mga tukso ni Satanas, at nagbabanta laban sa panuntunan na kanilang ipinangako na sundin.”—The Youth’s Instructor, November 21, 1901.

Iminungkahing Babasahin: Patriarchs and Prophets, pp. 370–373.

Linggo

Marso 12

1. ANG PAGKAALIPIN AY LUMILITO SA MGA ISIPAN

- a. **Ano ang kondisyon ng Israel sa maraming taon—at paano ang sitwasyong iyon nakaapekto sa kanilang kaalaman tungkol sa Dios at sa Kaniyang mga utos? Exodo 20:1, 2; Deuteronomieuo 5:15.**

“Sa kanilang pagkaalipin ay labis na nawala ang kaalaman ng mga tao tungkol sa Diyos at sa mga prinsipyo ng tipan kay Abraham. Sa pagliligtas sa kanila mula sa Ehipto, sinikap ng Diyos na ihayag sa kanila ang Kanyang kapangyarihan at Kanyang awa, upang sila ay maakay na umibig at magtiwala sa Kanya. Dinala Niya sila sa Dagat na Pula—kung saan, nang hinabol ng mga taga Egipto, ay tila imposible ang pagtakas—upang kanilang maunawaan ang kanilang lubos na kawalang-kakayahan, ang kanilang pangangailangan ng makalangit na tulong; at pagkatapos ay gumawa Siya ng pagliligtas para sa kanila. Kaya sila ay napuno ng pagmamahal at pasasalamat sa Diyos at ng pagtiwala sa Kanyang kapangyarihan upang tulungan sila. Binigkis Niya sila sa Kaniyang Sarili bilang kanilang tagapagligtas mula sa temporal na pagkaalipin.

“Ngunit mayroon pang mas higit na katotohanan na dapat itatak sa kanilang mga isip. Habang namumuhay sa gitna ng idolatriya at katiwalian, wala silang tunay na pagkaunawa sa kabanalan ng Diyos, sa labis na kasamaan ng kanilang sariling mga puso, ang kanilang lubos na kawalang kakayahan, sa kanilang sarili, na sumunod na kautusan ng Diyos, at ng kanilang pangangailangan ng Tagapagligtas. Ang lahat ng ito ay dapat ituro sa kanila.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 371.

- b. **Saan sila dinala ng Dios upang kanilang maunawaan ang kabanalan at kasagradohan ng Kaniyang kautusan? Exodo 19:1, 5, 6.**

2. ANG KASAMAAN NG KASALANAN

- a. **Paano ang mga Israelita nagpahayag ng saloobin sa mga pangakong pagpapala maging pagkatapos na kanilang maunawaan ang kautusan nang sinalita ng Dios? Exodo 19:8; 24:3.**

“Hindi naunawaan ng mga tao ang kasamaan ng kanilang sariling mga puso, na kung wala si Cristo ay imposible para sa kanila na sundin ang kautusan ng Dios; at sila ay kaagad na nakipagtipan sa Dios. Sa pagaakalang kaya nilang magtatag ng kanilang sariling katuwiran, kanilang sinabi, ‘Gagawin namin ang lahat ng sinabi ng Panginoon, at magiging masunurin.’ Exodo 24:7. Sinaksihan nila ang pagpapahayag ng kautusan sa kakila-kilabot na kamahalan, at nanginig na may takot sa harap ng bundok; at ilang linggo pa lamang ang dumaan bago nila sinira ang kanilang tipan sa Diyos, at yumukod upang sumamba sa isang larawang inanyuan. Hindi nila maaaring asahan ang pabor ng Diyos sa pamamagitan ng isang tipan na kanilang sinira; at ngayon, habang nakikita ang kanilang kasalanan at ang kanilang pangangailangan ng pagpapatawad, ipinadama sa kanila ang kanilang pangangailangan sa Tagapagligtas na ipinahayag sa tipan kay Abraham at inaninuhan sa mga handog na sakripisyo. Ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya at pag-ibig ay binigkis sila sa Diyos bilang kanilang tagapagligtas mula sa pagkaalipin ng kasalanan. Ngayon sila ay handa upang pahalagahan ang mga pagpapala ng bagong tipan.” —Patriarchs and Prophets, pp. 371, 372.

- b. **Ano ang mga kondisyon ng tipang ito? Deuteronomieo 27:26; Ezekiel 20:11; Levitico 18:5.**

- c. **Katulad ng ating natural na kalagayan, ano ang hindi nila maunawaan? Jeremias 17:9; Isaias 1:5, 6; 64:6.**

“ ‘Hindi ninyo kayang paglingkuran ang Panginoon,’ sabi ni Josue: ‘dahil Siya ay isang banal na Dios. . . . Hindi Niya patatawarin ang inyong mga pagsalangsang ni ang inyong mga kasalanan.’ Bago magkaroon ng anumang permanenteng pagrereporma ang mga tao ay dapat maakay na madama ang kanilang lubos na kawalan ng kakayahan sa kanilang sarili na sumunod sa Diyos. Nasira nila ang Kanyang utos, hinatulan sila nito bilang mga mananalangsang, at hindi ito nagbigay ng pagkakataong makatakas. Habang nagtitiwala sila sa kanilang sariling lakas at katuwiran, imposible para sa kanila na matamo ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan; hindi nila maaaring matugunan ang mga hinihingi ng sakdal na kautusan ng Diyos, at ito ay walang kabuluhan na sila ay nangako sa kanilang sarili na maglingkod sa Diyos. Ito ay sa pamamagitan lamang ng pananampalataya kay Cristo na maaari nilang makamtan ang kapatawaran ng kasalanan at makatanggap ng lakas upang sundin ang kautusan ng Diyos. Dapat silang tumigil sa pagsandig sa kanilang sariling mga pagsisikap para sa kaligtasan, dapat silang magtiwala nang lubos sa mga kagalingan ng ipinangakong Tagapagligtas, kung tatanggapin sila ng Diyos.” —Ibid., p. 524.

3. PAGPAPATIBAY SA TIPAN

a. After Moses read the law with all its conditions of curses and blessings, how did Israel persistently react

Matapos na basahin ni Moises ang kautusan taglay ang lahat ng mga kondisyon nito ng mga sumpa at ng mga pagpapala, paano ang Israel patuloy na nagpahayag ng saloobin? Exodo 24:7.

“Ang mga isipan ng mga tao, na binulag at pinababa ng pagkaalipin, ay hindi handa upang pahalagahan nang ganap ang malawak na mga prinsipyo ng sampung utos ng Dios. Upang ang mga obligasyon ng sampung utos ay maaaring mas lubos na maunawaan at maipatupad, ang mga karagdagang alituntunin ay ibinigay, na naglalarawan at gumagamit ng mga tuntunin ng sampung utos. Hindi tulad ng sampung utos, ang mga ito ay inihatid nang pribado kay Moises, na siyang magpapaalam ng mga ito sa mga tao.”—*Fundamentals of Christian Education*, p. 506.

“Hindi ni Moses isinulat ang sampung utos, kundi ang kahatulan na nais ng Dios na ipasunod sa kanila, at ang mga pangako sa kondisyon na susundin nila Siya. Binasa niya ito sa mga tao, at sila ay nanata na kanilang susundin ang lahat ng mga salita na sinabi ng Panginoon. Pagkatapos ay isinulat ni Moises ang kanilang taimtim na pangako sa isang aklat, at naghandog ng hain sa Diyos para sa mga tao. ‘At kinuha niya ang aklat ng tipan, at binasa sa madla ng mga tao; at kanilang sinabi, Ang lahat ng sinabi ng Panginoon ay gagawin namin, at kami’y magiging masunurin. At kinuha ni Moises ang dugo, at iwinisik sa bayan, at sinabi, Narito, ang dugo ng tipan, na ginawa ng Panginoon sa inyo tungkol sa lahat ng mga salitang ito.’ Inulit ng mga tao ang kanilang solemng pangako sa Panginoon na gagawin ang lahat ng sinabi Niya, at magiging masunurin.”—*The Spirit of Prophecy*, vol. 1, p. 240.

b. Ano ang kaagad na ginawa upang ipakita ang kaseryosohan ng gayung kasunduan? Exodo 24:6, 8.

“Sa gayun ay pinagtibay ng mga tao ang kanilang solemng panata sa Panginoon na gawin ang lahat ng Kaniyang sinabi, ay magiging masunurin.”—*The Signs of the Times*, May 6, 1880.

“Dito ay tinanggap ng mga tao ang mga kondisyon ng tipan. Gumawa sila ng isang solemng tipan sa Diyos, na sumisimbolo sa tipan na ginawa sa pagitan ng Diyos at ng bawat mananampalataya kay Jesucristo. Ang mga kondisyon ay malinaw na inilagay sa harap ng mga tao. Hindi sila hinayaan na magkaroon ng maling pagkaunawa sa mga ito. Nang sila ay hiniling na magpasiya kung sumang-ayon sila sa lahat ng mga kondisyon na ibinigay, sila ay lubos na pumayag na sundin ang bawat obligasyon. Pumayag na sila na sundin ang mga utos ng Diyos. Ang mga prinsipyo ng kautusan ay inisa-isa na ngayon, upang malaman nila kung gaano kalaki ang kasangkot sa tipan upang sundin ang kautusan; at tinanggap nila ang partikular na tinukoy na mga detalye ng kautusan.”—*Manuscript Releases*, vol. 1, p. 114.

4. ISANG NAWALA NA SALING-LAHI

- a. **Anong nangyari sa malaking karamihan ng bansang Israel dahil sila'y nabigo na maunawaan ang kanilang kawalan ng kakayahan na iligtas ang kanilang mga sarili at ingatan nang sakdal ang kautusan ng walang makalangit na tulong? Mga Bilang 26:63–65.**

“Lahat ng maaaring gawin ng ating mga sarili ay nadungisan ng kasalanan.”—*Christ's Object Lessons*, p. 311.

“Narinig ni Nicodemus ang pangangaral ni Juan Bautista tungkol sa pagsisisi at pagbibinyag, at itinuro ang mga tao sa Isa na dapat magbinyag sapamamagitan ng Banal na Espiritu. Siya mismo ay nakaramdam na may kakulangan ng espirituwalidad sa mga Judio, na, sa malaking antas, kinokontrol sila ng pagkapanatiko at makamundong ambisyon. Siya ay umaasa para sa mas mahusay na estado ng mga bagay sa pagdating ng Mesiyas. Ngunit ang mapagsiyasat ng puso na mensahe ni Bautista ay nabigong gumawa sa kanya ng pagkakilala ng kasalanan. Siya ay isang mahigpit na Pariseo, at nagmamalaki sa kanyang sarili ng kanyang mabubuting gawa. Siya ay malawak na itinaas dahil sa kanyang kabaitan at sa kanyang pagiging mapagbigay sa pagtutustos sa serbisyo sa templo, at nadama niya ang seguridad ng pabor ng Diyos. Siya ay nagulat sa pag-iisip tungkol isang kaharian na napakadalisay para sa kanya upang makita sa kanyang kasalukuyang estado.”—*The Desire of Ages*, p. 171.

- b. **Ang problema ba ay nasa Dios o nasa mga tao sa “lumang” tipan? Hebreo 8:8.**

“‘Isang likas na Cristiano!’ Ang mapanlinlang na ideya na ito ay nagsilbi sa marami bilang isang kasuotan ng sariling katuwiran, at naghatid ng marami sa isang inakalang pag-asa kay Cristo, na walang subok na kaalaman sa Kanya, sa Kanyang karanasan, sa Kanyang mga pagsubok, sa Kanyang buhay ng pagtanggap sa sarili at sakripisyo sa sarili. Ang kanilang katuwiran na kanilang ibinibilang nang labis ay tulad lamang ng maruming basahan. Sinasabi ni Cristo, na kaibig-ibig na Guro: ‘Kung ang sinomang tao’y ibig sumunod sa akin ay tumanggi sa kaniyang sarili, at pasanin ang kaniyang krus, at sumunod sa akin.’ Oo, sundan Siya sa masama pati na rin sa mabuting ulat. Sundan Siya sa pakikipagkaibigan sa pinaka-nangangailangan at walang kaibigan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 2, pp. 177, 178.

“Ano ang bumubuo ng kaabahan, ng kahubaran ng mga taong pakiramdam na sila ay mayaman at sagana sa mga kalakal?—Ito ay ang kawalan ng katuwiran ni Cristo. Sa kanilang sariling katuwiran ay kinakatawan sila na nakadamit ng maruming basahan, at gayon pa man sa kondisyong ito ay dinadaya nila ang kanilang sarili na sila ay nabibihisan ng katuwiran ni Kristo. Maaari bang maging mas higit pa ang panlilinlang? Kagaya ng inilalarawan ng propeta, sila ay maaaring sumisigaw, ‘Ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon ay kami’ (tingnan ang Jeremias 7:4), bagaman ang kanilang mga puso ay puno ng hindi banal na mga pangangalakal at hindi matuwid na pagbebenta.”—*This Day With God*, p. 228.

5. KAILANGAN ANG BAGONG TIPAN

- a. **Dahil ang lumang tipan ay napaka-walang pagasa, ano ang tanging pangako na makapagbibigay ng pagasa sa mga nabubuhay sa panahon ng Lumang Tipan? Jeremias 31:31–33.**

“Sa pamamagitan ng panananpalataya kay Cristo ay naging posible ang pagsunod sa bawat prinsipyo ng kautusan.

“Ang diwa ng pagkaalipin ay nagiging bunga ng pagsisikap mamuhay alinsunod sa legal na relihiyon, sa pamamagitan ng pagsisikap sa ating sariling lakas na matupad ang mga hinihingi ng kautusan. May pag-asa lamang para sa atin habang nagpapasailalim tayo sa tipan kay Abraham, na siyang tipan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus. Ang ebanghelyo na ipinangaral kay Abraham, kung saan siya ay nagkaroon ng pagasa, ay ang parehong ebanghelyo na ipinapangaral sa atin ngayon, kung saan mayroon tayong pag-asa. Si Abraham ay tumingin kay Jesus, na Siya ring May-akda at ang Tagapagtapos ng ating pananampalataya.”—The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments], vol. 6, p. 1077.

- b. **Bumanggit ng ilang mga bayani sa Kasulatan na tumanggap ng mga pangakong ito ng makalangit na tulong. Hebreo 11:4–32.**

“Sa iba’t ibang kapanahunan ang mga bayani ng pananampalataya ay minarkahan ng kanilang katapatan sa Diyos, at sila ay dinala nang kahanga-hanga sa harap ng mundo upang ang kanilang liwanag ay maaaring lumiwanag sa mga nasa kadiliman. Si Daniel at ang kanyang tatlong kasama ay malinaw na mga halimbawa ng Kristiyanong kabayanihan. . . . Mula sa kanilang karanasan sa korte ng Babilonia maaari nating malaman kung ano ang gagawin ng Diyos para sa mga naglilingkod sa Kanya ng buong layunin ng puso.”—My Life Today, p. 68.

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Paano natin sinusunod ang parehong karanasan ng mga Hebreo na hindi maunawaan ang tunay na kahulugan ng banal na kautusang moral?
2. Bakit sila ay kaagad nangako ng hindi nila kayang tuparin?
3. Gaano tayo kadalang maakay na mangako ng gayun ding mga pangako sa Dios ngayon?
4. Ano ang palaging paulit-ulit na nangyayari sa natirang bahagi ng kasaysayan ng Israel?
5. Anong mga halimbawa mayroon tayo, na naghahayag na ang pagtalikod ng buong bansa ay hindi paumanhin para sa ating natitina ng pananampalataya?

Magsiparito, Tayo'y Magkatuwiranan

TALATANG SAULUHIN: “Magsiparito kayo ngayon, at tayo'y magkatuwiranan, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng bagong paligong tupa” (Isaias 1:18).

“Ang kautusan ng Diyos ang batayan ng [bagong] tipan na ito, na isang pag-aayos lamang para sa pagdadala ng mga tao muli sa pagkakaisa sa banal na kalooban, na inilalagay sila kung saan maaari nilang sundin ang kautusan ng Diyos.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 371. [Emphasis supplied.]

Iminungkahing Babasahin: *Thoughts From the Mount of Blessing*, pp. 45–77.

Linggo

Marso 19

1. DALAWANG TIPAN

- a. **Upang ariing-ganap ng Dios, anong klase ng kasunduan ang kailangan sa ating bahagi? Awit 50:5.**

- b. **Upang makagawa ng gayung kasunduan, anong saloobin ang dapat nating taglayin? Isaias 1:18.**

- c. **Anong uri ng mga pamimiliang tipan ang ibinigay sa atin? Hebreo 8:6–13.**

“Ang mga kondisyon ng ‘lumang tipan’ ay, Sumunod at mabuhay: ‘Kung gagawin ng tao, siya nga ay mabubuhay sa mga ito’ (Ezekiel 20:11; Levitico 18:5); ngunit ‘sumpain siya na hindi pinagtitibay ang lahat ng mga salita ng kautusang ito upang gawin ang mga ito’ Deuteronomio 27:26. Ang ‘bagong tipan’ ay itinatag sa ‘mas mainam na mga pangako’—ang pangakong kapatawaran ng mga kasalanan at ng biyaya ng Dios upang muling baguhin ang puso at gawin itong kasang-ayon ng mga alituntunin ng kautusan ng Dios. ‘Ito ang tipan na aking ipakikipagtipan sa sangbahayan ni Israel pagkatapos ng mga araw na yaon, sabi ng Panginoon, Aking itatala ang aking kautusan sa kanilang kalooban, at aking isusulat sa kanilang puso. . . . Aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi ko na aalalahanin.’ Jeremias 31:33, 34.”— *Patriarchs and Prophets*, p. 372. [Pagdidiin ng may-akda.]

2. BAKIT KAILANGAN ANG TIPAN?

- a. **Ano ang naghihiwalay sa atin mula sa pakikipagkaisa sa ating Manlilikha? Isaias 59:2. Ano ang nararapat sa atin? Genesis 2:17; Roma 6:23.**

“Ang unang Adan ay sumuko sa tukso ni Satanas, at ginawa ang mismong bagay na sinabi ng Diyos na hindi niya dapat gawin, si Cristo, ang Anak ng Diyos, ay tumayo sa pagitan ng mga buhay at mga patay, na nagsasabi: ‘Hayaang mahulog sa akin ang kaparusahan. Tatayo ako sa lugar ng tao. Bigyan siya ng isa pang pagsubok.’ Inilagay ng pagsalangsang ang buong mundo sa ilalim ng hatol na kamatayan. Ngunit sa langit ay narinig doon ang tinig na nagsasabi, ‘Nakasumpong Ako ng pangtubos.’ Siya na hindi nakakaalam ng kasalanan ay ginawang kasalanan para sa nahulog na tao. ‘Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay Niya ang Kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa Kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.’ Hinubad ni Cristo ang Kanyang maharlikang damit at makaharing korona, at isinuko ang Kanyang pamumuno sa buong langit. Dinamtan Niya ng pagiging-tao ang Kanyang pagka-diyos, upang makayanan Niya ang lahat ng mga kahinaan at malampasan ang lahat ng mga tukso ng sangkatauhan. Siya ay isang tao ng mga kalungkutan, at bihasa sa kalumbayan. Siya ay nasugatan para sa ating mga pagsalangsang, at nabugbog para sa ating mga kasamaan. Ang parusa ng ating kapayapaan ay nasa Kanya, at sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo. Dahil sa atin ay naging mahirap Siya, upang sa pamamagitan ng Kanyang kahirapan ay maaari tayong maging mayaman. Para sa atin ay iniwan Niya ang pagsamba ng mga anghel kapalit ng mga insulto at matinding pagkamuhi ng mga tao na humagupit sa kabaliwan dahil sa mga pari at mga pinuno.”—The Signs of the Times, June 27, 1900.

- b. **Anong probisyon ang ginawa ng Dios mula pa sa pinakasimula upang ilihis ang hatol na kamatayang ito? Job 33:24; ilarawan din ang 1 Juan 4:19; Apocalipsis 13:8.**

“Ang plano para sa ating katubusan ay hindi huli nang naisip, isang panukala na binuo pagkatapos na mahulog si Adan. Ito ay kapahayagan ng ‘hiwaga na pinanatiling nasa katahimikan sa walang hanggang kapanahunan.’ Roma 16:25, R.V. Ito ay isang paglalahad ng mga alituntunin na mula sa mga walang hanggang panahon ay ang pundasyon ng trono ng Diyos. Mula sa simula, alam ng Diyos at ni Cristo ang pagtalikod ni Satanas, at ng pagbagsak ng tao dahil sa mapanlinlang na kapangyarihan ng tumalikod. Hindi itinalaga ng Diyos na ang kasalanan ay dapat na umiral, ngunit nakita na Niya ang paglitaw nito, at gumawa ng probisyon upang matugunan ang kahila-hilakbot na emerhensiya. Napakalaki ng Kaniyang pagibig para sa sanglibutan, kaya ipinanata Niyang ibigay ang Kaniyang bugtong na Anak, ‘upang ang sinomang sa Kaniya’y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.’ Juan 3:16.”—The Desire of Ages, p. 22.

3. ANG BINHI NG BABAE

- a. **Nang dayain ng matandang Ahas na iyon, na Diablo, ang ating unang mga magulang sa Eden, anong pangako ang ginawa ng Dios na nagbibigay ng pagasa sa sangkatauhan? Genesis 3:15.**

“Ang ating mga likas na hilig, maliban na maitama ng Banal na Espiritu ng Diyos, ay mayroon sa kanilang mga binhi ng kamatayang moral. Malibang tayo ay lubos na nauugnay sa Diyos, hindi natin maaaring labanan ang mga hindi napabanal na mga epekto ng pag-ibig sa sarili, pagpapasasa sa sarili, at pagkatukso sa kasalanan.”—*Testimonies for the Church*, vol. 8, pp. 315, 316.

- b. **Sino ang binhing ito ng babae? Genesis 22:18; Galacia 3:8, 16; Hebreo 2:14.**

“Mula nang ang unang sermon ng ebanghelyo ay ipinangaral, nang sa Eden ito ay ipinahayag na ang binhi ng babae ay dapat dumurog sa ulo ng ahas, si Cristo ay itinaas bilang ang daan, ang katotohanan, at ang buhay. Siya ang daan nang si Adan ay namuhay, nang inihandog ni Abel sa Diyos ng dugo ng patay na tupa, na kumakatawan sa dugo ng Manunubos. Si Kristo ang daan kung saan ang mga patriyarka at mga propeta ay naligtas. Siya ang daan na sapamamagitan lamang Niya na maaari tayong magkaroon ng paglapit sa Diyos.”—*The Desire of Ages*, p. 663.

- c. **Dahil si Abraham ay walang ibang pinagtiwalaan liban kay Cristo para sa kapatawaran ng kasalanan (Galacia 3:6-8), ano ang resulta ng gayung klase ng pananampalataya? Genesis 26:5.**

“Tiniyak ng kamatayan ni Cristo sa krus ang pagkawasak niya na may kapangyarihan ng kamatayan, na siyang pinagmulan ng kasalanan. Kapag si Satanas ay napuksa na, wala nang tutukso upang magkasala; ang pagbabayad-sala ay hindi na kailangang paulit-ulit; at wala nang panganib na magkaroon ng isa pang paghihimagsik sa sansinukob ng Diyos. Ang nag-iisa lamang na maaaring mahusay na makasupil ng kasalanan sa mundong ito ng kadiliman, ang pipigil ng kasalanan sa langit. Ang kahalagahan ng pagkamatay ni Cristo ay makikita ng mga banal at ng mga anghel. Ang mga nahulog na tao ay hindi maaaring magkaroon ng tahanan sa Paraiso ng Diyos nang walang tupa na pinatay mula sa pundasyon ng mundo. Hindi ba natin itataas ang krus ni Cristo? Ang mga anghel ay nagbibigay ng karangalan at kaluwalhatian kay Cristo, sapagkat sila man ay hindi ligtas maliban sa pagtingin sa mga pagdurusa ng Anak ng Diyos. Ito ay sa pamamagitan ng kapangyarihan ng krus na ang mga anghel ng langit ay nababantayan mula sa apostasiya. Kung wala ang krus ay hindi na sila ligtas laban sa kasamaan kaysa sa mga anghel bago ang pagkahulog ni Satanas. Nabigo ang kasakdalan ng anghel sa langit. Nabigo ang pagiging perpekto ng tao sa Eden, ang paraiso ng kaligayahan. Ang lahat ng nagnanais para sa seguridad sa lupa o langit ay dapat tumingin sa Kordero ng Diyos.”—*The SDA Bible Commentary [E. G. White Comments]*, vol. 5, p. 1132.

4. PAGPAPATIBAY NG TIPAN

- a. **Bagaman ang tipan na ito ay ginawa kay Adan at muling inulit kay Abraham, kailan ito maaring pagtibayin—at mula rito ay tinawag na ang bago o ikalawang tipan? Hebreo 9:16.**

“Bagaman ginawa ang tipang ito kay Adan at inulit kay Abraham, hindi ito mapapagtibay hanggang sa kamatayan ni Cristo. Ito ay umiral sa pamamagitan ng pangako ng Diyos mula nang ang unang pagpapahiwatig ng pagtubos ay ibinigay; ito ay tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya; ngunit nang pinagtibay ni Cristo, ito ay tinawag na isang bagong tipan.”—*Patriarchs and Prophets*, pp. 370, 371. [Emphasis by author.]

- b. **Kung ito ay hindi pinagtibay hanggang sa kamatayan ni Jesus, paano ito napapakinabangan ng mga anak ng makalangit na Hari bago ang krus? Hebreo 6:13–18.**

“Ang tipan kay Abraham ay pinagtibay ng dugo ni Cristo, at ito ay tinatawag na ang ‘ikalawa,’ o ‘bagong,’ tipan, dahil ang dugo na ginamit sa pagmarka dito ay dumanak pagkatapos ng dugo ng unang tipan. Ang sabihing ang bagong tipan ay umiiral sa kapanahunan ni Abraham ay malinaw mula sa katotohanan na ito ay pinagtibay kapwa ng pangako at ng panata ng Dios—ang ‘dalawang hindi nagbabagong mga bagay, na kung saan ay imposible para sa Dios na magsinungaling.’ Hebreo 6:18.”—*Patriarchs and Prophets*, p. 371.

“Ang Kanyang salita ay ipinanata. Ang mga bundok ay lilisan, at ang mga burol ay maaalis, nguni’t ang Kaniyang kagandahang-loob ay hindi aalis sa Kaniyang bayan, ni ang tipan ng Kaniyang kapayapaan ay aalisin.

Ang Kaniyang tinig ay narinig, ‘Inibig kita ng walang hanggang pagibig’ (Jeremias 31:3). ‘Maaawa ako sayo na may kabaitang walang hanggan’ (Isaias 54:8). Gaano kamanghamangha ang pag-ibig na ito, na ang Diyos ay nagpapakumbaba upang alisin ang lahat ng dahilan para sa pagdududa at pagtatanong mula sa takot at kahinaan ng tao at hinahawakan ang nanginginig na kamay upang iabot sa Kaniya sa pananampalataya; at tinutulungan Niya tayong magtiwala sa Kanya sa pamamagitan ng mga pinaraming katiyakan at kasiguruhan. Ginawan Niya tayo ng isang umiiral na kasunduan sa kondisyon ng ating pagsunod, at Siya ay naparito upang abutin tayo sa ating sariling pag-unawa sa mga bagay. Iniisip natin na ang isang panata o pangako mula sa ating mga kapwa-tao, kung naitala, ay kailangan pa rin ng garantiya. Tinugunan ni Jesus ang lahat ng bukod-tanging mga takot na ito, at pinagtibay Niya ang Kaniyang pangako na may panata: ‘Sa ganito, sa pagkaibig ng Dios na maipakitang lalong sagana sa mga tagapagmana ng pangako ang kawalan ng pagbabago ng kaniyang pasiya, ay ipinamagitan ang sumpa. . . .’ Ano pa ang maaaring gawin ng ating Panginoon upang palakas in ang ating pananampalataya sa Kaniyang mga pangako?”—*That I May Know Him*, p. 262.

5. MGA TAPYAS NG PUSO

- a. a. Dahil sa sakripisyo ni Cristo doon sa krus, anong pagkakataon ang natatanggap natin? Hebreo 9:15.
- b. b. Anong panawagan ang ginagawa ng Dios sa bawat isa sa atin nang personal habang sinusuri natin ang ating responsibilidad sa harap ng Dios? 2 Corinto 6:2.

“Ang parehong kautusan na inukit sa mga tapyas ng bato ay isinulat ng Banal na Espiritu sa mga tapyas ng puso. Sa halip na magtatag ng ating sariling katuwiran ay tinatanggap natin ang katuwiran ni Cristo. Ang kanyang dugo ay tumutubos para sa ating mga kasalanan. Ang kanyang pagkamasunurin ay tinatanggap para sa amin. At ang pusong binago ng Banal na Espiritu ay magbubunga ‘ng mga bunga ng Espiritu.’ Sa pamamagitan ng biyaya ni Cristo ay mabubuhay tayo sa pagsunod sa kautusan ng Diyos na isinulat sa ating mga puso. Taglay ang Espiritu ni Cristo, tayo ay lalakad kung paano Siya lumakad. Sa pamamagitan ng propeta ay nagpahayag Siya tungkol sa Kaniyang Sarili, ‘Kinalulugdan kong gawin ang kalooban Mo, O Dios Ko: oo, ang kautusan Mo ay nasa Aking puso.’ Awit 40:8. At nang kasama ng mga tao ay Kaniyang sinabi, ‘Hindi Ako iniwan na mag-isa ng Ama; sapagkat palagi Kong ginagawa ang mga bagay na nakalulugod sa Kaniya.’ Juan 8:29.

“Malinaw na ipinapakita ni apostol Pablo ang ugnayan sa pagitan ng pananampalataya at ng kautusan sa ilalim ng bagong tipan. Sinasabi niya: ‘Yamang inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Dios sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo.’ ‘Niwawalan kaya nating kabuluhan ang kautusan sa pamamagitan ng pananampalataya? Huwag nawang mangyari: kundi pinagtitibay pa nga natin ang kautusan.’ ‘Sapagka’t ang hindi magawa ng kautusan, na mahina sa pamamagitan ng laman’—hindi nito maaaring ariing-ganap ang tao, dahil sa kaniyang makasalanang likas ay hindi niya kayang sundin ang kautusan—‘Sa pagsusugo ng Dios sa kaniyang sariling Anak na naganyong lamang salarin at dahil sa kasalanan, ay hinatulan ng Dios sa laman ang kasalanan; upang ang kahilingan ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi nangagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu.’ Roma 5:1; 3:31; 8:3, 4.”—*Patriarchs and Prophets*, pp. 372, 373. [Emphasis by author.]

PERSONAL NA MGA KATANUNGAN SA PAGBABALIK-ARAL

1. Ano ang iyong mga naging karanasan kaugnay sa pakikipagtipan sa Dios?
2. Bakit ang Dios ay handa nang si Adan ay nagkasala?
3. Anong mga ilustrasyon ang ginamit ng Dios upang patuloy na ipaalala ang darating na Mesias?
4. Paano natin nalalaman na si Abraham ay nasa ilalim ng bagong tipan?
5. Anong uri ng tipan o pakikipagkasunod ang handa mong gawin sa iyong Manlilikha?

Pangangatuwiran para sa Repormasyon

“Si Jesus ay tinukso sa lahat ng mga punto tulad natin, upang malaman Niya kung paano aliwin ang mga natutukso. Ang Kanyang buhay ay ang ating halimbawa. Ipinakikita Niya sa pamamagitan ng Kanyang kusang-loob na pagsunod na maaaring sundin ng tao ang kautusan ng Diyos at ang pagsalangsang ng kautusan, hindi ang pagsunod, ang nagdadala sa kanya sa pagkaalipin. Ang Tagapagligtas ay puno ng habag at pagmamahal; hindi Niya kailanman tinanggihan na may pagkamuhi ang tunay na nagsisisi, gaano man kalaki ang kanilang pagkakasala; ngunit mahigpit Niyang tinuligsa ang bawat uri ng pagpapaimbabaw. Siya ay pamilyar sa mga kasalanan ng mga tao, alam Niya ang lahat ng kanilang mga kilos at nababasa ang kanilang mga lihim na motibo; ngunit hindi Siya lumalayo sa kanila sa kanilang kasamaan. Siya ay nagsusumamo at nangangatuwiran sa mga makasalanan, at sa isang banda—na sa pagtataglay Niya mismo ng kahinaan ng sangkatauhan—nakikipantay Siya sa kanilang kalagayan. ‘Magsiparito kayo ngayon, at tayo’y magkatuwiran, sabi ng Panginoon: bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe; bagaman maging mapulang gaya ng matingkad na pula, ay magiging parang balahibo ng tupa.’

“Ang tao, na sumira ng imahe ng Diyos sa kanyang kaluluwa sa pamamagitan ng tiwaling buhay, ay hindi maaaring, sa pamamagitan lamang ng pagsisikap ng tao, na makagagawa ng isang kapansin-pansing pagbabago sa kanyang sarili. Dapat niyang tanggapin ang mga probisyon ng ebanghelyo; dapat siyang maipagkasundo sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang kautusan at pananampalataya kay Jesucristo. Ang kanyang buhay mula rito ay dapat na pamamahalaan ng isang bagong prinsipyo. Sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, at mabubuting gawa ay maaari niyang pasakdalin ang isang matuwid na ugali, at angkinin, sa pamamagitan ng mga merito ni Cristo, ang mga pribilehiyo ng mga anak ng Diyos. Ang mga prinsipyo ng banal na katotohanan, na tinanggap at iningatan sa puso, ay magdadala sa atin sa taas ng moral na kahusayan na hindi natin itinuturing na posible para maabot natin. . . .

“Narito ang isang gawain na dapat gawin ng tao. Dapat siyang humarap sa salamin, ang kautusan ng Diyos, na nakikita ang mga depekto sa kanyang moral na ugali, at inaalis ang kanyang mga kasalanan, na hinuhugasan ang kanyang balabal na ugali sa dugo ng Kordero. Ang inggit, pagmamataas, masamang hangarin, panlililang, alitan, at krimen ay malilinis mula sa puso na tatanggap ng pag-ibig ni Cristo at nagmamahal sa pag-asa na maging kagaya Niya. . . .

“Ngunit ang impluwensya ng pag-asa ng ebanghelyo ay hindi maghahatid sa makasalanan na tumingin sa pagliligtas ni Cristo bilang isang bagay ng librenghang biyaya, habang patuloy siyang nabubuhay sa pagsalansang ng kautusan ng Diyos. Kapag ang liwanag ng katotohanan ay suminag sa kanyang isip at lubos niyang naiintindihan ang mga ipinag-uutos ng Diyos at napapagtanto ang lawak ng kanyang mga pagsalangsang, siya ay magbabago ng kanyang mga paraan, magiging tapat sa Diyos sa pamamagitan ng lakas na nakuha mula sa kanyang Tagapagligtas, at mangunguna ng isang bago at mas dalisay na buhay.”—*Testimonies for the Church*, vol. 4, pp. 294, 295.

Handog sa Unang Sabbath



ENERO 7

para sa Educational and Health Center sa Adygea, North Caucasus, Russia
(p. 4)

PEBRERO 4

para sa World Disaster Relief
(p. 25)



MARSO 4

para sa Chapel sa Pathankot, North India Union
(p. 46)